PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

DEPARTMENT OF EDUCATION

2017

# LEARNING MODULE

Araling Panlipunan G10 | Q2

# Mga Isyu at Hamon Dulot ng Globalisasyon



PEAC
PRIVATE EDUCATION ASSISTANCE COMMITTEE
Trustee of the Fund for Assistance to Private Education

**PEAC National Secretariat**
Units 2505-2507, 25th Floor Philippine AXA Life Centre
1286 Sen. Gil Puyat Avenue corner Tindalo St., Makati City
Tel No.: (02) 8-570-7322
Fax No.: (02) 8-511-7695

# NOTICE TO THE SCHOOLS

This learning module (LM) was developed by the Private Education Assistance Committee under the GASTPE Program of the Department of Education. The learning modules were written by the PEAC Junior High School (JHS) Trainers and were used as exemplars either as a sample for presentation or for workshop purposes in the JHS In-Service Training (INSET) program for teachers in private schools.

The LM is designed for online learning and can also be used for blended learning and remote learning modalities. The year indicated on the cover of this LM refers to the year when the LM was used as an exemplar in the JHS INSET and the year it was written or revised. For instance, 2017 means the LM was written in SY 2016-2017 and was used in the 2017 Summer JHS INSET. The quarter indicated on the cover refers to the quarter of the current curriculum guide at the time the LM was written. The most recently revised LMs were in 2018 and 2019.

The LM is also designed such that it encourages independent and self-regulated learning among the students and develops their 21st century skills. It is written in such a way that the teacher is communicating directly to the learner. Participants in the JHS INSET are trained how to unpack the standards and competencies from the K-12 curriculum guides to identify desired results and design standards-based assessment and instruction. Hence, the teachers are trained how to write their own standards-based learning plan.

The parts or stages of this LM include Explore, Firm Up, Deepen and Transfer. It is possible that some links or online resources in some parts of this LM may no longer be available, thus, teachers are urged to provide alternative learning resources or reading materials they deem fit for their students which are aligned with the standards and competencies. Teachers are encouraged to write their own standards-based learning plan or learning module with respect to attainment of their school's vision and mission.

The learning modules developed by PEAC are aligned with the K to 12 Basic Education Curriculum of the Department of Education. Public school teachers may also download and use the learning modules.

Schools, teachers and students may reproduce the LM so long as such reproduction is limited to (i) non-commercial, non-profit educational purposes; and to (ii) personal use or a limited audience under the doctrine of fair use (Section 185, IP Code). They may also share copies of the LM and customize the learning activities as they see fit so long as these are done for non-commercial, non-profit educational purposes and limited to personal use or to a limited audience and fall within the limits of fair use. This document is password-protected to prevent unauthorized processing such as copying and pasting.

ARALING PANLIPUNAN 10

# Modyul 2: Mga Isyu At Hamon Sa Ekonomiya

## Aralin 1: Globalisasyon

### ☑ Panimula at mga Pokus na Tanong

Napapansin mo ba ang mabilis na pag-unlad ng mga teknolohiyang ginagamit ng tao? Napapansin mo din ba ang mabilis na paglaganap ng impormasyon sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, "internet" at iba pang behikulo ng mass media? Napapansin mo din ba na hindi lamang impormasyon kundi isang buong kamalayang pangkultura, ang kultura ng mga bansang industriyalisado ang mabillis na kumakalat ngayon sa lahat ng bansa sa mundo? Napapansin mo din ba ang mabilis na pag-unlad ng mga bansang industriyalisado? Alam na ng lahat na ang mabilis na pagbabago sa pamumuhay ng tao ngayon ay bunga ng globalisasyon. Ano nga kaya ang globalisasyon? ***Paano kaya makakasabay ang ating bansa sa mga pagbabagong dulot ng globalisasyon? Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa panahon ng globalisasyon? Bilang isang mamamayang Pilipino, paano ka kaya makakatulong sa pagkamit ng kaunlaran ng ating bansa sa panahon ng globalisasyon?***

Sa modyul na ito ay iyong matutunghayan at malalaman ang mga kasagutan sa mga tanong na ito. Upang higit mong maunawaan ang paksa sa modyul na ito, ikaw ay inaasahang masagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang globalisasyon?
2. Ano ang konsepto ng globalisasyon bilang isa sa mga isyung panlipunan?
3. Paano umusbong ang globalisasyon?
4. Paano nakakaapekto ang globalisasyon sa pamumuhay ng mga tao sa pamumugay?
5. Ano-ano ang mga suliraning dulot ng globalisasyon?
6. Ano-ano ang mga mabubuting dulot ng globalisasyon?
7. Paano matutugunan ang mga suliraning dulot ng globalisasyon?

## MGA ARALIN AT SAKOP NG MODYUL:

:
Sa modyul na ito ay iyong matututuhan ang mga sumusunod:

| Aralin Blg. | Paksa | Iyong Matutuhan ang.. | Blg. ng Sesyon |
|---|---|---|---|
| 1 | Konsepto ng Globalisasyon | • Nasusuri ang konsepto ng gobalisasyon bilang isa sa mga isyung panlipunan.<br>• Naiuugnay ang ibat-ibang (perspektiba) pananaw sa pag-unawa ng globalisasyon bilang suliraning panlipunan. | |
| 2 | Mga Implikasyon ng Globalisasyon | • Natataya ang implikasyon ng globalisasyon sa kasalukuyang pamumuhay. | |
| 3 | Mga Tugon sa mga Epekto ng Globalisasyon | • Napapahalagahan ang ibat-ibang tugon sa pagharap sa epekto ng globalisasyon. | |

## Grapikong Pantulong

*Narito ang simpleng mapa ng mga paksang tatalakayin sa modyul na ito:*



## ☑ Inaasahang Kasanayan:

*Pagkatapos na mapag-aralan at gawin ang nilalaman ng modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:*

1. Magsaliksik ng mga terminolohiyang hindi mo alam ang kahulugan.
2. Sagutin ang mga pagsasanay sa araling ito.
3. Makapagsuri ng mga dokumento, pelikula, larawan, at mga datos.
4. Makapagsulat ng mga paraan kung paano makakatulong sa pag-unlad ng pamilihan.
5. Magagamit ang mga konsepto ng ekonomiks sa pag-unawa ng mga ekonomikong penomenon.

## PANIMULANG PAGTATAYA

Alamin natin ngayon kung may kaalaman ka sa araling tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa panimulang pagtataya. I-klik lamang ang titik ng wastong sagot at sagutin lahat ang mga tanong. Pagkatapos ay makikita mo ang nakuha mong iskor. Tandaan mo ang mga aytem at mga tanong na hindi mo nasagot. Malalaman mo ang wastong sagot habang pinag-aaralan mo ang modyul na ito.

Kung handa ka na, i-klik ang SIMULA.

1. Anong uri ng globalisasyon ang mabilis na lumaganap sa buong daigdig?
   a. Pampulitika
   b. Pang-edukasyon
   c. Pang-ekonomiya
   d. Pangkultura

1. Alin sa sumusunod ang pangunahing dahilan ng pangingibang bansa o pag-migrate ng mga Pilipino?
   a. Makapag-aral sa mga tanyag na unibersidad sa ibang bansa
   b. Matuto ng makabagong kasanayan at kakayahan
   c. Makapaghanap buhay na may mataas na sahod
   d. Makapagbisita a makapaglibang sa mga makasaysayang pook

2. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng mga dahilan ng migrasyon?
   a. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng kawalan ng trabaho sa pamayanan.
   b. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng mas magandang oportunidad sa ibang bansa.
   c. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng pagkawasak ng pamilya.
   d. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng digmaang sibil.

3. Mula sa larawan, ano ang positibong ipinapahiwatig nito sa ekonomiya ng bansa?




http://ts1.mm.bing.net/th?id=HN.607988097568476000&pid=15.1&H=117&W=160

a. Maraming produktong banyaga ang nakararating sa iba't ibang sulok ng mundo.
b. Maraming tao ang nakararating sa iba't ibang bansa.
c. Maraming pamilya ang nawawalay sa isa't isa.
d. Maraming klaseng polusyon ang nangyayari sa iba't ibang sulok ng mundo.

4. Suriin ang ang larawan na nasa ibaba. Paano nakaapekto ang globalisasyon sa lokal na kultura ng mga bansa lalo na sa mga bansang papaunlad pa lamang tulad ng Pilipinas?





http://www.filipinopro.com/main/wp-content/uploads/2013/07/brain-drain.jpg

a. Ang pandaigdigang migrasyon ay nakakapagdudulot ng brain drain sa mga bansang papaunlad pa lamang.
b. Ang pandaigdigang kalakalan ay nakakapagsusulong ng kamulatan sa ibat-ibanag kultura.
c. Ibat-ibang uri ng hanapbuhay ang napupunta sa mga bansang papaunlad pa lamang.
d. Ang mga katutubong kultura ay nanganganib na mawala dahil sa pag-iisa ng kultura ng mga bansa sa daigdig na bunga ng globalisasyon.

5. Isang epekto ng globalisasyon sa ekonomiya ay ang restriksiyon sa pandaigdigang kalakalan gaya ng pagsasali sa proteksyonismo na

nagbibigay ng masamang epekto sa mga bansang sumasang- ayon sa ganitong polisiya. Pag-aralan ang datos sa ibaba at sagutin ang tanong.




Aling rehiyon ang nakaranas ng 60% ng GDP noong 1970, umakyat subalit lumagpak sa 40% noong 1985?

a. Developing Asia
b. Middle East and North Africa
c. CEE & CIS
d. Advanced Economies

6. Isang epekto ng globalisasyon sa ating ekonomiya ay ang pagdating ng maraming kapitalista. Ano ang ipinahihiwatig ng caricature sa ibaba?




a. May dalawang uri ng kapitalista
b. Ang ating lipunan ay kapitalista
c. Ang mga kapitalista ang nagmamay-ari ng lupa, makina at pera
d. Milyun-milyong Pilipino ang manggagawa sa ilalim ng iilang kapitalista

7. Marami sa mga pamilya ng OFWs ay nakakaranas ng pangungulila sa kanilang kaanak na humahantong sa pagkawasak nito. Paano kaya sila matutulungan?


a. Makisimpatya sa kanila.
b. Magtayo ng isang samahan ng mga pamilya ng OFW upang gumabay sa kanila.

c. Bigyan sila ng load pantawag sa kanilang kaanak.
d. Bigyan sila ng sulat isa-isa.

**M**

8. Ang globalisasyon ay isang malaking hamon sa kaunlaran ng ating bansa. Tignan ang mga datos sa ibaba. Suriin ang mga datos sa ibaba. Paano kaya makakasabay ang Pilipinas sa mga hamon ng globalisasyon? Alin sa mga sumusunod na pamamaraan ang higit na makakatulong sa Pilipinas upang makasabay sa mga hamon ng globalisasyon?

DATOS 1:




Source: WEF Global Competitiveness Reports; Total number of countries evaluated: 2009-10 (133); 2010-11 (139)

http://image.slidesharecdn.com/pnfsplandgrabbing-140605033040-phpapp01/95/public-participatory-process-in-response-to-landgrabbing-cases-the-philippine-context-4-638.jpg?cb=1401957156

DATOS 2:

Major Agricultural Crops in the Philippines (NSCB data)

| Crops | Hectares (Million) of Agricultural Lands |
|---|---|
| 1. Coconut | 3,066,700 |
| 2. Rice | 3,651,015 |
| 3. Corn | 3,005,800 |
| 4. Sugarcane | 395,700 |
| 5. Mango | 58,000 |
| 6. Other Crops | 2,910,877 |

http://image.slidesharecdn.com/pnfsplandgrabbing-140605033040-phpapp01/95/public-participatory-process-in-response-to-landgrabbing-cases-the-philippine-context-4-638.jpg?cb=1401957156

DATOS 3:




http://farm9.staticflickr.com/8027/7180169348_8ce805ceb4.jpg

a. Kailangang pasimulan ang rebelyon sa imperyalistang globalisasyon at mga dikta ng IMF-WB/WTO dahil sa kapag nanatili sunud-sunuran, lulubog at lulubog din sa krisis ang bansa.
b. Kailangan ng patakaran sa industriyalisasyon ng ekonomiya upang mabawasan ang brain drain ng mga Pilipino at magkaroon modernisasyon ng agrikultura upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga Pilipino at makapagluwas ito ng mga kalakal sa ibang bansa.
c. Pigilan ang pagpasok ng mga dayuhan sa Pilipinas upang walang maging kaagawang mga Pilipino sa mga oportunidad sa ating bansa.
d. Kailangang isulong ang patriotismo at nasyonalismo ng mga Pilipino upang mapigilan ang brain drain ng mga Pilipino.

9. Pag-aralan ang mga siniping bahagi ng mga artikulo tungkol sa Globalisasyon.

Unang Artikulo




**Noon ang SABI NG GOBYERNO....**

ang Pilipinas ay kikilalanin bilang bagong tigre sa ekonomiya sa Timog Silangang Asya. Mula sa dati ay mahirap at naghihingalo ay tatanghalin tayo bilang bansang may pinakamabilis na *ratio* ng pag-unlad at kakain sa atin ng alikabok

ang mga kalapit- bansa sa nakakabulag na bilis ng ating pananagana. Magkakandarapa kasi ang mga dayuhang korporasyon sa pag-uunahang makapag-negosyo sa ating bayan. Paano ba naman eh dito sa atin matatagpuan ang pinakamasarap na **putahe** sa pagni-negosyo : murang lakas-paggawa, mababait at hindi reklamador na mga trabahador **(it's more fun in the Philippines baby!).** Wag mag-aalala ang mga kapitalista; **protektodo** kayo ng gobyerno laban sa mga magri-reklamo...may mga batas kaya na magtitiyak na hindi mabibitin si **foreign investor** sa kanyang panggagahasa sa yaman ng bansa. Nariyan ang privatization, deregulation, liberalization at kung ano-ano pang syon para wala talagang istorbo sa malayang kalakalan at negosyo. Welcome to the free trade, welcome Globalization, welcome to the World Trade Organization (WTO)!
(http://bmpncrr.blogspot.com/2012_03_01_archive.html)

**Ikalawang Artikulo**

**Pinangangambahan ang Mas Nagkakabaha-bahaging Daigdig**

Marahil ang pinakamalaking ikinababahala tungkol sa globalisasyon ay ang ginawa nitong pagpapalawak sa agwat ng mayayaman at mahihirap. Bagaman ang kayamanan sa daigdig ay walang-alinlangang dumami, natipon naman ito sa iilang tao lamang at sa iilang bansa. Ang neto na halaga ng mga ari-arian ng 200 pinakamayayamang tao sa lupa ngayon ay nakahihigit nang 40 porsiyento kaysa sa pinagsama-samang kita ng mga taong nabubuhay sa planeta—humigit-kumulang 2.4 bilyon katao. At habang patuloy na tumataas ang mga kita sa mayayamang bansa, nasaksihan mismo ng 80 naghihikahos na mga bansa ang *pagbaba* ng katamtamang kita sa nakalipas na sampung taon.

Ang isa pang pangunahing ikinababahala ay ang kapaligiran. Ang globalisasyon sa ekonomiya ay pinasigla ng mga impluwensiya ng pamilihan na mas interesado sa kita kaysa sa pangangalaga sa planeta. Ipinaliwanag ni Agus Purnomo, pinuno ng World Wide Fund for Nature sa Indonesia, ang hinggil sa problema: "Tayo'y patuloy na nagkukumahog sa pagsulong. . . . Nag-aalala ako na sa loob ng isang dekada, tayong lahat ay magiging palaisip sa kapaligiran, subalit wala nang matitira pa para pangalagaan."

Ikinababalisa rin ng mga tao ang tungkol sa kanilang mga trabaho. Kapuwa ang mga trabaho at kinikita ay lalong nagiging di-tiyak, yamang ginigipit ng pagsasama-sama ng mga kompanya sa daigdig at matinding kompetisyon ang mga kompanya na gawing mas simple ang kanilang mga palakad. Ang pag-upa at pagsisante ng mga manggagawa ayon sa kasalukuyang pangangailangan sa pamilihan ay waring makatuwiran para sa isang kompanya na nababahala sa paglaki ng kita nito, subalit nagdudulot ito ng labis na kaligaligan sa buhay ng mga tao.

Ang globalisasyon sa internasyonal na pangangapital at dayuhang pautang ay nagharap ng isa pang salik para sa kawalang-katatagan. Maaaring magpautang sa papaunlad na mga bansa ang mga pandaigdigang namumuhunan subalit sa dakong huli ay biglang kukunin ang kanilang salapi kapag lumalala ang situwasyon sa ekonomiya. Ang gayong malakihang paglalabas ng salapi ay makapagpapabulusok sa maraming bansa sa krisis sa ekonomiya. Ang krisis sa pananalapi sa Silangang Asia noong 1998 ang nagpangyari na mawalan ng trabaho ang 13 milyong tao. Sa Indonesia, nabatid mismo ng mga manggagawang hindi natanggal sa trabaho na nabawasan nang kalahati ang halaga ng kanilang kinikita.

Kung gayon, mauunawaan na ang globalisasyon ay naghaharap ng mga pangamba at gayundin ng mga pag-asa. May dahilan ka ba para pangambahan ang globalisasyon? O inaasahan mo bang mas mapauunlad nito ang iyong buhay? Nabigyan ba tayo ng dahilan para maging optimistiko hinggil sa hinaharap dahil sa globalisasyon? Sasagutin ng ating susunod na artikulo ang mga katanungang iyan.
(http://wol.jw.org/en/wol/d/r27/lp-tg/102002361)

**Ikatlong Artikulo**
**Globalisasyon at pagtaas ng pamasahe**

Light Rail Transit/Metro Rail Transit (LRT/MRT) at taksi ngayon; dyip, traysikel at bus naman bukas. Aba, baka pati mga nagpapatakbo ng kuliglig,de-padyak at karitela, makisali na sa napipintong pagtaas ng pamasahe.

Ito ang mga pagkakataong umiinit na lang ang ulo ng mga tao at itinaaas ang kamay sa pagsuko. Alam ko na ang nasa isip mo: “Hay naku, bakit ba nagpapatuloy ang sitwasyong ito? Bakit nangyayari ito sa panahon ng daang matuwid ni Pangulong Noynoy Aquino?”

Seryoso ang iyong diskurso, pero paminsan-minsa’y nadaraan pa rin sa biro ang problema: Kailan kaya maiisipan ng gobyernong magpataw ng buwis sa paglalakad sa bangketa? Maniningil na rin kaya ang gobyerno sa mga tao habang sila’y naghihintay ng masasakyang dyip, bus o taksi sa kalsada? Aba, baka pati pagpila sa istasyon ng LRT/MRT ay pagkakakitaan na rin nila!

Siyempre, imposible naman yatang magkatotoo ang mga birong ito, bagama’t hindi rin natin alam kung ano ang mangyayari bukas. Baka sa paggising sa umaga, biglang bumalaga sa atin ang mapait na katotohanan: Ang biro noon ay polisiya na ngayon!

Sa mga pagkakataong ito, iiling ka na lang ba’t hahayaang mabutas ang bulsa? Tatanggapin mo na lang ba ang pagtataas ng pamasahe bilang bahagi ng ating kaawa-awang buhay sa isang naghihirap na bansa?

Kung paniniwalaan kasi ang pamahalaan, hindi maiiwasan ang pagtaas ng pamasahe. Una, tumaas ang singil sa *toll* ng mga pangunahing *expressway*. Ikalawa, patuloy ang pagtaas ng presyo ng

mga produktong petrolyo sa pandaigdigang pamilihan. Ikatlo, kailangang gumastos ng mga nangangasiwa sa LRT at MRT para mapaganda ang serbisyo sa tinatayang 500,000 pasahero ng mga ito araw-araw. Alam nating lahat na ang mga salik na ito'y may direktang epekto sa singil sa pamasahe.

Hindi ko po ikinakaila ang realidad ng mga ito. Ang hindi lang katanggap-tanggap sa akin ay ang "ginagawa" ng mga nasa kapangyarihan sa gitna ng pagtaas ng pamasahe. Tila ang estratehiya lang nila ay kumbinsihin ang taumbayang tanggapin ang sitwasyong ito dahil sa mga kondisyong labas sa kontrol ninuman. Pangunahing argumento kasi ng gobyerno ang pagtaas ng krudo at mga produktong petrolyo sa pandaigdigang pamilihan, pati na ang desisyon ng mga korporasyong may kinalaman sa mga *expressway* at LRT/MRT na sa tingin nila ay may "*business sense*" naman.

Sa aking palagay, mayroon tayong pundamental na problema sa kasalukuyang pamahalaan: Tulad ng edukasyon at iba pang batayang serbisyo, tinitingnan ang pampublikong transportasyon bilang negosyo. Nagiging katanggap-tanggap tuloy para sa mga nasa kapangyarihan na ang pamasahe sa LRT/MRT ay ayon sa itinakdang halagang dapat na may kita (*profit*). Sa konteksto ng pamasahe sa bus, dyip, taksi, traysikel at iba pang moda ng transportasyon, hindi na nagiging mapanlikha ang mga nasa kapangyarihan para siguraduhing hindi lalong mahihirapan ang mga kakarampot ang kita para makarating sa pupuntahan nila. Kahit na sabihing may regulasyon sa pamasahe ng dyip, taksi at ilang linya ng bus (*deregulated* na po kasi ang pamasahe sa *provincial bus lines* noon pang dekada 90), ang pagtaas ay nangyayari pa rin dahil sa deregulasyon sa *downstream oil industry*.

Sa kontekstong ito, ang pang-matagalang solusyon sa pagtaas ng pamasahe ay hindi pagtitipid o paglalakad, o anumang kagyat na hakbang tulad ng pagbibisikleta o pag-oorganisa ng *car pool* sa eskuwelahan o opisina. Bagama't nakakatulong ang mga ito, hindi pa rin natutugunan ang mga kontrobersiyal na polisiyang ugat ng ating problema.

At ang mga polisiyang ito'y naaayon sa globalistang tunguhin, lalo na sa usapin ng deregulasyon at pribatisasyon.

Gaya ng nabanggit kanina, ang deregulasyon sa *downstream oil industry* ay may direktang epekto sa pamasahe, kaya nararapat lang na malalimang pag-aralan ang alternatibo dito, ang pagsasabansa ng industriya ng langis. Bago pa man ang pagpapatupad ng unang Downstream Oil Industry Deregulation Act noong kalagitnaan ng dekada 90, marami nang pag-aaral na isinagawa tungkol sa *nationalization*. Hindi po ito walang-lamang retorika dahil may mga partikular na panukala't hakbang tungkol dito tulad ng pagkokontrol sa presyo at pagtatanggal ng buwis sa mga produktong petrolyo, pati na ang pagkakaroon ng *buffer fund* para masiguradong hindi tayo apektado ng mga hindi-inaasahang pangyayari sa pandaigdigang pamilihan.

Tungkol naman sa pribatisasyon, hindi dapat ibigay sa kamay ng pribadong negosyo ang pangangasiwa sa LRT/MRT at *expressways*. Parati't parating may dahilan ang mga negosyante para itaas ang mga presyo ng kanilang produkto't serbisyo, at higit na mas marami ang kanilang argumento kung bakit hindi maaaring ibaba ang mga ito. Hindi natin maaasahan sa mga negosyanteng isipin ang kabutihan ng nakararami sa pagtatakda ng kanilang sisingilin

Sa huling pagsusuri, may kagyat na pangangailangang tutulan natin ang pagtataas ng pamasahe. Pero may pangmatagalang hamon para patuloy na tuligsain ang mga polisiyang patuloy na nagpapahirap sa atin, tulad ng konsumisyong mas kilala sa salitang globalisasyon.
- See more at: http://pinoyweekly.org/new/2011/01/globalisasyon-at-pagtaas-ng-pamasahe/#sthash.YZDa1qnI.dpuf
( http://pinoyweekly.org/new/2011/01/globalisasyon-at-pagtaas-ng-pamasahe/)

Mula sa tatlong artikulong iyong nabasa, mahihinuha mo na ang globalisasyon ay:

a. Katanggap-tanggap sa karamihan bilang polisiyang pang-ekonomiya ang globalisasyon.
b. Maraming Pilipino ang naging biktima ng mga elemento ng globalisasyon.
c. Masama ang epekto ang dulot ng globalisasyon sa ekonomiya ng isang bansa lalo na sa mga manggagawa.
d. Kailangan ng pamahalaan na gumawa ng mga pamaraanan upang di masyadong maramdaman ang masamang epekto ng globalisasyon sa karaniwang mamamayan

10. Ang transnational crime ay isang seryosong krimen na isinasagawa ng ng isang organisadong grupong kriminal na may layuning magkamal ng salapi. Suriing mabuti ang mga larawan sa ibaba.

Larawan 1:




https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.608048755394086737&pid=15.1&P=0

Larawan 2:




https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.607986559969263639&pid=15.1&P=0

Larawan 3:




https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.608051396799430892&pid=15.1&P=0

Alin sa mga sumusunod na hakbang ang pinakamainam na solusyon upang malutas ang o maiwasan ang transnational crimes ng mga bansa sa buong mundo?

a. Gumawa ng sariling polisya sa migrasyon upang maiwasan ang terorismo.

b. Maglaan ng pondo pansuporta sa mga nagsusulong ng taransnational crimes.
c. Makipagpalitan ng kaalaman at intelligence report sa ibang bansa upang maisulong ang seguridad ng rehiyon.
d. Isara ang bansa sa mga dayuhan upang masigurong walang terorista.


11. Ang globalisasyon ay nagdala ng mahalagang pagbabago sa mundo. Suriin ang mga datos sa ibaba. Bakit naging mahalaga ang pagbabagong dala ng globalisasyon?

DATOS 1:




http://theafricanamericanclarioncall.com/wp-content/uploads/2011/07/image_thumb2.png

DATOS 2




https://asteriaforberry.files.wordpress.com/2011/10/thewordisflat2.gif

DATOS 3:

https://www.youtube.com/watch?v=vtcHF0XTzCM

Ito ay bidyo na nagpapakita ng mga implikasyon ng globalisasyon

a. Kakaunting trabaho ang ibinibigay nito sa mahihirap na bansa.

b. Maraming magsasaka ang nalugi at naghirap sa pagbebenta ng kanilang produkto.
c. Naging malaya ang pagdaloy ng capital, salapi, kalakal at kultura mula at papunta sa ibat-ibang destinasyon.
d. Naging tambakan ng langis na produkto ang mga industriyalisadong bansa.

13. Malimit hindi nababanggit ang epekto ng migrasyon paggawa sa tatanggap o nagpapadala ng lakas paggawa. Alin sa mga pahayag na ito ang nagsasaad na nakakabenepisyo ang papapadala at pagtanggap ng migranteng manggagawa?
   a. Ito ay isang one-way flow na pabor sa bansang nagpapadala.
   b. Ang migranteng manggagawa ay isang asset sa nagpapadala at tumatanggap na bansa kahit saan man sa mundo.
   c. Ang mga migranteng manggaggawa ay pasanin ng tumatanggap na bansa.
   d. Napeperahan ng mga bansa ang kanilang ipinapadalang migranteng manggagawa

12. Marami ang naniniwala na ang globalisasyon ay nakabatay sa pang-aabuso. Totoo ba ito?
   a. Oo, dahil marami ang nag-iisip na nag isang taong namumuhunan o nagnenegosyo ay umuunlad sanhi ng kanyang pang-aapi.
   b. Oo, dahil ang paraan lamang na yumaman ka ay ang pagkuha ng pagmamay-ari ng iba.
   c. Hindi, dahil napakalawak ng pagkakataong binibigay at nakukuha sa kalakalan na kung saan ang parehong partido (mamumuhunan at manggagawa) ay nakikinabang.
   d. Siguro, dahil marami ngayon ang naabusong manggagawa mula sa ibang bansa.

**T**

13. Ayon sa POEA (Philippine Overseas Employment Administration) ngayon ay tinatayang 2,000 araw araw ang mga Pilipino na umaalis ng bansa sa pamamagitan ng ang 1600 opisyal na ahensiya sa emigration, at bawat taon ay umaabot ng 1.3 milyong Pilipino ang nagtutungo ng ibang bansa. Ano ang maaaring hakbang ng pamahalaan upang matulungan ang mga manggagawang Pilipino?
   a. Gumawa ng mga polisiyang proprotekta sa mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat.
   b. Tanggapin nang malugod ang mga donasyong ibinibigay ng mga OFW at OCW sa mga nasalanta ng kalamidad.
   c. Maging mahigpit sa mga remittances ng mga Pilipino.
   d. Hayaan silang pagmalupitan at makulong sa ibang bansa.

14. Pinanganagambahan ng mga lider at mga mamamayan ng ibat ibang bansa ang dumarami at lumalalang kaso ng transnational crimes tulad ng terorismo. Isa sa mga sinusulong ng Kongreso ay ang paggawa ng polisiya. Bilang isang mambabatas, paano mo tatayain ang isang epektibong polisiya?
    a. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, pagkamalikhain, organisasyon at kaangkupan.
    b. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, sistematikong pamamaraan at impak sa manonood.
    c. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, organisasyon at datos o estadistika.
    d. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, organisasyon, kaangkupan at sistematikong pamamaraan.

15. Magkakaroon ng pagtitipong rehiyonal ng mga kinatawan ng labor parties sa NCR. Layon ng pagtitipon ng grupong ito ang maipamulat sa mamamayan ang makatotohanang kondisyon ng mga lakas paggawa lalo na ang epekto nito dulot ng globalisasyon.Alin sa mga sumusunod na pamamaraan ang makakapagbigay ng malalim at malawak ng pag-unawa sa kondisyon ng lakas paggawa ng Pilipinas?
    a. Pagsagawa ng sarbey
    b. Pag organisa ng kilos protesta
    c. Paghain ng panukala o bill
    d. Paggawa ng Case Study

16. Dahil globalisasyon, marami ang nagiging kakompetensiya ng mga karaniwang kalakal ng mga maliliit na negosyante. Bilang economic adviser ng Pangulo, ano ang maimumungkahi para matulungan sila?
    a. Hayaan silang magbenta kahit saan nila gusto.
    b. Huwag silang magbayad ng buwis upang lumaki ang kita sa negosyo.
    c. Gumawa ng programang maglalaan ng karagdagang pondo upang makipagsabayan sa mga dayuhan.
    d. Gumawa ng anunsiyo na hayaan na lamang magnegosyo ang mga dayuhan sa kanilang lugar.

17. May okasyon ng pagsasama-sama ng mga ahensya na tumutugon sa mga problema sa lakas paggawa. Inimbitahan kang maging kritiko sa isang paligsahan sa pinaka-tumpak na Labor Developmental Plan ng mga presenters. Paano mo susukatin ang isang matalino at matatag na developmental plan?
    a. Dami ng pamamaraan ng paglutas
    b. Dami ng mgga kasangkot na ahensya at sangay ng pamahalaan
    c. Kaangkupan, nilalaman at organisasyon nito
    d. Kakapalan,kagandahan at presentasyon nito

18. Ang ating bansa ay mayaman sa mga agrikultural na produkto. Ang ating pangulo ay nagnanais na paigtingin ang agrikultura ng ating bansa upang

makasabay ang ating bansa sa mga hamon ng globalisasyon. Ikaw ay isang kawani ng Department of Agrarian Reform, ano ang maari mong maimungkahi sa pangulo na siyang makakatulong sa pagpapaunlad ng ating agrikultura?

a. Pag-aralin ang mga magsasaka upang lumawak ang kanilang kaalaman sa pagsasaka.
b. Magkaroon ng pangmatagalang programa para sa magsasaka na nagbibigay sa kanila ng pondo upang makabili ng sapat na pataba, butil at makabagong teknolohiya upang maparami ang kanilang ani.
c. Mamahagi ng lupa sa mga magsasaka upang lumaki ang kita nila.
d. Bigyan pa ng iba pang hanapbuhay ang mga masasaka upang magkaroon sila ng sapat na kita para sa kanilang kabuhayan.

## PAGTUKLAS

Pinagyamanan ng globalisasyon ang daigdig sa larangan ng siyensiya at kultura at nagbigay rin ng pakinabang sa maraming tao ukol sa kabuhayan. Sa modyul na ito ay iyong aalamin kung ***paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa panahon ng globalisasyon.*** Upang iyong matuklasan ang sagot sa katanungan na ito, umpisahan mong sagutan at gawin ang gawain sa ibaba.

### GAWAIN 1 Good Morning World!

Panuto: Basahin ang kwentong nilalaman ng URL link na nasa ibaba. Punan ang talahanayan na naglalaman ng mga kagamitan ng tauhan sa kwento at pinagmulan ng mga ito sa ibaba at sagutin ang mga katanungan ukol dito.

http://www.unesco.org/education/tlsf/mods/theme_c/popups/mod18t01s01.html
Ito ay isang kwento ukol sa isang tao na mula sa kanyang paggising ay kanyang nararanasan ang globalisasyon sa pamamagitn ng mga kagamitang kanyang ginagamit.

| MGA KAGAMITAN NG TAUHAN | BANSANG PINAGGAWAAN/PINAGMULAN |
|---|---|
| | |

Sagutin mo ang mga tanong:

1. Batay sa kwentong iyong nabasa, masasabi mo bang may koneksyon ang tauhan sa mga bansa sa daigdig?
2. Paano ipinakita ng tauhan sa kwento ang kanyang koneksyon sa mga bansa sa buog daigdig?
3. Isipin mo ng iyong sarili mula sa paggising mo sa umaga hanggang sa pagtulog mo sa gabi. Isulat mo ito sa kahon sa ibaba. Masasabi mo bang may koneksyon ka rin sa mga bansa sa daigdig?

4. Sa iyong palagay, nakakatulong ba sa ating ekonomiya ang pagbili mo ng mga kagamitan na mula sa ibang bansa sa ekonomiya?
5. Kung ang lahat ng mga Pilipino ay hindi bibili ng mga produktong mula sa ibang bansa, makakatutulong na ba ito sa pag-unlad ng ekonomiya ng ating bansa?
6. Kung gayon, paano kaya tayo makakasabay sa mga pagbabagong nagaganap sa ating daigdig?

## GAWAIN 2 Mapa ng Pagbabago

**Gawain 2: Mapa ng Pagbabago**
Panuto: Sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba at ilagay ang iyong kasagutan sa Inisyal na bahagi ng IRF Sheet.

| **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa panahon ng globalisasyon?** | |
|---|---|
| **Initial:** | |
| **Revised:** | |
| **Final:** | |

**PAGTATAPOS NG PAGTUKLAS:**

Naibigay mo na ang iyong inisyal na kaalaman sa pamamagitan ng pagsagot sa IRF worksheet. Ngayon ay ating aalamin ang tamang kasagutan sa tanong na ito sa susunod na bahagi ng aralin. Habang ikaw ay nahahambing ng iyong dating kaalaman sa bago mong kaalaman ay iyong mapagtatanto na ito ay may kaugnayan sa pamantayan. Mapag-aaralan mo ang ibang konsepto na makakatulong upang magawa mo ang pangwakas na proyekto ng modyul na ito. Ang iyong magiging proyekto sa modyul na ito ay ang paggawa ng isang Problem-Solution Chart.

Ngayon ay umpisahan na nating linangin ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng susunod na gawain.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Sa bahaging ito ng modyul ay iyong aalamin ang konsepto ng globalisasyon bilang isa sa mga isyung panlipunan. Ang pag-alam sa konseptong ito ay makakatulong sayo upang iyong masagot ang mahalagang katanungan sa modyul na ito na, paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa panahon ng globalisasyon. Layunin ng bahaging ito ng modyul na maiugnay mo ang ibat-ibang (perspektiba) pananaw sa pag-unawa ng globalisasyon bilang suliraning panlipunan. Upang iyong malaman ang kasagutan sa mahalagang tanong na ito ay iyong ipagpatuloy na gawin ang modyul na ito.

### GAWAIN 3 3-2-1 Bridge

**Gawain 3: 3-2-1 Bridge**

Panuto: Bago natin simulan ang pagtalakay ukol sa globalisasyon, subukan muna natin ang iyong alam ukol dito. Punan ang trart ng iyong kaalaman ukol sa globalisasyon. Punan lamang ang bahaging Initial.

**“GLOBALISASYON”**

| | INITIAL | REVISED | FINAL |
|---|---|---|---|
| **3 IDEYA** | | | |
| **2 TANONG** | | | |
| **1 ANALOHIYA** | *Ang globalisasyon ay tulad ng* | *Ang globalisasyon ay tulad ng* | *Ang globalisasyon ay tulad ng* |

**GAWAIN 4** **Word Express**

Panuto: Upang iyong maunawaan ang pagtalakay sa mga aralin sa modyul na ito, subukan mo munang alamin ang kahulugan ng globalisasyon. Maari kang magsaliksik sa sa https://www.wordnik.com/ o sa http://www.visuwords.com/ . Batay sa mga impormasyong iyong nakalap punan ang chart na nasa ibaba.

| | |
|---|---|
| **KAHULUGAN:** | **MGA KATANGIAN:** |
| **HALIMBAWA:** | **HINDI HALIMBAWA** |

**GLOBALISASYON**

## GAWAIN 5 Kabit-kabit na Mundo

Panuto: Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang kahulugan ng globalisasyon. Ngayon naman ay iyong aalamin ang konsepto ng globalisasyon. Basahin ang nilalaman ng mga URL link sa ibaba at gumawa ng graphic organizer sa https://bubbl.us/ na nagpapakita ng konsepto ng globalisasyon at ugnayan nito sa aspetong pang-ekonomiya, pamahalaan, kultura, kapaligiran at edukasyon ng mga bansa sa daigdig.

1. http://www.investopedia.com/terms/g/globalization.asp
   Ito ay teksto ukol sa  kahulugan ng globalisasyon.
2. http://clg.portalxm.com/library/keytext.cfm?keytext_id=25
   Ito ay isang site na tumatalakay sa mga konsepto ng globalisasyon.
3. http://www.americanforeignrelations.com/E-N/Globalization-Definition-and-conceptualization.html
   Ito ay teksto ukol sa  kahulugan ng globalisasyon.
4. https://www.youtube.com/watch?v=3oTLyPPrZE4
   Ito ay video ukol sa konsepto ng globalisasyon
5. https://www.youtube.com/watch?v=wypVDqdM-4M
   Ito ay video ukol sa konsepto ng globalisasyon

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa iyong pagkaunawa sa mga datos sa itaas ukol sa globalisasyon, bigyan mo ng bagong kahulugan ang globalisasyon.
2. Masasabi mo ba na ang globalisasyon ay isang isyung panlipunan? Ipaliwanag.
3. Paano nakakaapekto ang globalisasyon sa kaunlaran ng isang bansa?


## GAWAIN 6 DaanTungo sa Globalisasyon

Panuto: Ngayong alam mo na ang konsepto ng globalisasyon, alamin natin ngayon kung papaano umusbong ang globalisasyon. Basahin ang nilalaman ng URL link sa ibaba at punan ang graphic organizer na nagpapakita ng mga salik na nagbigay daan sa pag-usbong ng globalisasyon.

1. http://www.economicshelp.org/blog/401/trade/what-caused-globalization/
   Ito ay isang teksto ukol sa mga dahilan ng pag-usbong ng globalisasyon.
2. http://www.ehow.com/facts_5291399_factors-leading-globalization-st-century.html
   Ito ay isang teksto ukol sa mga dahilan ng pag-usbong ng globalisasyon.
3. http://www.redbornecommunitycollege.com/_files/Curriculum/5F173131A1478B73B9D918395207B05C.pdf
   Ito ay isang teksto ukol sa mga dahilan ng pag-usbong ng globalisasyon.

4. https://www.youtube.com/watch?v=IQIVIYCZ4ec
   Ito ay isang video ukol sa mga salik na nagbigay daan sa pag-usbong ng globalisasyon.

**"MGA SALIK NA NAGBIGAY DAAN SA PAG-USBONG NG GLOBALISASYON"**




1. Batay sa mga datos, ano sa palagay ang pinakamalaking salik na nagbigay daan sa pag-usbong ng globalisasyon? Ipaliwanag.
2. Paano ang salik na ito ay nakakaapekto sa kaunlaran ng bansa?
3. Sa iyong palagay, paano mapapanatili ang kaunlaran ng ating bansa sa kabila ng hamon ng salik na iyong tinukoy na nagbigay daan sap ag-usbong globalisasyon.

**GAWAIN 7** **UGATIN!**

Panuto: Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga nagbigay daan sa pag-usbong ng globalisasyon. Paano nga kaya nagaganap ang globalisasyon sa daigdig? Panoorin ang bidyo sa URL link sa ibaba at gumawa ng story board organizer sa https://www.draw.io/ na nagpapakita ng kwento kung papaano nagaganap ang globalisasyon sa pamamagitan ng pagtunton sa pinanggalingan at pinagdaanan ng produktong ipinakita sa bidyo. Sa paggawa ng iyong story board organizer, sundin ang mga bahagi ng "materials economy" na ipinakita sa bidyo. Alamin ang mga nagaganap sa extraction stage, production stage, distribution stage, consumption stage, at disposal stage. Matapos mo itong gawain ay i-save mo ang file at ipasa ito sa email ng iyong guro.

1. https://www.youtube.com/watch?v=9GorqroiggM

The Story of Stuff. Ito ay isang bidyo na nagpapakita kung papaano nagaganap ang globalisasyon.

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa bidyo na iyong napanood, ano ang globalisasyon?
2. Paano nagaganap ang globalisasyon sa daigdig?
3. Bahagi ka rin ba ng globalisasyon? Ipaliwanag ang iyong kasagutan?
4. Batay sa bidyo at storyboard organizer na iyong ginawa, paano naaapektuhan ng globalisasyon ang lipunan?

## GAWAIN 8 **Picture Says 1000 Words.**

Panuto: Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mga nagbigay daan sa pag-usbong ng globalisasyon. Tignan ang mga larawan sa ibaba. Ano sa palagay mo ang ipinapahiwatig nito? Pindutin ang URL link ng mga larawan upang makita ang malaking view nito. Suriin kung ito ay negatibo o positibo o hindi mo alam. Pindutin ang button ng iyong kasagutan at punan ang tsart ukol sa mga larawang nakita at sagutin ang mga tanong ukol dito.




http://nla.gov.au/nla.pic-vn3082410

| PAKSA | POSITIBO | NEGATIBO | HINDI MO SIGURADO |
|---|---|---|---|
| | | | |





http://jacobsongj.files.wordpress.com/2010/05/globalization-uber-allies2.jpg

| PAKSA | POSITIBO | NEGATIBO | HINDI MO SIGURADO |
|---|---|---|---|
| | | | |




http://2.bp.blogspot.com/_Ty8myqVJ8gY/SCV85SbJa_I/AAAAAAAAABE/d63f2vRSQb0/s320/outsourcing-cartoon.jpg

| PAKSA | POSITIBO | NEGATIBO | HINDI MO SIGURADO |
|---|---|---|---|
| | | | |




http://1.bp.blogspot.com/-yc2JEYyo588/TdKyiuDRsoI/AAAAAAAAAAM/MQfwLHz-tzY/s1600/globalization.jpg

| PAKSA | POSITIBO | NEGATIBO | HINDI MO SIGURADO |
|---|---|---|---|
| | | | |



http://www.toonpool.com/user/613/files/mcdonaldization_79955.jpg

| PAKSA | POSITIBO | NEGATIBO | HINDI MO SIGURADO |
|---|---|---|---|
| | | | |



http://minificus.deviantart.com/art/Globalization-meal-101729643

| PAKSA | POSITIBO | NEGATIBO | HINDI MO SIGURADO |
|---|---|---|---|
| | ✔ | ✖ | ? |




http://vprnl.deviantart.com/art/Globalization-117248214

| PAKSA | POSITIBO | NEGATIBO | HINDI MO SIGURADO |
|---|---|---|---|
| | ✔ | ✖ | ? |




http://batetooz.deviantart.com/art/globalization-94470579

| PAKSA | POSITIBO | NEGATIBO | HINDI MO SIGURADO |
|---|---|---|---|
| | | | |

Ibuod ang mga larawang iyong nakita. Punan ang tsart upang maibuod ang iyong nalaman ukol sa globalisasyon at sagutin ang mga katanungan ukol dito.

| LARAWAN | PAKSA | BAKIT POSITIBO O NEGATIBO O HINDI MO SIGURADO? |
|---|---|---|
| **Globalpic No. 1** | | |
| **Globalpic No. 2** | | |
| **Globalpic No. 3** | | |

| | | |
|---|---|---|
| Globalpic No. 4 | | |
| Globalpic No. 5 | | |
| Globalpic No. 6 | | |
| Globalpic No. 7 | | |
| Globalpic No. 8 | | |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Batay sa iyong mga kasagutan, ano na ang masasabi mo ukol sa globalisasyon?
2. Masasabi mo bang negatibo o positibo ang globallisasyon? Bakit?
3. Masasabi mo ba na ang globalisasyon ay isang isyung panlipunan? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
4. Nakakaapekto ba ang mga isyung ipinakita ng mga larawan sa kaunlaran ng isang bansa? Ipaliwanag.
5. Paano natin matutugunan ang mga balakid sa kaunlaran ng ating bansa sa panahon ng globalisasyon?

## GAWAIN 9 POW + TREE

Panuto: Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman na ang globalisasyon ay isang isyung panlipunan. Ngayon naman ay iyong susuriin ang globalisasyon bilang isang suliraning panlipunan. Panoorin ang mga nilalaman ng mga video sa ibaba at punan ang graphic organizer sa ibaba at sagutin ang mga katanungan ukol dito.

1. http://nicholsoncartoons.com.au/biofuel-and-globalisation.html
   Ito ay video ukol sa mga epekto ng globalisasyon
2. https://www.youtube.com/watch?v=g2Sei7F61U8&feature=related
   Ito ay video ukol sa mga epekto ng globalisasyon

3. http://ourfiniteworld.com/2013/02/22/twelve-reasons-why-globalization-is-a-huge-problem/
   Ito ay isang artikulo na tumatalakay sa mga dahilan kung bakit ang globalisasyon ay isang suliranin.

| | |
|---|---|
| **ANG GLOBALISASYON AY SULIRANING PANLIPUNAN** | **UNANG DAHILAN:**<br><br>**PALIWANAG:** |
| | **PANGALAWANG DAHILAN:**<br><br>**PALIWANAG:** |
| | **PANGATLONG DAHILAN:**<br><br>**PALIWANAG:** |
| **KONKLUSYON** | ***Ang Globalisasyon ay isang suliraning panlipunan*** |

Sagutin mo ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga paksang ipinakita ng mga bidyong iyong napanood?
2. Paano mo maiuugnay ang mga paksang ipinakita sa bidyo sa globalisasyon?
3. Ano-ano ang mga suliraning dulot ng globalisasyon?
4. Sino-sino ang mga nakikinabang at hindi nakikinabang sa globalisasyon?
5. Paano makakamit ang kaunlaran ng isang bansa sa kabila ng mga suliraning dulot ng globalisasyon?

**GAWAIN 10** **3-2-1 Bridge**

Panuto: Ngayong nalaman mo na ang konsepto ng globalisasyon bilang isa sa mga isyu at sulireing panlipunan, subukan mong muling sagutan ang talahanayan sa ibaba ukol sa globalisasyon. Punan ang “Revised” na bahagi nito.

**“GLOBALISASYON”**

| | INITIAL | REVISED | FINAL |
|---|---|---|---|
| **3 IDEYA** | | | |
| **2 TANONG** | | | |
| **1 ANALOHIYA** | *Ang globalisasyon ay tulad ng* | *Ang globalisasyon ay tulad ng* | *Ang globalisasyon ay tulad ng* |

## GAWAIN 11 MAPA NG PAGBABAGO!

Panuto: Natapos mo na ang mga gawain sa bahaging ito ng modyul. Nalaman mo na ang konsepto ng globalisasyon bilang isa sa mga isyu at suliraning panlipunan. Ano na ngayon ang iyong bagong kaalaman ukol sa pakamit ng isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa panahon ng globalisasyon? Sagutin ang mahalagang tanong sa ibaba at ilagay ang iyong kasagutan sa Revised na bahagi ng IRF Sheet.

| **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa panahon ng globalisasyon?** | |
|---|---|
| **Initial:** | |
| **Revised:** | |
| **Final:** | |

**PAGTATAPOS NG PAGLINANG:**

Sabahaging ito ng modyul ay iyong nalaman ang tungkol sa konsepto ng globalisasyon bilang isa sa mga isyu at suliraning panlipunan. Balikan mo ang iyong dating kaalaman ukol sa ikaunlaran ng pamilihan at iyong pagkumparahin ang iyong dating kaalaman sa bago mong kaalaman? Natalakay ba ang lahat ng iyong dating kaalaman sa parteng ito ng modyul? Gaano naapektuhan ang iyong inisyal na ideya mula sa mga gawaing isinagawa? Alin sa mga ideyang ito ang kakaiba at kailangan mong baguhin? Anu-ano ang mga bagong hangarin at layunin na nais mong makamit sa modyul na ito.

Ngayon ay alam mo na ang mahahalagang kaisipan at ideya ukol sa paksang ito. Ngayon ay palalimin na natin ang mga kaalamang ito sa pamamagitan na susunod na bahagi ng modyul na ito

## PAGPAPALALIM

Sa nakaraang aralin ay iyong nalaman ang mahahalagang konsepto ukol  sa konsepto ng globalisasyon bilang isa sa mga isyu at suliraning panlipunan.. Sa bahaging ito ng aralin, ikaw ay inaasahan na kritikal na makapagsusuri ng mga datos at makapagpamalas ng matalinong pagdedesisyon ukol sa pagharap sa mga epekto ng globalisasyon.

### GAWAIN 12 Interview Chart

Panuto: Sagutin ang mga tanong sa loon ng interview chart sa ibaba at sagutin ang mga pamprosesong tanong ukol sa gawain na ito.

| MGA TANONG | ANG IYONG KASAGUTAN |
|---|---|
| **1. Ano ang paborito mong kanta na pinakikinggan ngayon?** | |
| **2. Sino ang kumanta nito at taga saan ang kumanta nito?** | |
| **3. Anong kagamitan ang iyong ginagamit upang mapakinggan ito?** | |
| **4. Saan gawa ang kagamitang ginagamit mo sa pakikinig?** | |

| | |
|---|---|
| | |
| **5. Anong kumpanya ang gumawa ng kagamitang ginagamit mo sa pakikinig? Saan ito nakabase?** | |
| **6. Paano mo nabili o nakuha ang kagamitang ginagamit mo sa pakikinig?** | |

Sagutin mo ang mga tanong sa ibaba.

1. Batay sa iyong mga naging kasagutan sa tsart, masasabi mo bang apektado ka ng globalisasyon? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
2. Masasabi mo bang sinasadya mong tangkilikin ang mga produktong gawa sa ibang bansa o idolohin ang mga banyagang mang-aawit? Ipaliwanag ang iyong kasautan?
3. Paano ka makakatulong sa kaunlaran ng ating bansa sa kabila ng mga epekto sayo ng globalisasyon?

## GAWAIN 13 Globalisasyon sa Lipunan

Panuto: Sa nakaraang gawain ay iyong nalaman na ikaw ay apektado ng globalisasyon. Ngayon ay alamin natin ang paglawak ng globalisasyon sa mga bansa sa daigdig. I-klik ang mga URL link na nasa ibaba at ilarawan moa ng bilis at antas ng globalisasyon sa Asya sa loob ng tsart at sagutin ang mga katanungan ukol dito.

1. http://globalization.kof.ethz.ch/maps/
   Ito ay isang animated map na nagpapakita ng bilis at lawak ng globalisasyon sa mga bansa sa daigdig.

2. http://globalization.kof.ethz.ch/aggregation/
   Ito ay isang graph na nagpapakita ng bilis at antas ng globalisasyon sa ibat-ibang aspeto ng lipunan.

| ASPETO NG LIPUNAN | BILIS AT ANTAS NG GLOBALISASYON |
|---|---|
| **EKONOMIYA** | |
| **KULTURA** | |
| | |


| | |
|---|---|
| **IMPORMASYON** | |
| **SOSYAL** | |
| **PAKIKIPAG-UGNAYAN NG TAO (Personal Contact)** | |
| **POLITIKAL** | |

Sagutin mo ang mga tanong.
1. Batay sa mga datos, ano ang masasabi sa paglaganap ng globalisasyon mula sa taong 1970 hanggang 2011.
2. Sa anong mataas ang antas ng globalisasyon sa Asya?
3. Sa anong aspeto ng lipunan may pinakamataas na antas ng epekto ng globalisasyon?
4. Sa anong aspeto ng lipunan may pinakamababa na antas ng epekto ng globalisasyon?
5. Sa aspeto ng lipunan na may pinakamataas na antas ng epekto ng globalisasyon, ito ba ay nakabubuti o nakakasama sa lipunan? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
6. Sa aspeto ng lipunan na may pinakamababang antas ng epekto ng globalisasyon, ito ba ay nakabubuti o nakakasama sa lipunan? Ipaliwanag ang iyong kasagutan.
7. Sa kabuuan, gaano kalawak ang epekto ng globalisasyon sa lipunan? Makakaapekto ba ito sa kaunlaran ng isang bansa?

## GAWAIN 14 Sakay na sa GLOBALISASYON!

Panuto: Sa mga nakaraang gawain ay iyong nalaman ang mabilis na paglawak ng globalisasyon sa daigdig. Paano kaya mabilis na kumalat ang globalisasyon sa buong daigdig? Sa gawaing ito ay iyong aalamin kung bakit mabilis na lumaganap ang globalisasyon. I-klik ang URL link sa ibaba at sagutin ang mga katanungan ukol dito.

1. http://www.economicsonline.co.uk/Global_economics/Globalisation_introduction.html
   Ito ay isang website na naglalaman ng mga teksto at bidyo ukol sa mabilis na pagkalat at epekto ng globalisasyon.
2. http://yaleglobal.yale.edu/sites/default/files/flash/Movie2.html
   Ito ay isang interactive movie ukol sa paglaganap ng globalisasyon sa pamamagitan ng produktong telebisyon.




Sagutin mo ang mga tanong:

1. Alin sa mga salik ang may pinakamalaking papel na ginampanan sa mabilis na pagkalat ng globalisasyon sa daigdig? Paano nito napalaganap ang gobalisasyon?
2. Sa iyong palagay, paano kaya nakasabay ang mga bansa sa mga pagbabagong dulot ng globalisasyon?

## GAWAIN 15 Connect, Extend, Challenge!

Ngayong alam mo na kung papaano lumaganap ang globalisasyon, subukan mo munang sukatin ang iyong kaalaman ukol sa globalisasyon. Punan


| | | |
|---|---|---|
| **CONNECT** | Paano mo nasabi na konektado ang bagong kaalaman ukol sa globalisasyon sa dati mong kaalaman? | |
    b. Makipag-ugnayan sa mga bansang kasangkot at gumawa ng plano tulad ng pagpapadala ng peacekeepers.
    c. Magpadala ng mga mandirigma upang pababain sa pwesto si Pres. Assad.
    d. Awayin ang mga sibilyan sa kanilang kapabayaan.

20. Sa Pilipinas ay marami ang nangangarap na mangibang bansa dulot ng kahirapan sa buhay. Nangangamba ang mga ekonomista na maapektuhan ang ekonomiya dulot ng brain drain at brawn drain na epekto ng migrasyon. Bilang eknomista, ano ang maari mong gawin upang masolusyunan ang isyung ito?
    a. Gumawa ng isang developmental plan na tutugon sa mga isyu ng migrasyon.
    b. Gumawa ng comic strip na nagtataguyon sa Pilipinas.
    c. Gumawa ng isang poster-slogan upang huwag ng umalis ang mga Pilipino.
    d. Gumawa ng role play na nagpapakita sa epekto ng migrasyon.

## Aralin 2: Mga Isyu sa Paggawa Dulot ng Globalisasyon

### ☑ INTRODUCTION AND FOCUS QUESTION(S):

Palagi nating napanonod sa telebisyon o di kaya ay marinig sa radio ang mga balita tungkol sa ating mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa. Kapag narinig mo ang pahayag na ito, naaapektuhan ka ba? May ka pamilya ka ba na nasa ibang bansa? Ikaw ay nangangarap rin bang magtrabaho sa ibang bansa?

O anong sarap sanang mangibang bansa. Dahil uunlad ang ating buhay o katayuan sa pamumuhay. Subalit kung ito ay may magandang dulot, ito rin ay masamang epekto. At ang unang maaapektuhan nito ay ang pamilyang Pilipino. Masarap pa rin kayang mangarap na mangibang bansa?

Bakit ba nangingibang bansa ang mga Pilipino? Ano-ano ang kalagyan ng ating mga manggagawa sa kanilang pangingibang bansa? Ano ang mga dahilan ng iba't-ibang suliranin nsa paggawa dulot ng globalisasyon, ang implikasyon nito sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa, at ano ang maaaring mga mungkahi upang malutas ang iba't-ibang suliranin sa paggawa. Ito ang mga katanungan na ating mahaharap sa ating pag-aaral tungkol sa paggawa dulot ng globalisasyon.

Ang iyong mahalagang kaalaman mula sa nakaraang aralin: tungkol sa konsepto ng Globalisasyon ay makatutulong sa mas malalim na pag-unawa at pagbibigay pansin sa araling ito.

Sa araling ito, ating tutuklasin ang mga dahilan ng pagkakatron ng iba't-iang suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon, implikasyon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa, mga mungkahi upang malutas ang iba't-ibang suliraning sa paggawa. Inaasahang sa pamamagitan ng mga gawain, babasahin, interactive activities sa modyul na ito, iyong masasagot ang mahalagang tanong na: **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?**

Kaugnay nito laging isaisip, hanapin at tandaan ang mga sagot sa ating pangunahing katanungan.

Palagi nating napanonod sa telebisyon o di kaya ay marinig sa radio ang mga balita tungkol sa ating mga manggagawang Pilipino sa ibang bansa. Kapag narinig mo ang pahayag na ito, naaapektuhan ka ba? May ka pamilya ka ba na nasa ibang bansa? Ikaw ay nangangarap rin bang magtrabaho sa ibang bansa?

O anong sarap sanang mangibang bansa. Dahil uunlad ang ating buhay o katayuan sa pamumuhay. Subalit kung ito ay may magandang dulot, ito rin ay

masamang epekto. At ang unang maaapektuhan nito ay ang pamilyang Pilipino. Masarap pa rin kayang mangarap na mangibang bansa?

Bakit ba nangingibang bansa ang mga Pilipino? Ano-ano ang kalagyan ng ating mga manggagawa sa kanilang pangingibang bansa? Ano ang mga dahilan ng iba't-ibang suliranin nsa paggawa dulot ng globalisasyon, ang implikasyon nito sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa, at ano ang maaaring mga mungkahi upang malutas ang iba't-ibang suliranin sa paggawa. Ito ang mga katanungan na ating mahaharap sa ating pag-aaral tungkol sa paggawa dulot ng globalisasyon.

Ang iyong mahalagang kaalaman mula sa nakaraang aralin: tungkol sa konsepto ng Globalisasyon ay makatutulong sa mas malalim na pag-unawa at pagbibigay pansin sa araling ito.

Sa araling ito, ating tutuklasin ang mga dahilan ng pagkakatron ng iba't-iang suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon, implikasyon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa, mga mungkahi upang malutas ang iba't-ibang suliraning sa paggawa. Inaasahang sa pamamagitan ng mga gawain, babasahin, interactive activities sa modyul na ito, iyong masasagot ang mahalagang tanong na: **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?**

Kaugnay nito laging isaisip, hanapin at tandaan ang mga sagot sa ating pangunahing katanungan.

☑ **LESSON AND COVERAGE:**


Sa modyul na ito, iyong susuriin ang nabanggit na katanugan sa susunod na aralin:

*Aralin 2* – Sa Araling ito, iyong matututunan ang sumusunod:

1. Naipapaliwanag ang mga dahilan ng pagkakaroon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon.
2. Natataya ang implikasyon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.
3. Nakabubuo ng mga mungkahi upang malutas ang iba't-ibang suliranin sa paggawa.

**MODULE MAP:**

*Narito ang simpleng mapa ng nasabing mga paksa na nasasakop ng aralin:*




☑ **Inaasahang mga Kasanayan:**

Upang matugunan ng maayos ang pag-aral at matapos ang modyul na ito,kailangan mong pakatandaan at gawin ang mga sumusunod:

1. Matalinong nakapasusuri ng mga pinagkuhanan ng datos upang mas may malalim na pag-unawa sa aralin.
2. Nakapagsusuri ng mga sitwasyon na maging basehan ng paggawa ng mga mungkahi upang maibsan ang suliranin sa paggawa.
3. Nakapagpapaliwanag ng mga dahilan ng pagkakaroon ng mga suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon.
4. Napagtitimbang ang implikasyon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa.
5. Nakapagbubuo ng sariling mga mungkahi upang malutas ang iba't-ibang suliranin sa paggawa aypon sa tamang batayan.
6. Nakapagmumungkahi ng mga paraan sa tamang mga ahensya ng pamahalaan upang malabanan ang posibleng pangingibang bansa ng mga kapamilya.

**Paunang Pagtataya:**

Ating alamin ang lawak ng iyong nalalaman sa paksa ng modyul na ito sa pamamagitan ng pagsagot sa Pre-test. Pindutin mo lamang ang letra ng iyong sagot at kailangan mong sagutan ang lahat ng aytem. Pagkatapos ng iyong pagsagot ay malalaman mo na agad ang iyong nakuha. Pakatandaan ang mga aytem na hindi mo nasagot ng tama sapagkat mahahanap ang kasagutan nito habang pinagpapatuloy mo ang modyul na ito.

Pre Test

**A**

1. Anong uri ng globalisasyon ang mabilis na lumaganap sa buong daigdig?
   A. Pampulitika
   B. Pang-edukasyon
   C. Pang-ekonomiya
   D. Pangkultura

2. Alin sa sumusunod ang pangunahing dahilan ng pangingibang bansa o pag-migrate ng mga Pilipino?
   A. Makapag-aral sa mga tanyag na unibersidad sa ibang bansa
   B. Matuto ng makabagong kasanayan at kakayahan
   C. Makapaghanap buhay na may mataas na sahod
   D. Makapagbisita a makapaglibang sa mga makasaysayang pook

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng mga dahilan ng migrasyon?
   A. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng kawalan ng trabaho sa pamayanan.
   B. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng mas magandang oportunidad sa ibang bansa.
   C. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng pagkawasak ng pamilya.
   D. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng digmaang sibil.

4. Mula sa larawan, ano ang positibong ipinapahiwatig nito sa ekonomiya ng bansa?




http://ts1.mm.bing.net/th?id=HN.607988097568476000&pid=15.1&H=117&W=160

A. Maraming produktong banyaga ang nakararating sa iba't ibang sulok ng mundo
B. Maraming krimen ang maaaring maganap mula sa iba't ibang bansa.
C. Maraming pamilya ang nawawalay sa isa't isa.
D. Maraming klaseng polusyon ang nangyayari sa iba't ibang sulok ng mundo.

5. Suriin ang ang larawan na nasa ibaba. Paano nakaapekto ang globalisasyon sa lokal na kultura ng mga bansa lalo na sa mga bansang papaunlad pa lamang tulad ng Pilipinas?





http://www.filipinopro.com/main/wp-content/uploads/2013/07/brain-drain.jpg

A. Ang pandaigdigang migrasyon ay nakakapagdudulot ng brain drain sa mga bansang papaunlad pa lamang.
B. Ang pandaigdigang kalakalan ay nakakapagsusulong ng kamulatan sa ibat-ibanag kultura.
C. Ibat-ibang uri ng hanapbuhay ang napupunta sa mga bansang papaunlad pa lamang.

D. Ang mga katutubong kultura ay nanganganib na mawala dahil sa pag-iisa ng kultura ng mga bansa sa daigdig na bunga ng globalisasyon.

6. Isang epekto ng globalisasyon sa ekonomiya ay ang restriksiyon sa pandaigdigang kalakalan gaya ng pagsasali sa proteksyonismo na nagbibigay ng masamang epekto sa mga bansang sumasang- ayon sa ganitong polisiya. Pag-aralan ang datos sa ibaba at sagutin ang tanong.




Aling rehiyon ang nakaranas ng 60% ng GDP noong 1970, umakyat subalit lumagpak sa 40% noong 1985?

A. Developing Asia
B. Middle East and North Africa
C. CEE & CIS
D. Advanced Economies

7. Isang epekto ng globalisasyon sa ating ekonomiya ay ang pagdating ng maraming kapitalista. Ano ang ipinahihiwatig ng caricature sa ibaba?




A. May dalawang uri ng kapitalista
B. Ang ating lipunan ay kapitalista
C. Ang mga kapitalista ang nagmamay-ari ng lupa, makina at pera


D. Milyun-milyong Pilipino ang manggagawa sa ilalim ng iilang kapitalista

8. Marami sa mga pamilya ng OFWs ay nakakaranas ng pangungulila sa kanilang kaanak na humahantong sa pagkawasak nito. Paano kaya sila matutulungan?
    A. Makisimpatya sa kanila.
    B. Magtayo ng isang samahan ng mga pamilya ng OFW upang gumabay sa kanila.
    C. Bigyan sila ng load pantawag sa kanilang kaanak.
    D. Bigyan sila ng sulat isa-isa.

**M**

9. Ang globalisasyon ay isang malaking hamon sa kaunlaran ng ating bansa. Tignan ang mga datos sa ibaba. Suriin ang mga datos sa ibaba. Paano kaya makakasabay ang Pilipinas sa mga hamon ng globalisasyon? Alin sa mga sumusunod na pamamaraan ang higit na makakatulong sa Pilipinas upang makasabay sa mga hamon ng globalisasyon?


DATOS 1:




Source: WEF Global Competitiveness Reports; Total number of countries evaluated: 2009-10 (133); 2010-11 (139)

http://image.slidesharecdn.com/pnfsplandgrabbing-140605033040-phpapp01/95/public-participatory-process-in-response-to-landgrabbing-cases-the-philippine-context-4-638.jpg?cb=1401957156

DATOS 2:



Major Agricultural Crops in the Philippines (NSCB data)

| Crops | Hectares (Million) of Agricultural Lands |
|---|---|
| 1. Coconut | 3,066,700 |
| 2. Rice | 3,651,015 |
| 3. Corn | 3,005,800 |
| 4. Sugarcane | 395,700 |
| 5. Mango | 58,000 |
| 6. Other Crops | 2,910,877 |

http://image.slidesharecdn.com/pnfsplandgrabbing-140605033040-phpapp01/95/public-participatory-process-in-response-to-landgrabbing-cases-the-philippine-context-4-638.jpg?cb=1401957156

DATOS 3:




http://farm9.staticflickr.com/8027/7180169348_8ce805ceb4.jpg

A. Kailangang pasimulan ang rebelyon sa imperyalistang globalisasyon at mga dikta ng IMF-WB/WTO dahil sa kapag nanatili sunud-sunuran, lulubog at lulubog din sa krisis ang bansa.
B. Kailangan ng patakaran sa industriyalisasyon ng ekonomiya upang mabawasan ang brain drain ng mga Pilipino at magkaroon modernisasyon ng agrikultura upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga Pilipino at makapagluwas ito ng mga kalakal sa ibang bansa.
C. Pigilan ang pagpasok ng mga dayuhan sa Pilipinas upang walang maging kaagawang mga Pilipino sa mga oportunidad sa ating bansa.

D. Kailangang isulong ang patriotismo at nasyonalismo ng mga Pilipino upang mapigilan ang brain drain ng mga Pilipino.

10. Pag-aralan ang mga siniping bahagi ng mga artikulo tungkol sa Globalisasyon.

Unang Artikulo

SAPAGKAT TAYO AY MANGGAGAWA
TAYO AY SOSYALISTA

Bukluran ng Manggagawang Pilipino – NCRR

**Noon ang SABI NG GOBYERNO....**
ang Pilipinas ay kikilalanin bilang bagong tigre sa ekonomiya sa Timog Silangang Asya. Mula sa dati ay mahirap at naghihingalo ay tatanghalin tayo bilang bansang may pinakamabilis na *ratio* ng pag-unlad at kakain sa atin ng alikabok ang mga kalapit- bansa sa nakakabulag na bilis ng ating pananagana. Magkakandarapa kasi ang mga dayuhang korporasyon sa pag-uunahang makapag-negosyo sa ating bayan. Paano ba naman eh dito sa atin matatagpuan ang pinakamasarap na **putahe** sa pagni-negosyo : murang lakas-paggawa, mababait at hindi reklamador na mga trabahador **(it's more fun in the Philippines baby!).** Wag mag-aalala ang mga kapitalista; **protektodo** kayo ng gobyerno laban sa mga magri-reklamo...may mga batas kaya na magtitiyak na hindi mabibitin si **foreign investor** sa kanyang panggagahasa sa yaman ng bansa. Nariyan ang privatization, deregulation, liberalization at kung ano-ano pang syon para wala talagang istorbo sa malayang kalakalan at negosyo. Welcome to the free trade, welcome Globalization, welcome to the World Trade Organization (WTO)!
(http://bmpncrr.blogspot.com/2012_03_01_archive.html)

**Ikalawang Artikulo**

**Pinangangambahan ang Mas Nagkakabaha-bahaging Daigdig**

Marahil ang pinakamalaking ikinababahala tungkol sa globalisasyon ay ang ginawa nitong pagpapalawak sa agwat ng mayayaman at mahihirap. Bagaman ang kayamanan sa daigdig ay walang-alinlangang dumami, natipon naman ito sa iilang tao lamang at sa iilang bansa. Ang neto na halaga ng mga ari-arian ng 200 pinakamayayamang tao sa lupa ngayon ay nakahihigit nang 40 porsiyento kaysa sa pinagsama-samang kita ng mga taong nabubuhay sa planeta—humigit-kumulang 2.4 bilyon katao. At habang

patuloy na tumataas ang mga kita sa mayayamang bansa, nasaksihan mismo ng 80 naghihikahos na mga bansa ang *pagbaba* ng katamtamang kita sa nakalipas na sampung taon.

Ang isa pang pangunahing ikinababahala ay ang kapaligiran. Ang globalisasyon sa ekonomiya ay pinasigla ng mga impluwensiya ng pamilihan na mas interesado sa kita kaysa sa pangangalaga sa planeta. Ipinaliwanag ni Agus Purnomo, pinuno ng World Wide Fund for Nature sa Indonesia, ang hinggil sa problema: "Tayo'y patuloy na nagkukumahog sa pagsulong. Nag-aalala ako na sa loob ng isang dekada, tayong lahat ay magiging palaisip sa kapaligiran, subalit wala nang matitira pa para pangalagaan."

Ikinababalisa rin ng mga tao ang tungkol sa kanilang mga trabaho. Kapuwa ang mga trabaho at kinikita ay lalong nagiging di-tiyak, yamang ginigipit ng pagsasama-sama ng mga kompanya sa daigdig at matinding kompetisyon ang mga kompanya na gawing mas simple ang kanilang mga palakad. Ang pag-upa at pagsisante ng mga manggagawa ayon sa kasalukuyang pangangailangan sa pamilihan ay waring makatuwiran para sa isang kompanya na nababahala sa paglaki ng kita nito, subalit nagdudulot ito ng labis na kaligaligan sa buhay ng mga tao.

Ang globalisasyon sa internasyonal na pangangapital at dayuhang pautang ay nagharap ng isa pang salik para sa kawalang-katatagan. Maaaring magpautang sa papaunlad na mga bansa ang mga pandaigdigang namumuhunan subalit sa dakong huli ay biglang kukunin ang kanilang salapi kapag lumalala ang situwasyon sa ekonomiya. Ang gayong malakihang paglalabas ng salapi ay makapagpapabulusok sa maraming bansa sa krisis sa ekonomiya. Ang krisis sa pananalapi sa Silangang Asia noong 1998 ang nagpangyari na mawalan ng trabaho ang 13 milyong tao. Sa Indonesia, nabatid mismo ng mga manggagawang hindi natanggal sa trabaho na nabawasan nang kalahati ang halaga ng kanilang kinikita.

Kung gayon, mauunawaan na ang globalisasyon ay naghaharap ng mga pangamba at gayundin ng mga pag-asa. May dahilan ka ba para pangambahan ang globalisasyon? O inaasahan mo bang mas mapauunlad nito ang iyong buhay? Nabigyan ba tayo ng dahilan para maging optimistiko hinggil sa hinaharap dahil sa globalisasyon? Sasagutin ng ating susunod na artikulo ang mga katanungang iyan. (http://wol.jw.org/en/wol/d/r27/lp-tg/102002361)

**Ikatlong Artikulo**

**Globalisasyon at pagtaas ng pamasahe**

Light Rail Transit/Metro Rail Transit (LRT/MRT) at taksi ngayon; dyip, traysikel at bus naman bukas. Aba, baka pati mga nagpapatakbo ng

kuliglig,de-padyak at karitela, makisali na sa napipintong pagtaas ng pamasahe.
Ito ang mga pagkakataong umiinit na lang ang ulo ng mga tao at itinaaas ang kamay sa pagsuko. Alam ko na ang nasa isip mo: "Hay naku, bakit ba nagpapatuloy ang sitwasyong ito? Bakit nangyayari ito sa panahon ng daang matuwid ni Pangulong Noynoy Aquino?"
Seryoso ang iyong diskurso, pero paminsan-minsa'y nadaraan pa rin sa biro ang problema: Kailan kaya maiisipan ng gobyernong magpataw ng buwis sa paglalakad sa bangketa? Maniningil na rin kaya ang gobyerno sa mga tao habang sila'y naghihintay ng masasakyang dyip, bus o taksi sa kalsada? Aba, baka pati pagpila sa istasyon ng LRT/MRT ay pagkakakitaan na rin nila!

Siyempre, imposible naman yatang magkatotoo ang mga birong ito, bagama't hindi rin natin alam kung ano ang mangyayari bukas. Baka sa paggising sa umaga, biglang bumalaga sa atin ang mapait na katotohanan: Ang biro noon ay polisiya na ngayon!

Sa mga pagkakataong ito, iiling ka na lang ba't hahayaang mabutas ang bulsa? Tatanggapin mo na lang ba ang pagtataas ng pamasahe bilang bahagi ng ating kaawa-awang buhay sa isang naghihirap na bansa?

Kung paniniwalaan kasi ang pamahalaan, hindi maiiwasan ang pagtaas ng pamasahe. Una, tumaas ang singil sa *toll* ng mga pangunahing *expressway*. Ikalawa, patuloy ang pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo sa pandaigdigang pamilihan. Ikatlo, kailangang gumastos ng mga nangangasiwa sa LRT at MRT para mapaganda ang serbisyo sa tinatayang 500,000 pasahero ng mga ito araw-araw. Alam nating lahat na ang mga salik na ito'y may direktang epekto sa singil sa pamasahe.

Hindi ko po ikinakaila ang realidad ng mga ito. Ang hindi lang katanggap-tanggap sa akin ay ang "ginagawa" ng mga nasa kapangyarihan sa gitna ng pagtaas ng pamasahe. Tila ang estratehiya lang nila ay kumbinsihin ang taumbayang tanggapin ang sitwasyong ito dahil sa mga kondisyong labas sa kontrol ninuman. Pangunahing argumento kasi ng gobyerno ang pagtaas ng krudo at mga produktong petrolyo sa pandaigdigang pamilihan, pati na ang desisyon ng mga korporasyong may kinalaman sa mga *expressway* at LRT/MRT na sa tingin nila ay may "*business sense*" naman.

Sa aking palagay, mayroon tayong pundamental na problema sa kasalukuyang pamahalaan: Tulad ng edukasyon at iba pang batayang serbisyo, tinitingnan ang pampublikong transportasyon bilang negosyo. Nagiging katanggap-tanggap tuloy para sa mga nasa kapangyarihan na ang pamasahe sa LRT/MRT ay ayon sa itinakdang halagang dapat na may kita (*profit*). Sa konteksto ng pamasahe sa bus, dyip, taksi, traysikel at iba pang moda ng transportasyon, hindi na nagiging mapanlikha ang mga nasa kapangyarihan para siguraduhing hindi lalong mahihirapan ang mga

kakarampot ang kita para makarating sa pupuntahan nila. Kahit na sabihing may regulasyon sa pamasahe ng dyip, taksi at ilang linya ng bus (*deregulated* na po kasi ang pamasahe sa *provincial bus lines* noon pang dekada 90), ang pagtaas ay nangyayari pa rin dahil sa deregulasyon sa *downstream oil industry*.

Sa kontekstong ito, ang pang-matagalang solusyon sa pagtaas ng pamasahe ay hindi pagtitipid o paglalakad, o anumang kagyat na hakbang tulad ng pagbibisikleta o pag-oorganisa ng *car pool* sa eskuwelahan o opisina. Bagama't nakakatulong ang mga ito, hindi pa rin natutugunan ang mga kontrobersiyal na polisiyang ugat ng ating problema.

At ang mga polisiyang ito'y naaayon sa globalistang tunguhin, lalo na sa usapin ng deregulasyon at pribatisasyon.

Gaya ng nabanggit kanina, ang deregulasyon sa *downstream oil industry* ay may direktang epekto sa pamasahe, kaya nararapat lang na malalimang pag-aralan ang alternatibo dito, ang pagsasabansa ng industriya ng langis. Bago pa man ang pagpapatupad ng unang Downstream Oil Industry Deregulation Act noong kalagitnaan ng dekada 90, marami nang pag-aaral na isinagawa tungkol sa *nationalization*. Hindi po ito walang-lamang retorika dahil may mga partikular na panukala't hakbang tungkol dito tulad ng pagkokontrol sa presyo at pagtatanggal ng buwis sa mga produktong petrolyo, pati na ang pagkakaroon ng *buffer fund* para masiguradong hindi tayo apektado ng mga hindi-inaasahang pangyayari sa pandaigdigang pamilihan.

Tungkol naman sa pribatisasyon, hindi dapat ibigay sa kamay ng pribadong negosyo ang pangangasiwa sa LRT/MRT at *expressways*. Parati't parating may dahilan ang mga negosyante para itaas ang mga presyo ng kanilang produkto't serbisyo, at higit na mas marami ang kanilang argumento kung bakit hindi maaaring ibaba ang mga ito. Hindi natin maaasahan sa mga negosyanteng isipin ang kabutihan ng nakararami sa pagtatakda ng kanilang sisingilin.

Sa huling pagsusuri, may kagyat na pangangailangang tutulan natin ang pagtataas ng pamasahe. Pero may pangmatagalang hamon para patuloy na tuligsain ang mga polisiyang patuloy na nagpapahirap sa atin, tulad ng konsumisyong mas kilala sa salitang globalisasyon.

- See more at: http://pinoyweekly.org/new/2011/01/globalisasyon-at-pagtaas-ng-pamasahe/#sthash.YZDa1qnI.dpuf
( http://pinoyweekly.org/new/2011/01/globalisasyon-at-pagtaas-ng-pamasahe/)

Mula sa tatlong artikulong iyong nabasa, mahihinuha mo na ang globalisasyon ay:

A. Katanggap-tanggap sa karamihan bilang polisiyang pang-ekonomiya ang globalisasyon.
B. Maraming Pilipino ang naging biktima ng mga elemento ng globalisasyon.
C. Masama ang epekto ang dulot ng globalisasyon sa ekonomiya ng isang bansa lalo na sa mga manggagawa.
D. Kailangan ng pamahalaan na gumawa ng mga pamaraanan upang di masyadong maramdaman ang masamang epekto ng globalisasyon sa karaniwang mamamayan

11. Ang transnational crime ay isang seryosong krimen na isinasagawa ng ng isang organisadong grupong kriminal na may layuning magkamal ng salapi. Suriing mabuti ang mga larawan sa ibaba.

Larawan 1:




https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.608048755394086737&pid=15.1&P=0

Larawan 2:




https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.607986559969263639&pid=15.1&P=0

Larawan 3:




https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.608051396799430892&pid=15.1&P=0

Alin sa mga sumusunod na hakbang ang pinakamainam na solusyon upang malutas ang o maiwasan ang transnational crimes ng mga bansa sa buong mundo?

A. Gumawa ng sariling polisya sa migrasyon upang maiwasan ang terorismo.
B. Maglaan ng pondo pansuporta sa mga nagsusulong ng taransnational crimes.
C. Makipagpalitan ng kaalaman at intelligence report sa ibang bansa upang maisulong ang seguridad ng rehiyon.
D. Isara ang bansa sa mga dayuhan upang masigurong walang terorista.


12. Ang globalisasyon ay nagdala ng mahalagang pagbabago sa mundo. Suriin ang mga datos sa ibaba. Bakit naging mahalaga ang pagbabagong dala ng globalisasyon?

DATOS 1:




http://theafricanamericanclarioncall.com/wp-content/uploads/2011/07/image_thumb2.png

DATOS 2




https://asteriaforberry.files.wordpress.com/2011/10/thewordisflat2.gif

DATOS 3:

https://www.youtube.com/watch?v=vtcHF0XTzCM
Ito ay bidyo na nagpapakita ng mga implikasyon ng globalisasyon

A. Nalulugi ang mga tradisyunal na negosyo ng mga katutubo.
B. Mataas ang taripa ng mga produktong kinakalakal sa ibang bansa.
C. Naging malaya ang pagdaloy ng capital, salapi, kalakal at kultura mula at papunta sa ibat-ibang destinasyon.

D. Nahikayat na isara ng mga mahihirap na bansa ang kanilang negosyo sa mga dayuhan.

13. Malimit hindi nababanggit ang epekto ng migrasyon paggawa sa tatanggap o nagpapadala ng lakas paggawa. Alin sa mga pahayag na ito ang nagsasaad na nakakabenepisyo ang papapadala at pagtanggap ng migranteng manggagawa?
    A. Ito ay isang one-way flow na pabor sa bansang nagpapadala.
    B. Ang migranteng manggagawa ay isang asset sa nagpapadala at tumatanggap na bansa kahit saan man sa mundo.
    C. Ang mga migranteng manggaggawa ay pasanin ng tumatanggap na bansa.
    D. Napeperahan ng mga bansa ang kanilang ipinapadalang migranteng manggagawa

14. Marami ang naniniwala na ang globalisasyon ay nakabatay sa pang-aabuso. Totoo ba ito?
    A. Oo, dahil marami ang nag-iisip na nag isang taong namumuhunan o nagnenegosyo ay umuunlad sanhi ng kanyang pang-aapi.
    B. Oo, dahil ang paraan lamang na yumaman ka ay ang pagkuha ng pagmamay-ari ng iba.
    C. Hindi, dahil napakalawak ng pagkakataong binibigay at nakukuha sa kalakalan na kung saan ang parehong partido (mamumuhunan at manggagawa) ay nakikinabang.
    D. Siguro, dahil marami ngayon ang naabusong manggagawa mula sa ibang bansa.

**T**

15. Ayon sa POEA (Philippine Overseas Employment Administration) ngayon ay tinatayang 2,000 araw araw ang mga Pilipino na umaalis ng bansa sa pamamagitan ng ang 1600 opisyal na ahensiya sa emigration, at bawat taon ay umaabot ng 1.3 milyong Pilipino ang nagtutungo ng ibang bansa. Ano ang maaaring hakbang ng pamahalaan upang matulungan ang mga manggagawang Pilipino?
    A. Gumawa ng mga polisiyang proprotekta sa mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat.
    B. Tanggapin nang malugod ang mga donasyong ibinibigay ng mga OFW at OCW sa mga nasalanta ng kalamidad.
    C. Maging mahigpit sa mga remittances ng mga Pilipino.
    D. Hayaan silang pagmalupitan at makulong sa ibang bansa.

16. Pinanganagambahan ng mga lider at mga mamamayan ng ibat ibang bansa ang dumarami at lumalalang kaso ng transnational crimes tulad ng terorismo. Isa sa mga sinusulong ng Kongreso ay ang paggawa ng polisiya. Bilang isang mambabatas, paano mo tatayain ang isang epektibong polisiya?

A. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, pagkamalikhain, organisasyon at kaangkupan.
B. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, sistematikong pamamaraan at impak sa manonood.
C. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, organisasyon at datos o estadistika.
D. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, organisasyon, kaangkupan at sistematikong pamamaraan.

17. Magkakaroon ng pagtitipong rehiyonal ng mga kinatawan ng labor parties sa NCR. Layon ng pagtitipon ng grupong ito ang maipamulat sa mamamayan ang makatotohanang kondisyon ng mga lakas paggawa lalo na ang epekto nito dulot ng globalisasyon. Alin sa mga sumusunod na pamamaraan ang makakapagbigay ng malalim at malawak ng pag-unawa sa kondisyon ng lakas paggawa ng Pilipinas?
    A. Pagsagawa ng sarbey
    B. Pag organisa ng kilos protesta
    C. Paghain ng panukala o bill
    D. Paggawa ng Case Study

18. Dahil globalisasyon, marami ang nagiging kakompetensiya ng mga karaniwang kalakal ng mga maliliit na negosyante. Bilang economic adviser ng Pangulo, ano ang maimumungkahi para matulungan sila?
    A. Hayaan silang magbenta kahit saan nila gusto.
    B. Huwag silang magbayad ng buwis upang lumaki ang kita sa negosyo.
    C. Gumawa ng programang maglalaan ng karagdagang pondo upang makipagsabayan sa mga dayuhan.
    D. Gumawa ng anunsiyo na hayaan na lamang magnegosyo ang mga dayuhan sa kanilang lugar.

19. May okasyon ng pagsasama-sama ng mga ahensya na tumutugon sa mga problema sa lakas paggawa. Inimbitahan kang maging kritiko sa isang paligsahan sa pinaka-tumpak na Labor Developmental Plan ng mga presenters. Paano mo susukatin ang isang matalino at matatag na developmental plan?
    A. Dami ng pamamaraan ng paglutas
    B. Dami ng mgga kasangkot na ahensya at sangay ng pamahalaan
    C. Kaangkupan, nilalaman at organisasyon nito
    D. Kakapalan, kagandahan at presentasyon nito

20. Ang ating bansa ay mayaman sa mga agrikultural na produkto. Ang ating pangulo ay nagnanais na paigtingin ang agrikultura ng ating bansa upang makasabay ang ating bansa sa mga hamon ng globalisasyon. Ikaw ay isang kawani ng Department of Agrarian Reform, ano ang maari mong maimungkahi sa pangulo na siyang makakatulong sa pagpapaunlad ng ating agrikultura?
    A. Pag-aralin ang mga magsasaka upang lumawak ang kanilang kaalaman sa pagsasaka.
    B. Magkaroon ng pangmatagalang programa para sa magsasaka na nagbibigay sa kanila ng pondo upang makabili ng sapat na pataba, butil at makabagong teknolohiya upang maparami ang kanilang ani.
    C. Mamahagi ng lupa sa mga magsasaka upang lumaki ang kita nila.
    D. Bigyan pa ng iba pang hanapbuhay ang mga masasaka upang magkaroon sila ng sapat na kita para sa kanilang kabuhayan.

## PAGTUKLAS

Ang pagkakasali ng Pilipinas sa proseso ng globalisasyon ay matatahak sa pamamagitan ng ating mahabang kasaysayan ng pananakop. Mula noong kolonisasyon ng mga Espanyol, ang local na pagpoprodyus ay naaayon sa pangangailangan ng  Espanya sa pandaigdigang pangangalakal. Ito ay lumala noong panahon ng Amerikano at Hapon, at maging sa kasalukuyan.

Ang papel na ginagampanan ng Pilipinas sa Globalisasyon ay bilang pinagkukunan ng mga likas na yaman, taga-konsumo ng sobrang podukto at kapital, at taga suplay ng murang lakas paggawa.

Dahil sa mahalagang papel na ito, nagkakaroon ng mga Isyu sa Paggawa dulot ng Globalisasyon. Ito ay may mga dahilan, implikasyon sa pamumuhay at ekonomiya ng bansa at ating magiging mungkahi upang malutas ang iba't-ibang suliranin sa paggawa. Ang kaalaman ukol sa pangunahing konsepto ng Globalisasyon ay makatutulong nang malaki sa pagsasaalang  alang mga mga mungkahi upang malutas  ang suliranin sa paggawa..

Bilang mag-aaral, may magagawa ka upang maibsan ang mga suliraning ito sa pamamagitan ng mga mungkahi upang maibsan ang suliranin sa paggawa.Ngunit sa puntong ito, **paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon  ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?**

### GAWAIN 1. Pagtuklas ng Ating Yaman

Deskripsyon: Buksan ang website na ito. Galawin ang marker upang Makita ang taon na nais mong pag-aralan tungkol sa limang kategorya na nasa ibaba. I-click ang bansang Pilipinas upang lumabas ang graphic presentation ng datos tungkol sa ating bansa.
Website:
Nakikita mo rin ba ang mga isyung ito sa iyong kapaligiran?

http://www.ey.com/GL/en/Issues/Business-environment/The-Globalization-Index-2011-interactive-time-line - Ang website na ito ay nagpapakita ng lawak ng mga malalaking bansa sa buong daigdig ayon sa GDP at knoeksyon nito sa ekonomiya. Ang mga indikasyon nito ay nahahati sa limang malalawak na kategorya.

1. Openness to trade
2. Capital movements
3. Labor movements
4. Exchange of technology and ideas
5. Cultural integration

Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang lebel ng globalisasyon ng Pilipinas sa mga sumusunod na taon:1995, 2004, 2008 at 2014?
2. Anong indikeytor ang may pinakamataas na bahagdan ang Pilipinas sa mga 1995, 2004, 2008 at 2014?
3. Aling kategorya may pinakamataas na antas ng globalisasyon ang ating bansa?
4. Paano nakatutulong sa ating pag-unawa ang mga datos tungkol sa lebel ng globalisasyon sa pangkabuuang ekonomiya ng bansa?
5. Naaayon ba ang lebelo antas ng globalisasyon sa katatagan ng isang bansa?
6. **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?**

## GAWAIN 2. Pagsagot ng Map of Conceptual Change

Deskripsyon: Sagutin ang unang kahon ng Generalization Table

| Pansamantalang Kaisipan Tungkol sa Paggawa | Aking natuklasan at Pagwawasto ng Kaisipan | Ebidensya na Nagsusuporta | Mga Kondisyon | Ang Aking pagbubuod |
|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | |
| 2. | | | | |
| 3. | | | | |
| 4. | | | | |
| 5. | | | | |
| 6. | | | | |

? Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang mga pangunahin mong kaisipan tungkol sa isyu sa Paggawa?
2. Ano ang mga posibleng dahilan ng mga isyung

Kung kayo ay tapos na ay pindutin ang Submit Button. 


Ating tingnan kung paano sinagot ng mga kaklase ang Generalization Table at ihambing ang kanilang ideya sa iyo. Habang ikaw ay naghahambing, matutuklasan mo na ang iyong mga ideya ay naaayon sa pamantayan.

Ang sagot mo saunang kolum ay siyang gagabay sa iyong patuloy na paglilinang ng kaalaman tungkol sa paksa. Ito rin ang tutulong sa iyo upang tuklasin ang kasagutan kung p**aano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?**

Tukuyin rin natin sa pag-aaral na ito ang iba pang mahahalagang katanungan na magpapalalim sa ating kaalaman tungkol sa paksa.

Ano ang mga dahilan ng pagkakaroon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon?
Ano ang implikasyon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa?

Anong mga mungkahi ang iyong mabubuo upang malutas ang iba't-ibang suliranin sa paggawa?

**Pagtatapos ng Pagtuklas:**

Sinubukan mong sagutin ang mga naunang katanungan. Sa ating pagtatalakay matutunan mo rin ang iba pang mga konsepto na tutulong sa iyo upang maisagawa ang isang Case Study Ukol sa Problema sa Paggawa.

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang iyong layunin sa bahaging ito ay pag-aralan at unawain ang ang mga dahilan ng pagkakaroon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon, implikasyon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa, at pagsasaalang-alang ng mga mungkahi upang malutas ang iba't-ibang suliranin sa paggawa.

Ano ang paggawa? Ano ang globalisasyon? Paano nagkakaroon ng mga suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon, ano ang epekto nito sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ejkonomiya? Paano naman ito malulutas?

Iyo ring aalamin mula sa mga impormasyon at datos ang iba't-ibang mga mungkahi o programa ng pamahalaan upang mapangalagaan ang kapakanan ng ating lakas paggawa lalo na ang mga OFWs.

Atin ring tuklasin na may katalinuhan kung p**aano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?**

Ating ipagpatuloy ang pag -aaral sa pamamagitan ng pagbasa ng mga artikulo tungkol sa paksa.

### GAWAIN 3. Alamin Mo !

Pagbabasa ng artikulo

Deskripsyon: Basahin na may panunuri sa mahahalagang ideya tungkol sa aralin.

Teksto 1

Kabanata V: Sanhi at Bunga ng Pagdami ng mga Overseas Filipino Workers

A. Mga pangunahing sanhi
   Maraming sanhi ng paglabas ng mga manggagawang Pilipino sa bayang sinilangan. Batay sa teorya ni David Ricardo, ang '*labor theory of value'*, ang halaga ay nagmumula sa paggawa, ngunit paano nga ba gagawa kung wala rin namang posisyong nakalaan para sa mga manggagawa? Isa sa mga pangunahinng salik nito ay ang "malala" nang kawalan ng trabaho dahil sa

krisis pang-ekonomiya na tinatamasa ng bansa. Ayon kay Susan Ople, isang undersecretary sa '*tulay*' program at ng Ople Center, totoo nga marahil na kulang pa rin sa pondo ang inaalok ng gobyerno sa sektor ng serbisyo, industriya at paggawa. Dahil sa kawalan ng trabaho sa bansa, natutulak na mangibang-bayan ang mahigit sa 8.3 milyong Pilipinong migranteng manggagawa o ang mga *Overseas Filipino Workers* (OFWs). Araw-araw 3,400 OFWs ang naipapadala sa ibang bansa para magtrabaho, at nakabatay naman ito sa 2009 estatistika ng DOLE ukol sa bilang ng mga umaalis na OFW sa bansa. Patunay ito na paparami pa ring manggagawa ang naghahanap ng trabaho sa ibang bansa dahil sa kawalan ng sapat na trabahong lokal. Ayon kay Romeo Lagman, kasalukuyang *undersecretary for employment and manpower development* ng DOLE, napakalaking kawalan ito sa parte ng Pilipinas dahil karamihan ng mga umaalis ay mga bagong tapos pa lamang sa kolehiyo at napipilitang magtrabaho sa ibang bansa sa pag-asang doon matatamasa ang seguridad sa trabaho. Itinuturing namang *"brain waste"* para sa mga bansang pinupuntahan nila dahil ang mga OFW ay pumapasok sa mga trabahong mas mababa sa antas ng kanilang kasanayan. Ilang halimbawa nito ay mga doktor na namamasukan bilang nars, at mga guro na ngayon ay mga *caregiver* at *domestic helper*. Ito ang masalimuot na katotohanan: hindi isinasama ng lokal na pamahalaan ang mga OFW sa pagtataya ng bilang ng empleyo at disempleyo kahit na ang penomenon ng migrasyon ng paggawa ay bunga ng kawalan ng trabaho sa bansa. Pero kung talagang susukatin ang lawak ng kawalan ng trabaho sa lokal na ekonomiya, dapat isaalang-alang na kung sana'y may mapagkukunang hanapbuhay na sumasapat sa kanilang pangangailangan ay hindi gugustuhin ng mga migranteng manggagawa na iwan ang kanilang pamilya para lang mamasukan sa ibang bansa.

Isa pang salik ng pagdami ng mga Pilipinong migranteng manggagawa ay ang mababang pasahod. Paulit-ulit na nababanggit ang realidad na kulang ang sweldo para tugunan ang pangangailangan ng mga manggagawa at pamilya nito at ito na lang ang laging idinaraing ng mga miyembro ng *Federation of Migrant Workers* sa pangunguna ng kanilang Pangulong si Francisco Aguliar Jr. Inililinaw na hindi ito pangunahing bunga ng kagustuhan ng indibidwal na maghanap ng iba pang trabaho, kundi dahil itinutulak siya ng pangyayaring mababa ang sweldo at 'di sapat ang kinikita para mabuhay ang pamilya. Mahalagang talakayin kung bakit sa kabila ng mga batayan para sa makatwirang pagtataas ng sahod ay higit na mababa ang pinagkaloob ng pamahalaan. Sa totoo lang, sadyang pinababababa ang halaga ng paggawa sa bansa dahil ito ang esensya ng "*cheap labor policy*" ng gobyerno.

B. Disbentahe ng pagiging OFW

Marami nang masasamang epekto ang naidudulot sa mga OFW sa paglisan nila sa kanilang bayang sinilangan. Sa katunayan, sa nakalipas na anim na taon, 537 kaso na ang dumaan sa mabusising kamay ng mga opisyales ng Kagawaran ng Ugnayang Panlabas. Dahil sa mga nakaaalertong pangyayaring

ito, ilan sa mga tulong na ginagawa ng ahensiya ay ang pagtatalaga ng mga lokal na konsul at embahada ng Pilipinas na susuporta at handang umagapay sa mga kasalukuyang kondisyon ng mga OFW sa bansang pinagtatrabahuhan. May ibang nabigyan ng '*pardon'* ukol sa ipinataw na *death penalty* at may ibang umuwi na lamang sa bansa na '*tuwid na ang paa.'* Ayon kay Raymark Altrejo, isa sa mga propesor ng Ekonomiks sa isang paaralan, ilan sa mga kasaklap-saklap na kasong lagi na lang kinakaharap ng mga OFW ay ang tulad ng mga pangingidnap, hindi makatwirang pagmaltrato sa kanila ng amo, iba't ibang uri ng pang-aabuso at ang matindi ay ang pamamaslang dahil sa ipinagtanggol lamang nila ang kanilang karapatan. Isa pa sa tila '*kaaway*' na ng mga nangagarap na maging OFW ay ang mga tinatawag na '*illegal recruiters.'* Ayon sa librong *Gabay Bago ka umalis ng Bansa*, ang mga ito ay nangagako ng mga bigating trabaho at kahina-hinalang mabilis ka kaagad matatanggap gawa na rin ng mabilis na pagproseso ng iyong mga papeles, partikular na sa kontrata upang makaalis ka kaagad ng bansa. Magagawa ka pa nilang maglabas sa bulsa ng mga katakot-takot na malalaking pera na lagpas na sa itinalaga ng *labor and employment* bilang paunang bayad o *loan*. Kapag napawalang bisa ang kaso o di naman kaya ay peke ang Visang ibinigay sa mga OFW ay uuwi na lamang sila sa bansang sinilangan ng luhaan. Ito ay dahil sa mahihirapan nang makabalik ang mga manggagawa dahil may rekord na ito sa kanilang pinirmhang kontrata pati na rin sa bansa kung saan nagawa krimen. Maaaring sabihin na kung lagi na lang ganito ang kahihinatnan ng mga OFW, bababa ang perang naipadadala na sumusuporta sa pagiging matatag ng ekonomiya at lubusan itong manghihina.

Ang artikulong ito ay nai-post sa :Posted by Bulwagan ng Karunungan at 8:22 AM

Tunghayan mo rin ang video na ito upang mas maunawaan mo a ng isyu.

1. https://www.youtube.com/watch?v=tpGh4ZfzEm0 –ito ay naglalaman ng pagtalakay nh isyu na: Mabuti ba o masama sa bansa ang pagdami ng OFW?

   Pagkatapos mabasa ang teksto at mapanood ang video, sagutin ang sumusunod na tanong.

Pamprosesong tanong:

1. Ano-ano ang mga dahilan ng pangingibang bansa ng mga manggagawang Pilipino?
2. Ano-anong mga suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon ang nabanggit sa artikulo?
3. Anong mga hakbang kung meron, ang nabanggit sa artikulo upang maibsan angsuliranin ng mga manggagawang Pilipino?


4. Paano ang pangingibang bansa ng manggagawang Pilipino nakatutulong sa pagiging matatag ng ekonomiya ng bansa?
5. **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon**

Ang pangingibang bansa ng Pilipinas ay dulot ng Globalisasyon. Dahil dito, ang manggagawa ay mas may malayang kakayahan na magtrabaho sa ibang bansa dulot ng pangangailangan ng mga ito sa umuusbong na ekonomiya ng ibang mga bansa.

Mula sa artikulo sa itaas, ating gawan ng buod ang nilalaman nito sa pamamagitan ng isang graphic organizer sa ibaba.

| Mga Dahilan ng Pangingibang Bansa ng Mangggagawang Pilipino ayon kay: | Mga Dahilan |
|---|---|
| 1. David Ricardo | |
| 2. Susan Ople | |
| 3. Romeo Lagman | |
| 4. Francisco Aguilar, Jr. | |

Gamit anf Fish Bone Strategy o map, isulat ang bunga o epekto ng mga dahilan ng Pagdami ng mga OFWs.




Tutuloy tayo sa susunod na gawain.

## GAWAIN 4. Ano ang Datos?

Pagbasa at Pagsuri ng Datos

Deskripsyon: Basahin ang teksto ng may pag-unawa.



Teksto 2

**On Human Rights Day: 25 Million Filipinos Denied Right To Work*IBON Special Report | 8 December 2009 Reference: Mr Sonny Africa (IBON research head)***

As International Human Rights Day is observed this week, millions of Filipinos are deprived of the right to decent work, one of the most basic economic rights.

According to research group IBON, decent work is a vital starting point for human development. However a job in itself is not enough: workers have a right to decent wages, salaries, benefits and working conditions. If all these are considered, this means that some 25.2 million Filipinos are either jobless or in poor quality work - the unemployed, unpaid family workers, own-account workers and non-regular wage and salary workers combined.

Even before the global crisis that erupted late last year, the Philippines was already facing the worst joblessness in its history. The final quarterly Labor Force Survey (LFS) results for 2009 will be released on December 15: these will likely show that things have gotten even worse.

In 2008, there were some 4.4 million unemployed with a true unemployment rate of around 11.5%, the most number of jobless Filipinos in the country's history. These estimates try to correct for the government's change in definition of "unemployed" in April 2005 which reduces the number of unemployed by around 1.5 million and the unemployment rate by around 3.5 percentage points.

The average unemployment rate for the period 2001-2008 is 11.3% which is the worst eight-year period of sustained high joblessness since 1956 or as far back as records go back to. Unemployment rates were much lower in 1956-1960 (8%), 1961-1970 (7.3%), 1971-1980 (5.4%), 1981-1990 (10.2%) and 1991-2000 (9.8%).

This trend is unchanged even if we consider two major changes in methodology: the change in labor force coverage in 1976 (when the threshold age for being considered part of the labor force was raised from ten years old to 15 years old) and the change in the reference period in 1976-1987 (when the past quarter was used, instead of the past week reference period used before 1976 and from 1987 until today). The current crisis of joblessness would probably be even more pronounced without these two changes.

The figure of 4.4 million unemployed however still grossly understates the seriousness of the country's jobs crisis. There is also the poor quality of so many jobs created with millions more in insecure, unprotected, and poorly or non-earning work. In 2008 among those considered employed were 4.2 million "unpaid family workers" and 12.1 million "own-account workers" stereotypically covering those in informal sector work.

To this can also be added 4.5 million non-regular wage and salary workers or those with casual, contractual, probationary, apprentice or seasonal status. This is estimated by extrapolating the finding of the 2007/2008 BLES Integrated Survey (BITS) of the Bureau of Labor and Employment Statistics (BLES) that some one in four workers in non-agricultural establishments with 20 or more workers had non-regular status.

This poor quality of much work is already partly reflected in the underemployment figure in 2008 of 6.6 million which covers those employed but nonetheless still looking for more work and income. Also, in 2008 around 11.9 million or over one in three jobs (35.5%) were in just part-time work.

The 25.2 million Filipinos denied of decent work is equivalent to 65.4% of the country's labor force of some 38.5 million in 2008 (the labor force figure also adjusting for the April 2005 change in definition).

**The domestic jobs crisis goes far in explaining the unprecedented forced migration happening.** The latest official estimate of the stock of overseas Filipinos is 8.73 million as of end-2007 consisting of 5.03 million overseas Filipino workers (OFWs) and 3.69 million permanent residents or immigrants. In 2008 1.24 million Filipinos were deployed abroad or almost 3,400 leaving per day.

While the economy is reported to be expanding with gross domestic product (GDP) growing on an average of 4.9% during the Arroyo administration, the deteriorating domestic jobs situation and record OFWs underscore that growth is distorted and the economy is failing to deliver decent work opportunities for Filipinos. These underpin the rising poverty in the country and IBON's latest October 2009 national survey already had 71% of Filipinos rating themselves as poor.

Economic policy has to be radically reoriented to building the solid and more genuinely job-creating foundations of the domestic economy. Immediate welfare improvements can also be achieved by increasing wages and benefits and intervening to ensure job security. The gross imbalance between employers and their workers also needs to be remedied by, among others, giving greater room for organizing labor and strengthening unions, which are also among of the basic rights of Filipinos.
http://www.ibon.org/ibon_articles.php?id=4

Ano naman ang ipinapakita ng video na ito?

1. https://www.youtube.com/watch?v=ePtP787pe4c – ito ay diskusyon ng mga eksperto tungkol sa legal na karapatan at mga benepisyo ng mga manggagawa.

Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang mga karapatan ng isang manggagawa?
2. Ano ang ibat-ibang uri ng mangggagawa ang nabanggit sa artikulo>
3. Anong mga datos ang nagpapakita na ang mga Pilipino ay ipinagkakait ng disenteng trabaho?
4. Anong mga datos ang nakaaalarma na magkakaroon ng malawakang unemployment sa ating bansa?
5. Ano-anong mga suliranin sa paggawa ang nabanggit sa artikulo?
6. Sa artikulong ito, ano ang mga sanhi ng di mapantayang puwersadong pangingibang bansa ng mga manggagawang Pilipino?
7. Nakatutulong ba ito sa pambansang ekonomiya ng bansa?
8. Anong matalinong mungkahi ang maaari mong isulong upang mahinto ang ganitong mga pangyayari sa ating mga manggagawa?
9. **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?**

Sa ating pagpapatuloy, ating pag=aralan ang isang sipi ng artikulo sa susunod na gawain.

## GAWAIN 5. Tukuyin Mo

Atin namang silipin ang artikulong ito ng ilang beses upang matukoy ang epekto ng pagkakamali sa patakaran.
Upang mas mabigyang pansin ang mga detalye, maaaring gumamit ng panulat na may kulay ang mga salita o pangungusap na mahalaga.

Teksto 3

**Mga pagkakamali sa patakaran**


May mga pandaigdigang pangyayari nitong mga nakaraang taon na labas sa kontrol ng administrasyon. Gayunman, naroon na ang mga suliranin bago pa nito – mahinang pag-unlad sa trabaho, pagbagsak ng manupaktura, mababang kita sa kanayunan, at lumolobong impormal na ekonomyang serbisyo. Ang mga suliraning ito ay hindi pangunahing dahil sa sunud-sunod na krisis sa pagkain, langis at pinansya kundi dahil sa mga maling patakaran sa ekonomya.

Itinulak ng administrasyong Arroyo ang estratehiyang pang-ekonomya na itinindig sa mga patakarang 'malayang pamilihan' ng globalisasyon – pag-alis ng sagka sa kalakal, pagtanggal ng kontrol sa pamumuhunan, pagsapribado ng mga pampublikong gamit at serbisyong panlipunan, deregulasyon, at tuluy-tuloy na pagbabayad-utang. Itong masasaklaw na hakbang na ito ang pinakamalalaking salik sa likod ng masahol na suliraning pang-ekonomya ng bansa at kinakailangang mabaligtad upang magkaroon ng pag-asang madirehe ang ekonomya patungo sa tunay na pag-unlad na panlipunan. Kahit ang korapsyon, na tunay naming lumala, ay hindi nakalikha ng gayong kapinsalaan.

Agresibong niligawan ang mga dayuhang mamumuhunan at inengganyo ng galanteng mga insentiba, pati ng kalayaang kumilos nang halos walang obligasyong mag-ambag sa pag-unlad ng pambansang ekonomya. Ang mga imprastruktura sa transportasyon, kuryente at tubig ay itinatag pangunahin para pagsilbihan ang pangangailangan ng malalaking dayuhan at lokal na interes sa negosyo.

Hango mula sa: http://www.ibon.org/ibon_features.php?id=86

Mula sa pagbasa sagutin ang Cluster Map upang matukoy sa maikling buod ang pangunahing kaisipan tungkol sa artikulo.




Sa ating pagpapatuloy, ating busisiin ang isa pang artikulo.

## GAWAIN 6. Ano ang Epekto?

Pagsusuri ng Epekto

Basahin ang artikulo sa ibaba. Bigyang diin ang pagpapaliwanag ng mga epekto ng krisis.



Teksto 4

**Migrasyon sa gitna ng krisis pandaigdig**
*by Ilang-Ilang D. Quijano*

Apektado ng krisis pang-ekonomiya ang remittances na ipinapadala ng OFWs: bumababa ang kanilang sahod at ang halaga nito (Larawan mula sa Bulatlat.com)

Natatandaan ni Garry Martinez ang pagputok ng Asian Financial Crisis noong 1997 bilang isang malagim na yugto ng kanyang buhay. Dahil sa paghina ng Korean Won kontra dolyar, ang sahod niya bilang *factory worker* sa South Korea na dating katumbas ng 1,500 USD (US Dollar) ay naging 600 USD na lamang.

Para hindi mabawasan ang pera na ipinapadala sa kanyang pamilya, sa kanyang libreng oras ay naghahanap siya ng dagdag na mapagkakakitaan. Imbes na magpahinga mula sa 12 oras na pagtatrabaho sa pabrika, nagkakargador siya sa lipat-bahay o tumutulong sa anihan ng pechay.
Sakripisyo ang katumbas ng krisis. Ito ang reyalidad para sa Overseas Filipino Workers (OFWs) noon, at lalong higit pa ngayon.

Pinaniniwalaang papasok o nasa *recession* na ang ekonomiya ng daigdig. Isang *debt crisis* o krisis sa utang ang tumampok sa Estados Unidos at mga bansang Europa. Lumobo ang utang ng mga nasabing bansa dahil sa ginastusang *bailout* ng malalaking korporasyon at bangko na bumagsak sa krisis pampinansiya noong 2008.

Tuluy-tuloy ang pagbagsak ng pandaigdigang ekonomiya. Maisisisi ito sa tinatawag na “krisis ng sobrang produksiyon” at pagkamal ng supertubo sa ilalim ng monopolyo kapitalismo. Resulta ng pinakahuling krisis sa utang at pinansiya ang ibayong kawalan ng trabaho at pagtitipid (*austerity measures*) sa mga bansang kapitalista.

Malaki ang epekto ng krisis para sa Pilipinas, na isa sa mga nangungunang bansa sa pag-e-eksport ng lakas-paggawa. Sa tuwing pagputok ng krisis, nakataya ang hanapbuhay ng milyun-milyong OFW, ang mga pamilyang umaasa sa kanila, at ang ekonomiya ng bansa na ang tanging kinakapitan ay ang ipinapadalang *remittances* ng mga migranteng manggagawa.

**Pagtumal ng paglago ng remittances**

Patuloy ang paglaki ng *deployment* ng mga manggagawang Pilipino sa iba't ibang bansa. Noong nakaraang taon, umabot sa 1,470,826 na manggagawa ang nangibang-bansa o katumbas ng 4,000 na Pilipino araw-araw. Dahil lumalaki ang *deployment*, patuloy din ang paglaki ng *remittances*: umabot ito sa 18.76 Bilyon USD noong 2010.

Ngunit may bagong napupuna ang mga ekonomista. Tumataas man ang halaga ng *remittances*, lumiliit ang *growth rate* o antas ng paglago nito. Sa naunang mga dekada at maging sa mga taon bago ang 2008 na krisis pampinansiya, nasa *double-digit* ang *growth rate* ng *remittances*. Ngayon, nasa *single-digit* na lamang ito. (*Tingnan ang graph*)

Bumagsak na rin ang share o bahagi ng OFW *remittances* sa Gross Domestic Product (GDP) ng bansa. Mula sa pagiging 10.4 porsiyento ng GDP noong 2006, ngayon ay nasa siyam na porsiyento na lamang ng GDP ang *remittances*.
Ayon mismo sa Asian Development Bank sa pag-aaral na The Global Crisis and the Impact of Remittances on Developing Asia, "May pagtumal sa antas ng paglago ng *remittances* sa buong rehiyon, na tatagal nang ilan pang taon." Dahil nakaasa sa *remittances* ang malaking bahagi ng ekonomiya, tinatayang magdudulot ito ng mas matumal na ekonomiya at paggasta.

Gayunpaman, nananatiling malaking bahagi ng GDP ang OFW *remittances*. Kaya naman lalong pinaiigting ng administrasyong Aquino ang pag-e-eksport ng lakas-paggawa — kahit pa nangangahulugan ito ng ibayong pagsasamantala sa mga manggagawang Pilipino.

**Pagbarat sa sahod, pagtanggal sa trabaho**

Matindi ang kompetisyon sa panahon ng krisis pang-ekonomiya, na nagdudulot ng tanggalan at lalong pagbarat sa

sahod ng mga manggagawa. Isa ito sa mga dahilan ng matumal na paglago ng OFW *remittances* sa nakaraang mga taon.

“Hindi katulad noong *early 80s* na dominante tayo sa *overseas employment,* ngayon sumisikip na talaga ang *labor market*. Ang ginagawa ng mga kompanya, tatanggalin ka sa trabaho para i-*rehire* ka, pero sa mas mababang sahod. Wala namang magawa ang mga Pilipino dahil yung ibang lahi, *willing* tumanggap pa ng mas mababa,” ayon kay Martinez, ngayo’y tagapangulo ng Migrante International.

Sa mga pabrika gaya ng kanyang dating pinagtatrabahuan sa South Korea, halimbawa, nasa 300 USD na lamang ang karaniwang buwanang sahod. Samantalang may mga *domestic helper* (DH) sa Gitnang Silangan na nakakatanggap ng 150 USD lamang, kahit pa 400 USD ang minimum na sahod ng DH na itinakda ng gobyerno ng Pilipinas.

Lalo pang lumiliit ang halaga ng kanilang sahod sa paghina ng dolyar kontra piso, na inaasahang magpapatuloy sa gitna ng krisis sa US.

Lalong ramdam ng mga migranteng Pilipino sa US ang krisis sa nasabing bansa. Isang Certified Nursing Assistant (CNA) si Justine Pahati, 26, ngunit nagtatrabaho sa airport ng Los Angeles dahil sa umano’y mababang sahod ng mga CNA. Aniya, dahil sa mga *budget cut* ng administrasyong Obama, wala siyang tulong na natatanggap para sa pangangalaga ng anak *(child care)*. “Kahit may trabaho ka, mahirap ang buhay dito. Paano pa kaya ang mga walang trabaho?” sabi ni Justine.

Apektado rin ng mas mababang *exchange rate* ang mga OFW sa US. “Kung dati 400 (USD) ang ipinapadala ko, ngayon 500 na. Umaasa kasi sa akin ang pamilya ko sa Pilipinas,” ayon naman kay Julie McGuire, tubong Oriental Mindoro at nag-migrate sa US noong 1996. Tumataas din umano ang lahat ng gastusin, gaya ng bayad sa kuryente at presyo ng mga bilihin, sa panahon ng krisis.

Samantala, mapapansin din sa datos ng Philippine Overseas Employment Agency na simula 2006, bumababa na ang bilang ng *new hires* (o bagong empleyong manggagawa), at ang tumataas na lamang ay ang bilang ng *re-hires* (o manggagawang muling inempleyo). Tila pinapatotohanan nito na dumaraming manggagawa ang nag-aagawan sa mas kakaunting trabaho.

Sa Saudi Arabia, nanganganib masisante ang marami sa 1.2 milyong Pilipinong nagtatrabaho roon dahil sa Saudization o Nitaqat. Nagaganap ang Nitaqat tuwing may matinding krisis sa Saudi. Gayundin sa ibang *host countries,* "proteksiyunismo" at paghihigpit sa mga polisiya sa migrante ang kasalukuyang tendensiya. Binibigyang-prayoridad ng host countries ang kanilang mga mamamayan na nakararanas ng kawalan ng trabaho at akses sa batayang mga serbisyo.
Ayon sa ulat ng Migrante-Middle East, sinimulan na ng gobyernong Saudi ang *color-coding* ng mga kompanya. Oobligahin ang mga kompanyang nasa kategoryang *red* at *yellow*, simula Enero 2012, na tanggalin ang mga migranteng nagtatrabaho roon ng mahigit anim na taon.

"Binabaha na kami ng tawag mula sa mga OFW na nais malaman ang kategorya ng kanilang kompanya. Ngunit walang binibigay na datos ang gobyerno at mga HR (*human resources*) *manager* nila," sabi ni John Leonard Monterona, *coordinator* ng Migrante-ME.

**Lokal na ekonomiya, dapat palakasin**

Pinapatotohanan ng krisis pandaigdig na hindi dapat iasa ang kabuhayan ng mga Pilipino sa pangingibang-bansa, at ang ekonomiya ng Pilipinas sa dolyar na kanilang ipinapadala.

Ayon sa Migrante, pagpapalakas ng lokal na ekonomiya ang tanging pangmatagalang solusyon sa krisis. "Kahit kalahati pa ng populasyon ang mag-*abroad*, hindi lalakas ang ekonomiya hangga't walang pambansang industriyalisasyon at reporma sa lupa na lilikha ng trabaho," sabi ni Martinez.


Inaasahang titindi pa ang krisis ng kapitalismo. Magpapatuloy ang pagtumal ng ekonomiyang lokal at pandaigdig. Nasusukat at naipapakita ito ng mga estadistika. Ang hindi kailanman masusukat ay ang mga sakripisyo ng milyun-milyong migranteng Pilipino na lalong walang seguridad, at lalong pinagsasamantalahan, sa gitna ng krisis.

**http://pinoyweekly.org/new/2011/10/migrasyon-sa-gitna-ng-krisis-pandaigdig/**

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Bakit nangingibang bansa ang manggagawang Pinoy?
2. Ano ang pangunahing suliranin ng mga OFWs?
3. Ano-ano ang mga epekto ng krisis sa kalagayan ng mga OFWs?
4. Ano ang naidudulot nito sa kanilang pamilya? At maging sa kabuuuang ekonomiya ng bansa?
5. Ano ang maaaring gawin ng ating pamahalaan sa hamon na ito?
6. **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?**

Upang mas maging malinaw ang pag-unawa sa mga artikulo, maaari mong ilagay sa isang Tree Map ang mga nakalap na impormasyon na tumutukoy sa mga dahilan ng pagkakaroon ng suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon.




Ngayon ay natukoy mo na ang mg dahilan ng pagkakaroon ng suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon, ano ang iyong pagka unawa sa salitang globalisasyon?
Ano ang ibig sabihin ng globalisasyon?

Maari mong bigyang katuturan ito sa pamamagitan ng pagbigay ng sarili mong depinisyon.

Sa susunod na gawain, ating tatalakayin at paghambingin ang iiba't-ibang kahulugan ng salitang Globalisasyon. Ito ay ating simulan sa pamamagitan ng depinisyon.

## GAWAIN 7. Pakahulugan Mo

Narito naman ang depinisyon na hinango mula sa
Globalization: A Brief Overview
By IMF Staff https://www.imf.org/external/np/exr/ib/2008/053008.htm

***What is Globalization?***

Economic "globalization" is a historical process, the result of human innovation and technological progress. It refers to the increasing integration of economies around the world, particularly through the movement of goods, services, and capital across borders. The term sometimes also refers to the movement of people (labor) and knowledge (technology) across international borders. There are also broader cultural, political, and environmental dimensions of globalization.

The term "globalization" began to be used more commonly in the 1980s, reflecting technological advances that made it easier and quicker to complete international transactions—both trade and financial flows. It refers to an extension beyond national borders of the same market forces that have operated for centuries at all levels of human economic activity—village markets, urban industries, or financial centers.
There are countless indicators that illustrate how goods, capital, and **people**, have become more globalized.

- The value of trade (goods and services) as a percentage of world GDP increased from 42.1 percent in 1980 to 62.1 percent in 2007.
- Foreign direct investment increased from 6.5 percent of world GDP in 1980 to 31.8 percent in 2006.
- The stock of international claims (primarily bank loans), as a percentage of world GDP, increased from roughly 10 percent in 1980 to 48 percent in 2006.[1]
- The number of minutes spent on cross-border telephone calls, on a per-capita basis, increased from 7.3 in 1991 to 28.8 in 2006.[2]
- The number of foreign workers has increased from 78 million people (2.4 percent of the world population) in 1965 to 191 million people (3.0 percent of the world population) in 2005.

**Hango mulas sa artikulo na :** Globalization: A Brief Overview
By IMF Staff https://www.imf.org/external/np/exr/ib/2008/053008.htm


Bisitahan naman ang website sa ibaba at panoorin ang video clip tungkol sa globalisasyon.
https://www.youtube.com/watch?v=3oTLyPPrZE4 – globalization

Ano naman ang isinasaad ng kaisipang ito?

Ang salitang globalisasyon ay pinatanyag ni Theodore Levit isang ekonomistang Amerikano noong 1983. Ngunit ang salitang ito ay bukambibig na noon pang 1944. ang katawagang ito ay ginamit ng mga ekonomista mula 1981, subalit ang konsepto nito ay di-gaanong binigyan ng sapat na pansin hanggang sa huling bahagi ng 1990.

https://www.google.com.ph/search?biw=1008&bih=542&source=lnms&tbm=isch&


Sa bandang ito, gawan ng simpleng Continuum Map ang nilalaman ng slide sa itaas.



Ano ang mga mahahalagang konsepto ang iyong natuklasan tungkol sa globalisasyon?

Ano ang koneksyon ng mga depinisyon na ito sa ating pag-aaral tungkol sa paggawa?

Isulat ang mga ito sa isang bubble map.




Ano nga ba ang mga  proseso meron sa globalisasyon?

Ikaw ba ay sang-ayon sa ideya ng globalisasyon.? Ano ang pananaw ng ibang sector sa usaping ito? Ating tingnan ang artikulo sa ibaba tungkol sa globalisasyon sa artikulong pinamagatang: An gaming Paninindigan Laban sa APEC at Globalisasyon.

Sa iyong pagbabasa ng teksto, gagamitan mo ng **Paraphrasing Strategy (RAP-Read, Ask and Put)** Sundin ang panuto.


Step 1: Read the passage silently

Basahin ang talata ng walang ingay. Habang nagbabasa, siguraduhin ang kahulugan ng salita.

Step 2: Ask yourself of the following questions.
Tanungin ang sarili ng mga sumusunod na tanong.

a. Ano ang pangunahing ideya at detalye ng bawat talata?
Sagutin ito:
Ang talatang ito ay tungkol sa ______________________.


Step 3: Put the main idea and details in your own words.
Isulat sa sariling salita ang pangunahing ideya at detalye at ito ay magiging iyong ideya.




## GAWAIN 8. Ano nga Ulit?

Ano naman ang globalisasyon sa pananaw ng ibang sector? Magkapareha ba ang pag unawa nila? Paano ito magiging iba sa pananaw mo?

Alamin mo nga sa paninindigan ng grupong ito.



Teksto 5

**Ang Aming Paninindigan Laban sa APEC at Globalisasyon**



**1. Ano ba ang globalisasyon?**

Simulan natin ang pagsusuri sa globalisasyon sa malinaw na pag-unawa sa kahulugan ng salitang ito. Sa pinakasimple pero pinakaesensyal na kahulugan, ang globalisasyon ay ang integrasyon ng mga pambansang ekonomiya sa iisang pandaigdigang ekonomiya. Tinutukoy nito ang proseso ng internasyunalisasyon ng produksyon at distribusyon ng mga produkto at serbisyo na kailangan ng lipunan. Ang tinatawag na globalisadong ekonomiya ay ang kabuuan ng kawing-kawing na mga ekonomiyang nag-uugnayan.

Ang pangkaraniwang produkto sa panahong ito ng globalisasyon ay nililikha hindi sa iisang bansa kundi sa maraming bayan at ibebenta ito sa iba pa ring mga bansa. Halimbawa, ang pagdidisenyo ng mga semiconductor chip at pagmamanupaktura

ng mga basic wafer ay maaring gawin sa headquarters ng Motorola sa US. Ang cutting ng mga wafer at assembly ng mga computer chip ay magaganap sa mga planta nito sa Malaysia. Dadalhin pa muna ang mga ito sa Singapore para i-testing bago tuluyang iluwas ang mga yaring computer chip sa mga pagawaan ng Acer sa Taiwan upang ikabit sa buong mga computer kasama ang iba pang mga pyesa na nagmula sa sari-saring bansa. Ang kumpletong mga computer naman ay maaring ibyahe sa Amerika o dalhin sa iba pang bansa upang doon ibenta.

Ganito ang sistema sa panahon ng globalisasyon. Ito ang takbo ng tinatawag na globalisadong ekonomiya. Ang assembly line ay mistulang nakalatag sa apat na sulok ng daigdig. Ang pamilihan ng mga kalakal ay ang buong mundo. Hindi kalabisan ang sabihing ang mga kalakal ay likha ng kolektibong paggawa ng uring manggagawa ng daigdig.

Bunga ng globalisasyon, maaring sabihing napakahirap kundi man imposibleng umiral nang nag-iisa at nakahiwalay ang isang bayan sa iba pang bansa at sa kabuuang pandaigdigang ekonomiya. Iniimport ng bawat bansa ang marami sa kanyang mga pangangailangan at inieksport naman ng mga produkto at serbisyo na kailangan ng ibang bayan. Ang kapital ay madaling pumasok sa isang bansa para ipuhunan at maluwag din naman na lumikas para inegosyo sa ibang bayan.

Ang mga bansa bago sumulpot ang globalisasyon ay gaya ng isang dating magbubukid na nabubuhay sa nakasasapat-sa-sariling pagsasaka. Sa ganitong sistema ng pamumuhay, ang kalakhan ng mga nesesidad sa buhay ng magsasaka—gaya ng pagkain at damit—ay mismong siya ang gumagawa. Ang kaniyang ani ay kinokonsumo ng kanyang pamilya imbes na ibinebenta. Ang isang modernong magsasaka ay hindi na ganito ang pamumuhay. Ang mga materyales mismo sa pagsasaka ay kinukuha sa pamilihan—punla, abono at traktora. At ang ani ng magsasaka ay ibinebenta sa palengke para may ipambili naman ng sari-saring pangangailangan niya sa buhay. Ganito na rin maihahalintulad ang ekonomiya ng isang bansa sa panahon ng globalisasyon.

Totoong ang pandaigdigang pangangalakal at pamumuhunan ay matagal nang umiiral bago pa ang panahong ito ng globalisasyon. Kahit noong kapanahunan ni Hesu Kristo at Marco Polo ay mayroong kalakalan sa malawak na bahagi ng daigdig. Gayunman, iilang produkto lang ang ikinakalakal at mismong eksepsyon ang magbenta't bumili ng mga pangangailangan sa buhay. Dagdag pa, may kalakalan pero walang pamumuhunan, may mga alipin pero walang mga manggagawa noong panahong iyon. Pero kahit pa noong naitatag na ang makabagong lipunan, ang sistemang kapitalista, ang saklaw ng kalakalan at pamumuhunan ay di pa rin gaya ngayon. Hanggang dekada 1970, karamihan ng mga produktong kinokonsumo sa isang bansa ay nilikha sa mismong bansa. Pero sa dekadang ito, unti-unti nang nagsimula ang proseso ng globalisasyon ng mga ekonomiya.

Hango mula sa:

http://popoylabansagloba.blogspot.com/2008/06/paninindigan-laban-sa-globalisasyon-ni.html
Paninindigan Laban sa Globalisasyon - ni Ka Popoy Lagman -


Pamprosesong Tanong:

1. Anong mga produkto ang halimbawa ng dulot ng globalisasyon?
2. Paano ipinapakita ng globalisasyon sa isang produkto?
3. Paano ang globalisasyon nakaaapekto sa isang payak na pamumuhay?
4. Paano makasasabay sa globalisasyon ang isang papaunlad ba bansa tulad ng Pilipinas?
5. Paano matatamo ang katatagan ng isang ekonomiya upang makapagsabayan sa iba pang mga bansa?

Naging malinaw ba sa iyo ang ilang proseso ng globalisasyon?

Ano ang magkakaparehong konsepto ang iyong nakasalamuha sa mga impormasyon na nakalap?

Isulat ito sa isang Venn diagram




Alin sa mga salitang ito o ideya ang mahalaga upang lalong mapalalim ang kaalaman tungkol sa paksa?

Ngayon, tayo ay kukuha ng mga salita o parirala na may koneksyon sa pangunahing konsepto.
Mula sa mga grupo ng salitang nalipon, isulat sa nararapat na kahon sa Frayer Model ang mga salitang inyong nalipon.

Maaari mo pang dagdagan ang mga salitang nabuo o nakuha mula sa mga artikulo lalo na sa kahon ng Di-halimbawa.

Punan ang Frayer Model sa ibaba.

| | |
|---|---|
| KAHULUGAN | MGA KATANGIAN |
| MGA HALIMBAWA | A |

**Globalisasyon**

Ang inyong kaklase o guro ay maaaring magtanong ng karagdagan upang mas lalong maunawaan ang mga termino.
Maaaring pumili ng miyembro na siyang mag-uulat ng inyong model.

(Pagkatapos nito ay pag-uusapan ng buong klase ang mga konsepto sa sa bawat kahon pamamagitan ng pag-unawa ng mga DI-HALIMBAWA Maaari ring mag-aasign ng indibidwal na Frayer Model na maaaring ipaskil para sa buong klase. Sa pagpapatuloy ay maaaring gamitan ng ibang kulay ng pen kung merong maidagdag na bagong konsepto sa Frayer Model. Sa loob ng klase ay gumawa ng Four Corners at ipaskil ang outputs ng mga kaklase.

Malamang mas marami ka nang nalaman tungkol sa paksa. Maaari ring may pagkakaiba na rin sa iyong pananaw tungkol sa mga isyu na pinag-uusapan. Bago pa man tayo tumuloy sa susunod na gawain, muli nating balikan ang iyong Gneralization Table at punan ang pangalawa at pangatlong kahon.

| Pansamantalang Kaisipan Tungkol sa Paggawa | Aking natuklasan at Pagwawasto ng Kaisipan | Ebidensya na Nagsusuporta | Mga Kondisyon | Ang Aking pagbubuod. |
|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | |
| 2. | | | | |
| 3. | | | | |
| 4. | | | | |
| 5. | | | | |
| 6. | | | | |

**Pagtatapos ng Paglilinang**

Sa bahaging ito ay nalaman mo na ang mga isyu sa paggawa dulot ng globalisasyon.

Nabibigyang halaga ang malalim na pag-unawa nito upang matataya ang implikasyon ng iba't-ibang suliranin sa paggawa sa pamumuhay at sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa. Mula sa paglilinang na ito, ikaw ay makabubuo ng mga mungkahi upang malutas ang iba't-ibang suliranin sa paggawa.

Malinaw na rin ba kung alin sa mga pansamantala mong kaisipan tungkol sa paggawa ang tama o mali? Ano ang iyong bagong tuklas? Naiwasto mo na ba ang mga kaisipang ito? Maaari ring mailapat mo na ang mga ebidensyang magsusuporta sa mga kaisipang ito. At maaaring pagyamanin pa habang tayo ay magpapalalim sa paksa.

Ngayong alam mo na ang mahahalagang konsepto tungkol sa aralin, samahan mo akong palalimin ang iyong mga kaalaman tungkol sa mga isyu sa paggawa dulot ng globalisasyon.

Ikaw ba ay nasisiyahan sa iyong pag-aaral?
Inyong tunghayan ang panayam kay Roy Seneres sa website na ito:
http://www.youtube.com/watch?v=DLs3_CpWjQ8 panayam kay roy seneres

## PAGPAPALALIM

Ang hangarin mo sa bahaging ito ay magkakaroon ng kritikal na pagsusuri sa mga mahahalagang aspeto ng ating paksa. Paano makakamit ang isang matatag at nakikipangsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?

Ating pag-aralan ang iba't-ibang uri ng datos mula sa mga videos, websites at mga artikulo. Mula sa mga ito ay mahuhugot ang mga mahahalagang impormasyon na magpapalalim ng iyong kaalaman tungkol sa paksa. Handa ka na ba?

Sa ating pagpapatuloy, ating panoorin ang isang panayam kay Roy Seneres.

### GAWAIN 9. Pakinggan at Palawakin Mo.

I click ang website sa ibaba at kunin ang mahahalagang impormasyon
http://www.youtube.com/watch?v=DLs3_CpWjQ8
Panayam kay Roy Seneres- OFW partylist

Mula sa panonood ng video, ating palawakin ang kaalaman sa pamamagitan ng pagbasa ng artikulo sa ibaba.



Teksto 6

**MGA SULIRANIN SA PAGGAWA**

MARAMI ang tao; MALAKI ang pangangailangan; KAUNTI ang nagkakatrabaho.

**PANGUNANG SALITA:**

Ang mga polisiya ng ating lakas-paggawa ay patuloy na gumugulo dahil sa napakaraming malubhang suliranin na ating kinahaharap ngayon. Ang ating mga polisiya ay sumusunod lamang sa mga polisiya ng mga mauunlad na mga bansa. Ang mga polisiyang iyon ay sadyang ginawa para sa merkado ng mga bansang mga pagkukulang sa lakas-paggawa o ang bilang ng mga walang trabaho ay hindi tinuturing na suliranin.

Ang mga trabahong nalikha dahil sa kasalukuyang ekonomiya ay hindi sapat kung kaya't kailangang lumikha ng mga panibago. Ang mga trabahong iyon ay nangangahulugang maayos at napapanatili ang magandang kalidad ng patrabahuhan ng ekonomiya.

Ngunit ang mga polisiya ay nangngailangang mapalitan at maisaayos. Ang mga ito'y kailangang sumasaalang-alang sa kawanihan at hindi pumapabor sa mga taong nagtatrabaho. Ang mga ganitong mga polisiya ay napatunayan ng nakatulong na mapataas ang antas ng produktubidad ng ating lakas-paggawa.

**ANG SULIRANIN SA KAWALAN NG TRABAHO (UNEMPLOYMENT) AT NG NAGTATRABAHO NG DI PART-TIME (UNDEREMPLOYMENT)**

Noong taong 2002, mayroon tayong 33.6 milyong manggagawa sa pangkabuuang lakas-paggawa mula sa kabuuang 80.1 na populasyon. Sa bilang na ito, 3.4% (10.2% ng lakas-paggawa) ay walang trabaho. Sa bilang na ito, 15.3% ay (o 4.8 milyong manggagawa) iniisip na sila'y kabilang sa mga underemployed o di nagagamit ang kanilang buong kapasidad sa paggawa. Isa pang suliranin ay ang ating lakas-paggawa ay masyadong sumasandal sa mga kabataan. Ang mga iyon, noong 2002, ay wala pang gulang na 15 (lahat ng lalampas sa gulang na ito ay itinuturing ng kabilang sa lakas-paggawa). Mayroong 29.3 milyong kabataang nasa 15 taong gulang pababa. Ibig sabihin, ang mga dapat mapabilang sa lakas-paggawa sa susunod na 14 taon ay naipanganak na ng maaga.

Ipagpalagay natin na ang partisipasyon ng ating populasyon na nasa hustong gulang na ay nasa 65%, samakatuwid ang bahagdang ito'y nadargdagan ng 18 milyon sa bawat 14 na taon kung kaya't nangangailangang magdagdag ng karagdagang 1.5 na trabaho.

ISANG ESTADISTIKA:

Matatandaan na sa kanyang unang State of the Nation Address noong Hulyo 2001, ipinangako ni Pangulong Gloria Macapagal-Arroyo ang pagkakaroon ng disente at produktibong trabaho para sa sa bawat manggagawang Pilipino. Sa pamamagitan umano ito ng "pagpaparami ng trabaho, pagpapanatili ng empleyo, pagpapahusay ng trabaho, at pagpapadali ng empleyo."

Tatlong taong nakalipas, sa kanyang pinakahuling State of the Nation Address na talumpati noong nakaraang linggo, Hulyo 26, binanggit muli ng pangulo ang tungkol sa empleyo. Ngunit kasabay ng umano'y paglikha ng isang milyong trabaho taon-taon, inanunsyo rin ng pangulo na magkakaroon ng serye ng tanggalan sa hanay ng mga kawani sa pamahalaan. Batay na rin sa mga naulat na pahayag ni Budget Secretary Emilia Boncodin at Civil Service Commission chair Carina David, aabot sa 50,000 ang bilang ng mga kawaning nakatakdang tanggalin sa trabaho sa lalong madaling panahon.

Hindi pa man nakakalikha ng trabaho, marami na ang tinanggalan ng trabaho at nagdagdag sa mataas nang unemployment rate.

Sa kasalukuyan 4.989 na milyong Pilipino ang walang trabaho. Batay na rin sa pinakahuling ulat ng National Statistics Office, tumalon ang unemployment rate sa 13.7% nitong Abril kumpara sa 12.2% noong Abril 2003. Noong Enero lamang, 3.9 na milyon ang walang trabaho. Sa loob ng ilang buwan lang, umakyat ito sa halos 5 milyon.

Ang masaklap, hindi pa dito nagtatapos ang kuwento. Hindi kasama sa komputasyon ng NSO ang 431,872 na Pilipinong hindi nakakuha ng trabaho sa Pilipinas kaya't nakipag-sapalaran bilang mga OFW sa ibang bansa. Sa kabilang banda, binibilang ng NSO ang milyon-milyong Pilipino na kontraktwal ang kontrata, at karaniwang limang buwan lang kada taon na may maasahang trabaho. Kung sa ulat ng gobyerno ay may limangmilyong Pilipinong walang trabaho, dapat na i-multiply ang bilang na ito ng tatlo hanggang apat na beses dahil ito ang bilang ng mga apektadong pamilya. Idagdag pa ang 6 na milyong may trabaho ngunit di sapat ang kinikita kaya't naghahanap pa ng "karagdagang trabaho" (i.e. underemployed), lalabas na may 16-19 milyon ang Pilipinong walang mahanap na trabaho sa loob ng bansa sa kasalukuyan o halos 40% ng potential labor force.

Mismong ang Employers Confederation of the Philippines o ECOP na ang nagsabi na ang ekonomya ng Pilipinas ay "employment distressed" nitong huling apat na taon. Patuloy na nangaganib ang kabuhayan ng 31.52 milyong may trabaho. Patuloy na sinasalanta ang kanilang job security ng kontraktwalisasyon, kaswalisasyon, pagbawas ng benepisyo, tanggalan at mababang pasahod.

Samantala, ang bilang ng nalilikhang trabaho sa bansa taon-taon ay aabot lang ng 1 milyon. Ibig sabihin, kahit ipagpalagay nating hindi na dadami ang bilang ng naghahanap ng trabaho, aabot pa sa 20 taon bago mabigyan ng trabaho ang kasalukuyang bilang ng mga Pilipinong walang trabaho. Kaso nadaragdagan pa ng 800,000 ang labor force kada taon dahil, sa biro-biro, masipag umano gumawa ng bata ang Pilipino.

Tapos, doon sa 1 milyong trabahong nalikha sa nakaraang tatlong taon, , mahigit kalahati ay "own-account" worker at unpaid family worker. Halimbawa ng mga"own-account worker" ay vendor, labandera, pedicab driver, atbp. Unpaid family worker naman yung mga nagbabantay sa sari-sari store ng pamilya o magsisilbi sa turo-turo ng nanay na di pinapasahod. Samantala, 34 na libo lang ang inilaki ng empleyo sa industriya na syang dapat lumalaki kung umuunlad o nag-iindustriyalisa ang ating ekonomya; at lumiit pa nga ng 8 libo ang empleyo sa manupaktura.

Hango mula sa :
http://4dagohoyonline.tripod.com/dagohoystudentsnotebook/suliraninsapaggawa.html

Ating tiyakin ang iyong galling sa pag-unawa ng mga artikulo gamit ang **Rule-Based Summarizing** ay sumulat ng sariling pagbubuod "Write Your Own Summary" ayon sa sumusunod na alituntunin.


**Summary Rule #1** Gamitin ang Single ~~Strike Out upang~~ kunin ang materyal na hindi mahalaga sa iyong pag-unawa.

**Summary Rule # 2** Gamitan ng Double ~~Strike Out upang ku~~nin ang impormasyon na inulit

**Summary Rule# 3** Palitan ang listahan ng mga bagay ng isang salita na nag describe ng mga bagay sa lista. Kulayan ito ng pula.

**Summary Rule #4** Hanapin ang topic sentence at palitan ang kulay nito ng berde. Kapag hindi nakita, gumawa at palitan ng kulay berde.

Mula sa nabuong Rule-Based Summary, punan ang Network Tree. Isulat sa loob ng kahon ang implikasyon o epekto ng iba't-ibang suliranin sa paggawa.




Napakagaling mo sa pagpili ng mahalagang impormasyon na may koneksyon sa paksa. Ngayon, patuloy nating pagyamanin ang kaalaman tungkol sa paksa sa pamamagitan ng susunod na gawain.

**GAWAIN 10. Tuklasin ang Suliranin, Busisiin ang Datos!**

Tingnan ang mga sumusunod na videos sa nakasaad na mga websites:

May Isang Tanong:
1. https://www.youtube.com/watch?v=YXo6v9jVDZY -" Maikling Paliwanag sa Krisis sa Trabaho"
2. https://www.youtube.com/watch?v=rPY52GnJOGA- Maikling Paliwanag sa Epekto ng Pandaigdigang Krisis sa mga Manggagawang Pilipino"
   Panayam kay Anna Leah Colina
   Deputy Executive Director, EILER
   Ecumenical Institute for Labor Education and Research, Inc.

Ano naman ang masasabi mo sa mga datos na ito?

**Yearend 2009: Economic Shocks, Political Ambitions and Challenges for the People in 2010**

Global crisis update
- The world economy is in a new period of lower economic activity with false or otherwise shallow recoveries.
- Another global slump and renewed economic downturn is likely in the coming years and possibly even in 2010.
  Impact on the Philippines
- The Philippine economy's "globalized" sectors have been deeply affected by the worldwide economic crisis and it has effectively been in recession since the start of 2009.
- The economy has not been "resilient" but rather developmentally inert - "free market" policies of globalization since the 1980s have particularly weakened the economy, distorted its growth, made it more vulnerable to external shocks and increased joblessness.

State of people's welfare
- The people's welfare has worsened with rising joblessness and growing poverty aggravated by militarization and other man-made disasters following natural disturbances and militarization.
  Migration and underdevelopment
- The economy's unprecedented dependence on overseas work and remittances is a sign of the domestic economy's backwardness and underdevelopment.
- The limits of overseas work as a lifeline for the economy are being reached with adverse affects on the welfare of individual OFWs and their families and creating greater problems for the economy as a whole.

Renewed fiscal crisis

- The descent into fiscal crisis will accelerate in 2010 with drastic implications on social services, portending greater tax burdens on the people, and leading to greater instability.

Land and livelihoods

- The deepening rural poverty and the lack of agrarian reform have spurred a national resurgence in peasant struggles for land, livelihood and social justice. Like previous land reform laws, the recently-passed Comprehensive Agrarian Reform Program with Reforms (Carper) fails in addressing the problem of landlessness and poverty in the countryside.

http://www.ibon.org/ibon_birdtalk.php?page=&id=17

Mga Pamprosesong Tanong:

1. Ano-ano ang mga dahilan ng krisis sa trabaho?
2. Ano ang epekto ng Pandaigdigang Krisis sa pamumuhay ng manggagawang Pilipino at sa ekonomiya ng bansa?
3. Paano ang pangingibang bansa ng mga manggaggawang Pilipino nakatutulong sa ekonomiya ng ating bansa?

4. Ano ang maaaring gawin sa mga suliraning ito bilang isang namamahala ng bansa? O maging isang kasapi ng pamilya? Ano ang mga kagyat at pangmatagalang solusyon sa krisis sa trabaho upang masiguro ang patuloy na pag-unlad ng mga pamilya?

5. **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?**

Paghambingin ang iyong bagong kaalaman tungkol sa usapin na ito sa pamamagitan ng pagbasa ng masinsinan ng seleksyon mula sa isang batayang aklat; Asya: Kasaysayan at Kabihasnan. Ang gawaing ito ay maaaring gawing isang Homework at gagamitan ng Reciprocal Teaching Strategy Worksheet. Maaari rin itong maging alternatibong Library work.

Teksto 7

Mga Suliraning Dulot ng Globalisasyon (pp. 486-490)
(Asya: Kasaysayan at Kabihasnan)

Isa sa mga karanasang kaugnay ng globalisasyon ay ang mga suliraning naraaranasan ng mga bansang papaunlad pa lamang. Matapos ang Ikalawang

Digmaang Pandaigdig, lumala ang suliranin sa kahirapan at naging mabagal ang pag-unlad sa mga bansang dating kolonya ng mga makapangyarihang bansa sa Europa at ng estados Unidos ng Amerika. Isa sa mga dahilan sa pangyayaring ito ang palagiang pag-asa (dependence) sa dayuhang maumumuhunan, teknolohiya, at kakayahan. Nagbunga naman ito ng mabagal na pag-unlad ng maraming bansang Asyano dahil sa kawalan ng tiwala sa sariling kakayahan ng mga ito. Laging umaasaang ang mga pinunong pulitikal sa tulong mula sa mas mayayamang bansa. Ang palagiang pag-asa ng mga bansang dating sakop ang sinasabing sanhi ng kahirapan, isang katotohanang dapat kilalanin ng mga nag-aaral ng kasaysayan at kabihasnan ng Asya na may nanatili pa ring interes ang mga makapangyarihang bansa sa kabila ng sinasabing kalayaan.

Sa kabilang dako, may mga nananatiling naniniwala na kinakailangang humingi ng tulong ang mahihirap na bansa sa mayayamang bansa sapagkat ang huli di-umano ang sentro ng kaalaman at pag-unlad ng kabuhayan. Sa ganitong pagtingin mahalagang manghimasok ang mayayamang bansa sa mahihirap na bansa sapagkat ang huli ang magiging tagapaghatid ng pagbabago at pag-unlad. Halimbawa, sa pamamagitan ng "pagpapahiram" ng ideolohiya ng industrialisasyon na makapapasok sa pamamagitan nh pananakop, mass media, at mga ugnayang pormal (diplomatiko) at di –pormal (kalakalang walang malinaw na limitasyon), inaakalang ang mga "tradisyunal na lipunan at ekonomiya " ng papaunlad na bansa ang pamantayan ng kaunlaran. Sa isang pananaw na tulad nito, mangyari pa, medaling maniwala ang sinuman na makikinabang nga siguro ang mga bansang tatanggap. Ngunit depende ang pasiya sa bawat kaso o okasyon. Kung kaya't hindi makasasama ang mag-ingat, pamahalaan man o indibidwal.

Ang muling pagbuhay ng mga pagtatangkang palawakin ang diplomatiko at ekonomikong relasyon ng mga bansang dating sakop at ng mga mananakop ng mga ito ay naisakatuparan sa pamamagitan ng mga kasunnduan at nabuong mga organisasyon. Lubos na naaapektuhan ng pandaigdig na proseso ng globalisasyon ang mga bansang Asyano sa pamamagitan ng pagwasak ng cultural, ekonomiko, at pulitikal na mga hadlang sa pagitan ng mga bansa upang malayang makalabas-masok ang mga kaalaman, impormasyon, puhunan, produkto, teknolohiya, kultura, at mamamayan. Naging maluwag ang mga batas at nabigyan ng pagkakataon ang mga dayuhan na makilahok sa mga gawaing pulitikal at pangkabuhayan. Inaasahang makahihikayat ng kompetisyon at pagpapahusay ng mga produkto at serbisyong ipinagbibili, nagkaroon ng tuwirang pakikialam ng pamahalaan sa mga bagay na may kaugnayan sa kalakalan. Maliban dito, nagkaroon din ng mga hakbang upang gawing pribado ang mga ahensya, negosyo, at kumapanyang pag-aari ng pamahalaan. Sa pamamagitan nito, inaasahang lalong tataas ang kita ng pamahalaan. Gayunpaman, taliwas sa inaasahan ang nagyari, sapagkat hindi naman nahadlangan ang pagsasamantala sa mga mamimili (consumer), dahil inalis na sa control ng pamahalaan ang pagtatakda ng halaga ng mga ipinagbibiling produkto at iniaalok na serbsiyo. Isa pang suliraning dulot ng deregulasyon at pagsasapribado ang korupsiyon. May

mga pagkakataon ding ang pribadong organisasyon at kumpanyang namamahala sa mga negosyo ay walang sapat na kasanayan at ang tanging inaasahan ng mga ito ay ang maibalik ang kanilang puhunan at makinabang.

Isa sa mga lumalalang suliranin ng hiwa-hiwalay na bansa sa Asya sa kasalukuyan ay ang iba't-ibang anyo ng korupsiyon at pagsasamantala gamit ang mga kapangyarihang pulitikal at pangkabuhayan. Isang halimbawa nito ay ang money laundering na madaling maisasagawa dahil sa globalisasyon. Ibinibilang sa mga tinatawag na white collar crime ang money laundering sapgkat itinuturing na ang mga salarin sa krimeng ito ay kabilang sa panggitna hanggang pinakamataas na antas ng lipunan. Dito matututunghayan ang paggamit ng impluwensiya at kapangyarihan ng mga taong nabanggit upang pagtakpan ang kanilang nagawang krimen. Karaniwang nagaganap ang malawakang money laundering mula sa sari-sariling bansa tungo sa labas sa pamamagitan ng pagdaan sa mga legal na transaksiyon sa mga bangko. Sa pamamagitan nito, napagtatakpan ang mga katiwalian sapagkat mahirap matunton kung saan naitatago ang mga salaping nakuha sa illegal na paraan.

Maliban sa korupsiyon, lumala rin ang kahirapan dahil sa blobalisasyon. Ang maraming bansa sa Asya, bukod sa panloob na mga suliraning pulitikal at pangkabuhayan, ay labis na naaapektuhan ng pandaigdig na pamantayan ng kaunlaran at mataas na antas ng pamumuhay. Naaapektuhan nito ang personal at panlipunang pananaw ng mga mamamayanna hindi makasabay o hindi makaabot sa pamantayan ng kaunlaran. Sa malimit na pagkakataon, maaaring humantong ang ganitong kalagayan sa pagkaawa sa sarili o kaya'y kawalan ng tiwala sa sariling kakayahan.

Nabanggit na sa panimulang bahagi ng kabanatang ito na ang mabilisang paglipat ng mga mamamayan sa iba't-ibang lugar sa daigdig ay isa sa mga pangyayaring kaugnay ng globalisasyon. Mula sa Asya, karamihan sa mga taong umaalis sa kani-kanilang bansa ay mga manggagagwang naghahanap ng mas malaking kita. Isa sa mga katangian ng migrasyon ng mga manggagawa ay ang lumalaking bilang ng kababaihan. Pinatutunayan ng maraming pag-aaral na may malaking epektong panlipunan ang ganitong uri ng migrasyon. Ang isa mga suliranin nito ay ang panghihina kung hindi man pagkawasak ng mahahalagang institusyong panlipunan tulad ng pamilya. Ang pamilyang naiiwan ng mga migrante ay dumaranas ng malaking kawalan, pisikal man o emosyonal, sa kabila ng ibinabalik na mag material na kapakinabangan tulad ng salapi.

Yamang walang tiyak na pamaraan upang mapigilan ang paglipat ng tao sa iba't-ibang lugar, kaugnay rin nito ang suliraning pang kalusugan. Madaling kumakalat ang mga sakit. Naranasan ng mga bansang Asyano ang takot sa iba't-ibang sakit tulad ng AIDS (acquired immund deficiency syndrome), avian influenza/ bird flu;anthrax, at iba pa.

Nararanasan ng mga Pilipino sa kasalukuyan ang malawakang pagbabago dulot ng pandaigdig na proseso ng globalisasyon.
Makikita ito sa pamamagitan ng mga hindi maiwasang bunga ng pagpapalitan ng kaalaman gamit ang makabagong teknolohiya, migrasyon at maging ng pagkalat ng mga sakit o karamdaman. Maraming suliraning hatid ang pangyayaring ito tulad na lamang na hindi pantay na oportunidad para sa pag-unlad ng mga lipunang napapaloob sa globalisasyon. Ang panghikayat para sa isang kulturang konsumerista ay may nakaabang na panganib sa mga bansang hindi kayang makipagsabayan sa mga agresibong bansa.

Pagkatapos ng mataimtim na pagbasa at pag-unawa sa mga impormasyon sa nasabing artikulo, gawin ang Reciprocal Teaching Strategies Worksheet.

**Reciprocal Teaching Strategies Worksheet**
Student's Name:______________________________________
Reading Assignment: _________________________________
Date:______________________________________________
Prediction: Before you begin to read the selection, look at the main title, scan the pages to read the major headings, and look at any illustrations. Write down your prediction about what the story or article will cover.
____________________________________________________
____________________________________________________

| **List Main Ideas.** As you finish reading each paragraph or key sections of the passage, summarize the main idea of the paragraph or section in one or two complete sentences. | **Generate Questions.** For each main idea listed, write down at least one question that the main idea will answer. Good questions should include words like " who", "where", "when", " why", and " what". |
|---|---|
| Main Idea 1:_____ ______________________________ | Question 1:_________________ |
| Main Idea 2:______ ______________________________ | Question 2:_________________ |
| Main Idea 3: ______ ______________________________ | Question 3:_________________ |

Clarifying: Copy down any words, phrases, or sentences in the passage that are unclear_________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________________________________________________________________
____________

Mas malalim na ba ang iyong kaalaman? Mas mapanatag na ba ang loob mo o kinakailangan pa ng mas mahaba-habang usapan? Gumawa ng lista. Ang isa ay ang iyong comfort zone (Mga kaisipan na ikaw ay komportable na at ang kabila ay ang Stretch (Mga kaisipan na nagangailangan pa ng pag uunat).

| Comfort Zone | Stretch |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

## GAWAIN 11. Ihambing Mo Nga?

Ngayong nabasa mo na ang iba't-ibang artikulo, ihambing ang iyong mga natuklasang mga sagot tungkol sa suliranin sa paggawa dulot ng globalisasyon.

Bigyang pansin ngayon ang iillustration sa ibaba. May pagkakapareho ba ang iyong mga kasagutan ayon sa chart sa ibaba?




Mula sa:
https://www.google.com.ph/search?biw=1008&bih=542&source=lnms&tbm

Unemployment- Kawalan ng mapapasukang trabaho
Underemployment- kakulanagn ng kinikita sa pinapasukang trabaho
Under-utilization- hindi angkop ang trabaho sa pinag-aralan o pagsasanay
Brain Drain- Pagka-ubos ng lakas paggawa sa isang bansa

Ating bigyang lalim ang ating kaalaman sa mga suliraning ito at ikaw ay maaaring pumunta sa silid-aklatan o di kaya ay mag research sa internet at hanapin ang mga dahilan ng pag usbong ng mga suliraning ito.
Gawin ang Chart sa ibaba.

| Suliranin sa Paggawa | Posibleng Dahilan |
|---|---|
| Unemployment | |
| Underemployment | |
| Under-Utilization | |
| Brain Drain | |

Dahil natukoy mo na ang mga dahilan ng suliranin sa paggawa, ano naman ang magiging dulot o epekto nito sa pamumuhay ng mga manggagawang at maging sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa?

Mas mainam kung makukuha mo ang totoong mga pangyayari o karanasan kung ikaw ay gagawa ng panayam sa isang OFW na kakilala.

Gumawa ng tatlong minutong panayam sa isang OFW. Ang panayam ay tatagal ng3 minuto at ang pag-uusapan ay naka sentro sa kanilang hinarap na suliranin sa trabaho, pagpapatupad ng batas sa paggawa, mga paglabag sa kanilang karapatan. Maaaring mgbigay ng paunang tanong na magkakalap ng pangunahing personal na impormasyon tungkol sa interviewee.

Ang iyong panayam ay maaaring gawan ng video at i-upload sa youtube o di kaya ay ilagay sa dashboard ng iyong guro, o sa social networking sites na merong access ang iyong kaklase.

Ating ipagpatuloy ang pag-aaral sa susunod na gawain.

## GAWAIN 12. Ano ang Koneksyon?

Gawin ang pag-aanalisa sa mga larawan, datos o piniling impormasyon.

Larawan A





https://www.google.com.ph/search?biw=1008&bih=542&source=lnms&tbm=isch&sa=X&ei=3SaEVKXKB4_I8AXW6oKgBg&ved=0CAYQ_AUoATgK&q=Dahilan%20ng%20pagkakaroon%20ng%20iba%27t-ibang%20suliranin%20sa%20paggawa%20dulot%20ng%20globalisasyon#tbm=isch&q=OFWs+&facrc=_&imgdii=_&imgrc=oyhxbL_yprnKDM%253A%3B6blMgu429wK9DM%3Bhttp%253A%252F%252Fassets.rappler.com%252F612F469A6EA84F6BAE882D2B94A4B421%252Fimg%252F4E4CA159C1124468BB11054B69FCF890%252Fofw-20140521-rappler.jpg%3Bhttp%253A%252F%252Fwww.rappler.com%252Fmove-ph%252Fispeak%252F58513-ofw-life%3B640%3B360

Ano ang epekto ng pangingibang bansa sa isang pamilya?

Ang larawang ito ay_____________________________________________

Larawan B



https://www.google.com.ph/search?biw=1008&bih=542&source=lnms&tbm=isch&

Ang epekto sa ekonomiya bilang taga-suplay ng lakas-paggawa
Ito ay nagsasaad na ________________________________________.


2. Alin sa sumusunod ang pangunahing dahilan ng pangingibang bansa o pag-migrate ng mga Pilipino?
    a. Makapag-aral sa mga tanyag na unibersidad sa ibang bansa
    b. Matuto ng makabagong kasanayan at kakayahan
    c. Makapaghanap buhay na may mataas na sahod
    d. Makapagbisita a makapaglibang sa mga makasaysayang pook

3. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng mga dahilan ng migrasyon?
    a. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng kawalan ng trabaho sa pamayanan.
    b. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng mas magandang oportunidad sa ibang bansa.
    c. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng pagkawasak ng pamilya.
    d. Ang pandarayuhan ay nangyayari sanhi ng digmaang sibil.

4. Mula sa larawan, ano ang positibong ipinapahiwatig nito sa ekonomiya ng bansa?




http://ts1.mm.bing.net/th?id=HN.607988097568476000&pid=15.1&H=117&W=160

    a. Maraming produktong banyaga ang nakararating sa iba't ibang sulok ng mundo.
    b. Maraming tao ang nakararating sa iba't ibang bansa.
    c. Maraming pamilya ang nawawalay sa isa't isa.
    d. Maraming klaseng polusyon ang nangyayari sa iba't ibang sulok ng mundo.

5. Suriin ang ang larawan na nasa ibaba. Paano nakaapekto ang globalisasyon sa lokal na kultura ng mga bansa lalo na sa mga bansang papaunlad pa lamang tulad ng Pilipinas?





http://www.filipinopro.com/main/wp-content/uploads/2013/07/brain-drain.jpg

A. Ang pandaigdigang migrasyon ay nakakapagdudulot ng brain drain sa mga bansang papaunlad pa lamang.
B. Ang pandaigdigang kalakalan ay nakakapagsusulong ng kamulatan sa ibat-ibanag kultura.
C. Ibat-ibang uri ng hanapbuhay ang napupunta sa mga bansang papaunlad pa lamang.
D. Ang mga katutubong kultura ay nanganganib na mawala dahil sa pag-iisa ng kultura ng mga bansa sa daigdig na bunga ng globalisasyon.

6. Isang epekto ng globalisasyon sa ekonomiya ay ang restriksiyon sa pandaigdigang kalakalan gaya ng pagsasali sa proteksyonismo na nagbibigay ng masamang epekto sa mga bansang sumasang- ayon sa ganitong polisiya.


Pag-aralan ang datos sa ibaba at sagutin ang tanong.



Aling rehiyon ang nakaranas ng 60% ng GDP noong 1970, umakyat subalit lumagpak sa 40%  noong 1985?

A. Developing Asia
B. Middle East and North Africa
C. CEE & CIS
D. Advanced Economies

7. Isang epekto ng globalisasyon sa ating ekonomiya ay ang pagdating ng maraming kapitalista. Ano ang ipinahihiwatig ng caricature sa ibaba?




A. May dalawang uri ng kapitalista
B. Ang ating lipunan ay kapitalista
C. Ang mga kapitalista ang nagmamay-ari ng lupa, makina at pera
D. Milyun-milyong Pilipino ang manggagawa sa ilalim ng iilang kapitalista


8. Marami sa mga pamilya ng OFWs ay nakakaranas ng pangungulila sa kanilang kaanak na humahantong sa pagkawasak nito. Paano kaya sila matutulungan?

A. Makisimpatya sa kanila.
B. Magtayo ng isang samahan ng mga pamilya ng OFW upang gumabay sa kanila.
C. Bigyan sila ng load pantawag sa kanilang kaanak.
D. Bigyan sila ng sulat isa-isa.

**M**


9. Ang globalisasyon ay isang malaking hamon sa kaunlaran ng ating bansa. Tignan ang mga datos sa ibaba. Suriin ang mga datos sa ibaba. Paano kaya makakasabay ang Pilipinas sa mga hamon ng globalisasyon? Alin sa mga sumusunod na pamamaraan ang higit na makakatulong sa Pilipinas upang makasabay sa mga hamon ng globalisasyon?

DATOS 1:




http://image.slidesharecdn.com/pnfsplandgrabbing-140605033040-phpapp01/95/public-participatory-process-in-response-to-landgrabbing-cases-the-philippine-context-4-638.jpg?cb=1401957156

DATOS 2:



Major Agricultural Crops in the Philippines (NSCB data)

| Crops | Hectares (Million) of Agricultural Lands |
|---|---|
| 1. Coconut | 3,066,700 |
| 2. Rice | 3,651,015 |
| 3. Corn | 3,005,800 |
| 4. Sugarcane | 395,700 |
| 5. Mango | 58,000 |
| 6. Other Crops | 2,910,877 |

http://image.slidesharecdn.com/pnfsplandgrabbing-140605033040-phpapp01/95/public-participatory-process-in-response-to-landgrabbing-cases-the-philippine-context-4-638.jpg?cb=1401957156

DATOS 3:



http://farm9.staticflickr.com/8027/7180169348_8ce805ceb4.jpg

A. Kailangang pasimulan ang rebelyon sa imperyalistang globalisasyon at mga dikta ng IMF-WB/WTO dahil sa kapag nanatili sunud-sunuran, lulubog at lulubog din sa krisis ang bansa.
B. Kailangan ng patakaran sa industriyalisasyon ng ekonomiya upang mabawasan ang brain drain ng mga Pilipino at magkaroon modernisasyon ng agrikultura upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga Pilipino at makapagluwas ito ng mga kalakal sa ibang bansa.
C. Pigilan ang pagpasok ng mga dayuhan sa Pilipinas upang walang maging kaagawang mga Pilipino sa mga oportunidad sa ating bansa.
D. Kailangang isulong ang patriotismo at nasyonalismo ng mga Pilipino upang mapigilan ang brain drain ng mga Pilipino.

10. Pag-aralan ang mga siniping bahagi ng mga artikulo tungkol sa Globalisasyon.

Unang Artikulo




**Noon ang SABI NG GOBYERNO....**
ang Pilipinas ay kikilalanin bilang bagong tigre sa ekonomiya sa Timog Silangang Asya. Mula sa dati ay mahirap at naghihingalo ay tatanghalin tayo bilang bansang may pinakamabilis na *ratio* ng pag-unlad at kakain sa atin ng alikabok ang mga kalapit- bansa sa nakakabulag na bilis ng ating pananagana. Magkakandarapa kasi ang mga dayuhang korporasyon sa pag-uunahang makapag-negosyo sa ating bayan. Paano ba naman eh dito sa atin matatagpuan ang pinakamasarap na **putahe** sa pagni-negosyo : murang lakas-paggawa, mababait at hindi reklamador na mga trabahador **(it's more fun in the Philippines baby!).** Wag mag-aalala ang mga kapitalista; **protektodo** kayo ng gobyerno laban sa mga magri-reklamo...may mga batas kaya na magtitiyak na hindi mabibitin si **foreign investor** sa kanyang panggagahasa sa yaman ng bansa. Nariyan ang privatization, deregulation, liberalization at kung ano-ano pang syon para wala talagang istorbo sa malayang kalakalan at negosyo. Welcome to the free trade, welcome Globalization, welcome to the World Trade Organization (WTO)!
(http://bmpncrr.blogspot.com/2012_03_01_archive.html)

**Ikalawang Artikulo**

**Pinangangambahan ang Mas Nagkakabaha-bahaging Daigdig**

Marahil ang pinakamalaking ikinababahala tungkol sa globalisasyon ay ang ginawa nitong pagpapalawak sa agwat ng mayayaman at mahihirap. Bagaman ang kayamanan sa daigdig ay walang-alinlangang dumami, natipon naman ito sa iilang tao lamang at sa iilang bansa. Ang neto na halaga ng mga ari-arian ng 200 pinakamayayamang tao sa lupa ngayon ay nakahihigit nang 40 porsiyento kaysa sa pinagsama-samang kita ng mga taong nabubuhay sa planeta—humigit-kumulang 2.4 bilyon katao. At habang patuloy na tumataas ang mga kita sa mayayamang bansa, nasaksihan mismo ng 80 naghihikahos na mga bansa ang *pagbaba* ng katamtamang kita sa nakalipas na sampung taon.

Ang isa pang pangunahing ikinababahala ay ang kapaligiran. Ang globalisasyon sa ekonomiya ay pinasigla ng mga impluwensiya ng pamilihan na mas interesado sa kita kaysa sa pangangalaga sa planeta. Ipinaliwanag ni Agus Purnomo, pinuno ng World Wide Fund for Nature sa Indonesia, ang hinggil sa problema: "Tayo'y patuloy na nagkukumahog sa pagsulong. . . . Nag-aalala ako na sa loob ng isang dekada, tayong lahat ay magiging palaisip sa kapaligiran, subalit wala nang matitira pa para pangalagaan."

Ikinababalisa rin ng mga tao ang tungkol sa kanilang mga trabaho. Kapuwa ang mga trabaho at kinikita ay lalong nagiging di-tiyak, yamang ginigipit ng pagsasama-sama ng mga kompanya sa daigdig at matinding kompetisyon ang mga kompanya na gawing mas simple ang kanilang mga palakad. Ang pag-upa at pagsisante ng mga manggagawa ayon sa kasalukuyang pangangailangan sa pamilihan ay waring makatuwiran para sa isang kompanya na nababahala sa paglaki ng kita nito, subalit nagdudulot ito ng labis na kaligaligan sa buhay ng mga tao.

Ang globalisasyon sa internasyonal na pangangapital at dayuhang pautang ay nagharap ng isa pang salik para sa kawalang-katatagan. Maaaring magpautang sa papaunlad na mga bansa ang mga pandaigdigang namumuhunan subalit sa dakong huli ay biglang kukunin ang kanilang salapi kapag lumalala ang situwasyon sa ekonomiya. Ang gayong malakihang paglalabas ng salapi ay makapagpapabulusok sa maraming bansa sa krisis sa ekonomiya. Ang krisis sa pananalapi sa Silangang Asia noong 1998 ang nagpangyari na mawalan ng trabaho ang 13 milyong tao. Sa Indonesia, nabatid mismo ng mga manggagawang hindi natanggal sa trabaho na nabawasan nang kalahati ang halaga ng kanilang kinikita.

Kung gayon, mauunawaan na ang globalisasyon ay naghaharap ng mga pangamba at gayundin ng mga pag-asa. May dahilan ka ba para pangambahan ang globalisasyon? O inaasahan mo bang mas mapauunlad nito ang iyong buhay? Nabigyan ba tayo ng dahilan para maging optimistiko hinggil sa hinaharap dahil sa globalisasyon? Sasagutin ng ating susunod na artikulo ang mga katanungang iyan. (http://wol.jw.org/en/wol/d/r27/lp-tg/102002361)

**Ikatlong Artikulo**
**Globalisasyon at pagtaas ng pamasahe**

Light Rail Transit/Metro Rail Transit (LRT/MRT) at taksi ngayon; dyip, traysikel at bus naman bukas. Aba, baka pati mga nagpapatakbo ng kuliglig,de-padyak at karitela, makisali na sa napipintong pagtaas ng pamasahe.

Ito ang mga pagkakataong umiinit na lang ang ulo ng mga tao at itinaaas ang kamay sa pagsuko. Alam ko na ang nasa isip mo: “Hay naku, bakit ba nagpapatuloy ang sitwasyong ito? Bakit nangyayari ito sa panahon ng daang matuwid ni Pangulong Noynoy Aquino?”

Seryoso ang iyong diskurso, pero paminsan-minsa’y nadaraan pa rin sa biro ang problema: Kailan kaya maiisipan ng gobyernong magpataw ng buwis sa paglalakad sa bangketa? Maniningil na rin kaya ang gobyerno sa mga tao habang sila’y naghihintay ng masasakyang dyip, bus o taksi sa kalsada? Aba, baka pati pagpila sa istasyon ng LRT/MRT ay pagkakakitaan na rin nila!

Siyempre, imposible naman yatang magkatotoo ang mga birong ito, bagama’t hindi rin natin alam kung ano ang mangyayari bukas. Baka sa paggising sa umaga, biglang bumalaga sa atin ang mapait na katotohanan: Ang biro noon ay polisiya na ngayon!

Sa mga pagkakataong ito, iiling ka na lang ba’t hahayaang mabutas ang bulsa? Tatanggapin mo na lang ba ang pagtataas ng pamasahe bilang bahagi ng ating kaawa-awang buhay sa isang naghihirap na bansa?

Kung paniniwalaan kasi ang pamahalaan, hindi maiiwasan ang pagtaas ng pamasahe. Una, tumaas ang singil sa *toll* ng mga pangunahing *expressway*. Ikalawa, patuloy ang pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo sa pandaigdigang pamilihan. Ikatlo, kailangang gumastos ng mga nangangasiwa sa LRT at MRT para mapaganda ang serbisyo sa tinatayang 500,000 pasahero ng mga ito araw-araw. Alam nating lahat na ang mga salik na ito’y may direktang epekto sa singil sa pamasahe.

Hindi ko po ikinakaila ang realidad ng mga ito. Ang hindi lang katanggap-tanggap sa akin ay ang "ginagawa" ng mga nasa kapangyarihan sa gitna ng pagtaas ng pamasahe. Tila ang estratehiya lang nila ay kumbinsihin ang taumbayang tanggapin ang sitwasyong ito dahil sa mga kondisyong labas sa kontrol ninuman. Pangunahing argumento kasi ng gobyerno ang pagtaas ng krudo at mga produktong petrolyo sa pandaigdigang pamilihan, pati na ang desisyon ng mga korporasyong may kinalaman sa mga *expressway* at LRT/MRT na sa tingin nila ay may "*business sense*" naman.

Sa aking palagay, mayroon tayong pundamental na problema sa kasalukuyang pamahalaan: Tulad ng edukasyon at iba pang batayang serbisyo, tinitingnan ang pampublikong transportasyon bilang negosyo. Nagiging katanggap-tanggap tuloy para sa mga nasa kapangyarihan na ang pamasahe sa LRT/MRT ay ayon sa itinakdang halagang dapat na may kita (*profit*). Sa konteksto ng pamasahe sa bus, dyip, taksi, traysikel at iba pang moda ng transportasyon, hindi na nagiging mapanlikha ang mga nasa kapangyarihan para siguraduhing hindi lalong mahihirapan ang mga kakarampot ang kita para makarating sa pupuntahan nila. Kahit na sabihing may regulasyon sa pamasahe ng dyip, taksi at ilang linya ng bus (*deregulated* na po kasi ang pamasahe sa *provincial bus lines* noon pang dekada 90), ang pagtaas ay nangyayari pa rin dahil sa deregulasyon sa *downstream oil industry*.

Sa kontekstong ito, ang pang-matagalang solusyon sa pagtaas ng pamasahe ay hindi pagtitipid o paglalakad, o anumang kagyat na hakbang tulad ng pagbibisikleta o pag-oorganisa ng *car pool* sa eskuwelahan o opisina. Bagama't nakakatulong ang mga ito, hindi pa rin natutugunan ang mga kontrobersiyal na polisiyang ugat ng ating problema.

At ang mga polisiyang ito'y naaayon sa globalistang tunguhin, lalo na sa usapin ng deregulasyon at pribatisasyon.

Gaya ng nabanggit kanina, ang deregulasyon sa *downstream oil industry* ay may direktang epekto sa pamasahe, kaya nararapat lang na malalimang pag-aralan ang alternatibo dito, ang pagsasabansa ng industriya ng langis. Bago pa man ang pagpapatupad ng unang Downstream Oil Industry Deregulation Act noong kalagitnaan ng dekada 90, marami nang pag-aaral na isinagawa tungkol sa *nationalization*. Hindi po ito walang-lamang retorika dahil may mga partikular na panukala't hakbang tungkol dito tulad ng pagkokontrol sa presyo at pagtatanggal ng buwis sa mga produktong petrolyo, pati na ang pagkakaroon ng *buffer fund* para masiguradong hindi tayo apektado ng mga hindi-inaasahang pangyayari sa pandaigdigang pamilihan.

Tungkol naman sa pribatisasyon, hindi dapat ibigay sa kamay ng pribadong negosyo ang pangangasiwa sa LRT/MRT at *expressways*. Parati't parating may dahilan ang mga negosyante para itaas ang mga presyo ng kanilang produkto't serbisyo, at higit na mas marami ang kanilang argumento kung bakit hindi maaaring ibaba ang mga ito. Hindi natin maaasahan sa mga negosyanteng isipin ang kabutihan ng nakararami sa pagtatakda ng kanilang sisingilin

Sa huling pagsusuri, may kagyat na pangangailangang tutulan natin ang pagtataas ng pamasahe. Pero may pangmatagalang hamon para patuloy na tuligsain ang mga polisiyang patuloy na nagpapahirap sa atin, tulad ng konsumisyong mas kilala sa salitang globalisasyon.

- See more at: http://pinoyweekly.org/new/2011/01/globalisasyon-at-pagtaas-ng-pamasahe/#sthash.YZDa1qnI.dpuf
( http://pinoyweekly.org/new/2011/01/globalisasyon-at-pagtaas-ng-pamasahe/)

Mula sa tatlong artikulong iyong nabasa,mahihinuha mo na ang globalisasyon ay:

A. Katanggap-tanggap sa karamihan bilang polisiyang pang-ekonomiya ang globalisasyon.
B. Maraming Pilipino ang naging biktima ng mga elemento ng globalisasyon.
C. Masama ang epekto ang dulot ng globalisasyon sa ekonomiya ng isang bansa lalo na sa mga manggagawa.
D. Kailangan ng pamahalaan na gumawa ng mga pamaraanan upang di masyadong maramdaman ang masamang epekto ng globalisasyon sa karaniwang mamamayan

11. Ang transnational crime ay isang seryosong krimen na isinasagawa ng ng isang organisadong grupong kriminal na may layuning magkamal ng

Larawan 1:




https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.608048755394086737&pid=15.1&P=0

Larawan 2:




https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.607986559969263639&pid=15.1&P=0

Larawan 3:




https://sp.yimg.com/ib/th?id=HN.608051396799430892&pid=15.1&P=0

Alin sa mga sumusunod na hakbang ang pinakamainam na solusyon upang malutas ang o maiwasan ang transnational crimes ng mga bansa sa buong mundo?

A. Gumawa ng sariling polisya sa migrasyon upang maiwasan ang terorismo.
B. Maglaan ng pondo pansuporta sa mga nagsusulong ng taransnational crimes.
C. Makipagpalitan ng kaalaman at intelligence report sa ibang bansa upang maisulong ang seguridad ng rehiyon.
D. Isara ang bansa sa mga dayuhan upang masigurong walang terorista.


12. Ang globalisasyon ay nagdala ng mahalagang pagbabago sa mundo. Suriin ang mga datos sa ibaba. Bakit naging mahalaga ang pagbabagong dala ng globalisasyon?

DATOS 1:




http://theafricanamericanclarioncall.com/wp-content/uploads/2011/07/image_thumb2.png

DATOS 2




https://asteriaforberry.files.wordpress.com/2011/10/thewordisflat2.gif

DATOS 3:

https://www.youtube.com/watch?v=vtcHF0XTzCM

Ito ay bidyo na nagpapakita ng mga implikasyon ng globalisasyon

A. Nalulugi ang mga tradisyunal na negosyo ng mga katutubo.
B. Mataas ang taripa ng mga produktong kinakalakal sa ibang bansa.
C. Naging malaya ang pagdaloy ng capital, salapi, kalakal at kultura mula at papunta sa ibat-ibang destinasyon.
D. Nahikayat na isara ng mga mahihirap na bansa ang kanilang negosyo sa mga dayuhan.

13. Malimit hindi nababanggit ang epekto ng migrasyon paggawa sa tatanggap o nagpapadala ng lakas paggawa. Alin sa mga pahayag na ito ang nagsasaad na nakakabenepisyo ang papapadala at pagtanggap ng migranteng manggagawa?
    A. Ito ay isang one-way flow na pabor sa bansang nagpapadala.
    B. Ang migranteng manggagawa ay isang asset sa nagpapadala at tumatanggap na bansa kahit saan man sa mundo.
    C. Ang mga migranteng manggaggawa ay pasanin ng tumatanggap na bansa.
    D. Napeperahan ng mga bansa ang kanilang ipinapadalang migranteng manggagawa

14. Marami ang naniniwala na ang globalisasyon ay nakabatay sa pang-aabuso. Totoo ba ito?
    A. Oo, dahil marami ang nag-iisip na nag isang taong namumuhunan o nagnenegosyo ay umuunlad sanhi ng kanyang pang-aapi.
    B. Oo, dahil ang paraan lamang na yumaman ka ay ang pagkuha ng pagmamay-ari ng iba.
    C. Hindi, dahil napakalawak ng pagkakataong binibigay at nakukuha sa kalakalan na kung saan ang parehong partido (mamumuhunan at manggagawa) ay nakikinabang.

D. Siguro, dahil marami ngayon ang naabusong manggagawa mula sa ibang bansa.

**T**

15. Ayon sa POEA (Philippine Overseas Employment Administration) ngayon ay tinatayang 2,000 araw araw ang mga Pilipino na umaalis ng bansa sa pamamagitan ng ang 1600 opisyal na ahensiya sa emigration, at bawat taon ay umaabot ng 1.3 milyong Pilipino ang nagtutungo ng ibang bansa. Ano ang maaaring hakbang ng pamahalaan upang matulungan ang mga manggagawang Pilipino?
    A. Gumawa ng mga polisiyang proprotekta sa mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat.
    B. Tanggapin nang malugod ang mga donasyong ibinibigay ng mga OFW at OCW sa mga nasalanta ng kalamidad.
    C. Maging mahigpit sa mga remittances ng mga Pilipino.
    D. Hayaan silang pagmalupitan at makulong sa ibang bansa.

16. Pinanganagambahan ng mga lider at mga mamamayan ng ibat ibang bansa ang dumarami at lumalalang kaso ng transnational crimes tulad ng terorismo. Isa sa mga sinusulong ng Kongreso ay ang paggawa ng polisiya. Bilang isang mambabatas, paano mo tatayain ang isang epektibong polisiya?
    A. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, pagkamalikhain, organisasyon at kaangkupan.
    B. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, sistematikong pamamaraan at impak sa manonood.
    C. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, organisasyon at datos o estadistika.
    D. Ang polisiya ay tatayain ayon sa nilalaman, organisasyon, kaangkupan at sistematikong pamamaraan.

17. Magkakaroon ng pagtitipong rehiyonal ng mga kinatawan ng labor parties sa NCR. Layon ng pagtitipon ng grupong ito ang maipamulat sa mamamayan ang makatotohanang kondisyon ng mga lakas paggawa lalo na ang epekto nito dulot ng globalisasyon. Alin sa mga sumusunod na pamamaraan ang makakapagbigay ng malalim at malawak ng pag-unawa sa kondisyon ng lakas paggawa ng Pilipinas?
    a. Pagsagawa ng sarbey
    b. Pag organisa ng kilos protesta
    c. Paghain ng panukala o bill
    d. Paggawa ng Case Study

18. Dahil globalisasyon, marami ang nagiging kakompetensiya ng mga karaniwang kalakal ng mga maliliit na negosyante. Bilang economic adviser ng Pangulo, ano ang maimumungkahi para matulungan sila?
    a. Hayaan silang magbenta kahit saan nila gusto.
    b. Huwag silang magbayad ng buwis upang lumaki ang kita sa negosyo.
    c. Gumawa ng programang maglalaan ng karagdagang pondo upang makipagsabayan sa mga dayuhan.
    d. Gumawa ng anunsiyo na hayaan na lamang magnegosyo ang mga dayuhan sa kanilang lugar.

19. May okasyon ng pagsasama-sama ng mga ahensya na tumutugon sa mga problema sa lakas paggawa. Inimbitahan kang maging kritiko sa isang paligsahan sa pinaka-tumpak na Labor Developmental Plan ng mga presenters. Paano mo susukatin ang isang matalino at matatag na developmental plan?
    a. Dami ng pamamaraan ng paglutas
    b. Dami ng mgga kasangkot na ahensya at sangay ng pamahalaan
    c. Kaangkupan, nilalaman at organisasyon nito
    d. Kakapalan, kagandahan at presentasyon nito

20. Ang ating bansa ay mayaman sa mga agrikultural na produkto. Ang ating pangulo ay nagnanais na paigtingin ang agrikultura ng ating bansa upang makasabay ang ating bansa sa mga hamon ng globalisasyon. Ikaw ay isang kawani ng Department of Agrarian Reform, ano ang maari mong maimungkahi sa pangulo na siyang makakatulong sa pagpapaunlad ng ating agrikultura?
    A. Pag-aralin ang mga magsasaka upang lumawak ang kanilang kaalaman sa pagsasaka.
    B. Magkaroon ng pangmatagalang programa para sa magsasaka na nagbibigay sa kanila ng pondo upang makabili ng sapat na pataba, butil at makabagong teknolohiya upang maparami ang kanilang ani.
    C. Mamahagi ng lupa sa mga magsasaka upang lumaki ang kita nila.
    D. Bigyan pa ng iba pang hanapbuhay ang mga masasaka upang magkaroon sila ng sapat na kita para sa kanilang kabuhayan.

## PAGTUKLAS

Halos lahat ng bansa sa mundo ay apektado ng globalisasyon. Marami ang mga taong umaalis at dumarating sa isang lugar na may iba't ibang dahilan. Sa bahaging ito ay tutuklasin mo iyong kaalaman sa migrasyon dulot ng globalisasyon.

### GAWAIN 1. Napanood mo ba ito?

PANUTO: I- klik ang website sa ibaba at suriing mabuti ang video ukol sa terorismo sa Estados Unidos. Pagkatapos mapanood ay sagutin ang Reflective Journal sa ibaba:
http://www.history.com/topics/9-11-attacks video sa 9-11 Attack sa Estados Unidos

**REFLECTIVE JOURNAL**

| Anong nakita mo? | Anong naramdaman mo? | Bakit ito isang problema? |
|---|---|---|
| | | |

MGA PAMPROSESONG TANONG:
1. Anong nakita mo?
2. Saan ito nangyari?
3. Sino-sino ang mga sangkot sa pangyayari?
4. Bakit at paano ito nangyari?
5. Bakit ito naging isyu o problema?
6. Bakit magkaugnay ang terorismo sa globalisasyon at migrasyon? Ipaliwanag.

## GAWAIN 2. KWL Chart

PANUTO: Ngayon naman ay ating alamin ang iyong nalalaman sa paksa na ating tatalakayin sa pamamagitan ng pagsagot sa KWL Chart. Punan mo ang K at W na bahagi ng chart at pagkatapos ay pindutin ang submit button.

| **Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?** | | |
|---|---|---|
| **K**now<br>(Alam Ko) | **W**ant<br>(Nais Kong Malaman) | **L**earn<br>(Natutunan Ko) |
| | | |

MGA PAMPROSESONG TANONG:

1. Ano ang globalisasyon?
2. Anong alam mo ukol sa migrasyon?
3. Ano ang kaugnayan ng globalisasyon at migrasyon?
4. Anong nais mong malaman ukol sa migrasyon?
5. Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?

**Katapusang Bahagi ng Pagtuklas:**

Natukoy mo na ang iyong panimulang nalalaman sa globalisasyon at ang kaugnayan nito sa migrasyon. Gayundin ang isyung kinakaharap ngayon ng buong mundo na terorismo na siyang pinagtutuunang pansin dulot ng pandarayuhan. Sa iyong pagpapatuloy ay iyong malalaman kung tama ang iyong mga nalalaman at ideya sa iba sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga susunod na mga gawain. Ito ang iyong pagkakataon upang maikumpara ang iyong mga kasagutan. Magpatuloy ka!

## PAGLINANG/ PAGPAPATIBAY

Ang layunin mo sa bahaging ito ay malinang ang iyong kaalaman sa mga konsepto ng migrasyon pati na ang mga epekto nito sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay ng tao at higit sa lahat ay ang epekto nito sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa. Iyo ding lilinangin kung paano nangyayari ang migrasyon kasabay ng mga pagtataguyod ng bawat bansa sa bentaheng nakukuha sa migrasyon dulot ng globalisasyon.

### GAWAIN 3. Frayer's Model

PANUTO: I-click ang sumusunod na website, isulat ang mga mahahalagang ideya at salita kaugnay sa mga konsepto ng migrasyon gamit ang www.evernote.com. Pagkatapos mabasa at masuri ang mga impormasyong nakasaad, punan ang Frayers Model.

a. http://dictionary.reference.com/browse/migration?s=t kahulugan ng migrasyon
b. http://cgge.aag.org/Migration1e/ConceptualFramework_Jan10/ConceptualFramework_Jan10_print.html framework of migration
c. http://weareoneamerica.org/root-causes-migration-fact-sheet fact sheet ukol sa migrasyon

| KAHULUGAN | MGA KATANGIAN |
|---|---|
| HALIMBAWA | MGA HINDI HALIMBAWA |

MIGRASYON

MGA PAMPROSESONG TANONG:

1. Ano ang kahulugan ng migrasyon?
2. Ano- ano ang mga katangian ng migrasyon?
3. Ano-ano ang mga uri ng migrasyon? Magbigay ng halimbawa nito.
4. Bakit umaalis at dumarating ang mga tao sa isang lugar?
5. Paano nakakaapekto ang globalisasyon sa migrasyon? Ipaliwanag.
6. Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?

## GAWAIN 4. Teksto-suri (POW +Tree)

PANUTO: Basahin at unawain ang mga epekto ng migrasyon sa iba't ibang aspeto. I-click ang mga link na:

a. http://www.migrationpolicy.org/article/migration-factor-development-and-poverty-reduction artikulo ukol sa "Migration as a Factor in Development and Poverty Reduction"
b. http://www.un.org/esa/population/migration/turin/Symposium_Turin_files/P11_Katseli. pdf ukol sa epektong panlipunan ng migrasyon
c. http://www.oecd.org/dev/38528396. pdf of economic and social effects of migration
d. https://ph.video.search.yahoo.com/video/play?p=video+on+human+migration&vid=db622b73b333a9924125ffa37c6b01ff&l=5%3A17&turl=http%3A%2F%2Fts3.mm.bing.net%2Fth%3Fid%3DVN.608029750049243294%26pid%3D15.1&rurl=http%3A%2F%2Fwww.youtube.com%2Fwatch%3Fv%3DWXQd21to6xg&tit=Human+Migration%3A+Push+and+Pull+Factors&c=2&sigr=11ae065ua&sigt=1167o8kqq&ct=p&age=0&fr=yfp-t-711&tt=b video ukol sa sanhi at epekto ng migrasyon
e. http://www.powershow.com/view/4a44-MGZhY/Causes_and_Consequences_of_Migration_powerpoint_ppt_presentation powerpoint ukol sa Causes and Consequences of Migration

**Pangunahing Ideya:**

**Mabuting Epekto ng Migrasyon sa:**

| Lipunan | Politika | Kabuhayan |
|---|---|---|
| | | |

**Hindi Mabuting Epekto ng Migrasyon sa:**

| Lipunan | Politika | Kabuhayan |
|---|---|---|
| | | |

**Opinyon:**

MGA PAMPROSESONG TANONG:

1. Ano-ano ang mga mabuting epekto ng migrasyon lipunan, politika at kabuhayan?
2. Ano-ano ang mga masamang epekto ng migrasyon sa lipunan, politika at kabuhayan?
3. Paano nangyayari ang mga sumusunod?
   a. mabuting epekto
   b. masamang epekto
4. Kung gayon, ano ang pananaw mo sa migrasyon? Ipaliwanag.
5. Paano ito makatutulong sa pag-unlad ng bansa?

Nagkaroon ka ng ilang mga ideya o impormasyon ukol sa kahulugan ng migrasyon, katangian nito lalong-lalo na ang mga epekto nito sa politika, ekonomiya at lipunan na magbibigay ng linaw sa ugnayan nito sa globalisasyon a nagtutulak sa tao na umaalis at dumating sa isang lugar.

## GAWAIN 5. Reciprocal Teaching

PANUTO: Ngayong alam mo na ang mga epekto ng migrasyon, alamin natin ngayon ang kung saan nagmumula ang mga mandarayuhan. Gawin ang hiningi ng mga sumusunod na gawain.

1. Ano ang alam mo sa migrasyon? Punan ang unang kahon ng graphic organizer na may pinamagatang "Tao Saan ka Nagmumula at Patutungo"
2. Sa bahaging ito ng modyul ikaw ay maaatasang bumuo ng konklusyon tungkol sa daloy ng migrasyon matapos mong mabasa at masuri ang tungkol sa epekto ng migrasyon. Subukan mo munang punan ang kahon ng "HINUHA" sa graphic organizer na nasa ibaba tungkol sa pinagmulan at patutunguhan ng tao, bago mo basahin at suriin ang mga artikulo at interactive map ukol dito.
3. Iyong basahin at masuri ang nilalaman ng mga URL link na :
    a. http://www.un.org/en/development/desa/population/theme/international-migration/index.shtml article on International Migration
    b. https://sp3.yimg.com/ib/th?id=HN.607994338035698519&pid=15.1&H=124&W=160&P=0 naglalaman ng mga interactive map sa daloy ng migrasyon
4. Habang binabasa mo ang mga artikulong ito at sinusuri ang mga mapa, bumuo ng mga katanungan na nagsisimula sa salitang Ano, Ano-ano, Bakit at Paano sa kolum na "MGA TANONG".
5. Matapos mong mabasa ang artikulo at masuri ang mapa, isulat mo ang mga bagay na hindi mo lubusang naiintindihan tungkol sa migrasyon. Isulat mo ang mga ito sa bahaging "PAGLILINAW" ng graphic organizer. Matapos mo itong maisulat, gamit ang discussion board, makipagtalakayan sa iyong mga kamag-aral tungkol sa mga paksang hindi mo naiintindihan. I-screen shot ang inyong talakayan ng iyong mga kamag-aral tungkol sa paksa.
6. Matapos makipagtalakayan sa iyong mga kamag-aral, punan ang kahon ng "BUOD" sa graphic organizer.

<table>
<tr><td colspan="2">Ang Alam ko sa pinagmumulan at pinupuntahan ng mga mandarayuhan ay….</td></tr>
<tr><td>"HINUHA"<br>Sa tingin ko ang aking mga matutuhan sa paksang migrasyon ay ang:</td><td>"MGA TANONG"</td></tr>
<tr><td>'PAGLILINAW"<br>Mga Bagay na Hindi Ko Naiintindihan:</td><td>"BUOD"</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3. | |

MGA PAMPROSESONG TANONG

1. Saang bansa nagmumula ang mga nandarayuhan? Bakit?
2. Saang bansa naman sila patungo? Bakit?
3. Ano ang epekto ng pagpunta sa isang lugar? Ipaliwanag.
4. Sa iyong palagay, paano naaapektuhan ang bansang kanilang iniwanan? Ipaliwanag.
5. Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?

Natuklasan mo ang pangkalahatang larawang ng migrasyon sa buong mundo,
ang mga bansa kung saan nagmumula at pumupunta ang mga mandarayuhan at kung
paano ito nakakaapekto sa ekonomiya ng mga bansa. Sa susunod na gawain ay
susuriin mo naman ang kalagayan ng migrasyon sa Pilipinas.

## GAWAIN 6. Pinoy Musta Ka Naman?

PANUTO: I-click ang mga website sa ibaba upang malinang ang iyong kaalaman sa dami ng Pilipino na nandarayuhan sa loob at labas ng bansa. Gamitin muli ang www.evernote.com upang itala ang mga mahahalagang impormasyon.

a. http://www.adbi.org/files/2013.01.23.cpp.sess1.5.capones.labor.migration.philippines.pdf pdf ukol sa labor migration sa Pilipinas
b. http://www.nscb.gov.ph/ncs/10thNCS/papers/contributed%20papers/cps-03/cps03-04.pdf naglalaman ng datos ng migrasyon sa Pilipinas
c. http://www.census.gov.ph/content/domestic-and-international-migrants-philippines-results-2010-census Domestic and International Migrants in the Philippines (Results from the 2010 Census)

MGA PAMPROSESONG TANONG:

1. Ano ang napansin mo sa mga mandarayuhan sa Pilipinas?
2. Saan marami ang umaalis sa loob at labas ng bansa? Gaano karami?
3. Bakit kailangang pag-aralan ang mga datos ng migrasyon sa Pilipinas? Ipaliwanag.
4. Bakit umaalis ang mga Pilipino sa loob at labas ng Pilipinas?
5. Paano nakatutulong ang mga Pilipino sa pagtatag at pag-unlad ng ekonomiya ng bansa? Ipaliwanag.

Pagkatapos mong masuri ang mga datos at impormasyon, gumawa ka ng isang poster na nagpapakita ng mabuti at masamang epekto ng migrasyon sa Pilipinas. Kunan ito ng larawan at ilagay ito sa dashboard ng modyul. Pag-usapan ito ng iyong mga kaklase upang makuha ang kanilang mga pananaw sa iyong poster.

Nakita mo kung gaano karami ang mga nandarayuhan sa Pilipinas. Ngayon naman ay tunghayan mo ang mga halimbawa o sitwasyong nagpapakita ng mga sanhi at epekto ng pandarayuhan sa ibang bansa at sa buong mundo. Susuriin mo rin ang ilang mga hakbang na ginagawa upang mapabuti ang kalagayan ng mga mandarayuhan.

## GAWAIN 7. Video-Suri

PANUTO: Ngayon ay i-click at suriin mo ang video sa ibaba upang malaman mo ang mga pangyayaring nagaganap sa mga mandarayuhan tulad ng mga kabataan at ang dahilan ng kanilang pandarayuhan pati na ang hakbang kung paano sila natutulungan.

a. https://www.youtube.com/watch?v=qUHZqWGTkjw youtube video in "Youth Migration and Development: Towards Sustainable Solutions" Hangout, 6 March 2013
b. https://www.youtube.com/watch?v=xg5JVK42xVk video sa Migration and Development: Melissa Siegel
c. https://www.youtube.com/watch?v=Ea73LOvbMdAm video na nagpapakita ng mabuti at masamang epekto ng globalisayon

Pagkatapos, sagutan ang mga pamprosesong tanong sa ibaba at pindutin ang submit button.

MGA PAMPROSESONG TANONG:

1. Anong nakita mo sa video?
2. Ano ang epekto ng pandarayuhan sa naiwang bansa? Ipaliwanag.
3. Ano ang epekto ng pandarayuhan sa pinuntahang bansa? Ipaliwanag.
4. Ano-ano ang mga maling pananaw sa pandarayuhan at sa globalisasyon? Ipaliwanag.
5. Bakit umaalis ang mga kabataan sa kanilang lugar?
6. Paano sila tinutulungan upang mapabuti ang kanilang mga kalagayan?
7. Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?

Mula sa gawaing iyong isinagawa ay nalinang ang iyong kaalaman sa ugnayan ng globalisasyon at migrasyon. Naliwanagan ka na ang globalisasyon ang nagtutulak sa tao upang umalis at pumunta sa isang lugar anuman ang kayang dahilan. Ito rin ang dahilan na sa pangkasalukuyan ay may mga isyung kinakaharap dahil sa migrasyon na kailangan ng agarang solusyon.

## GAWAIN 8. Subukan Mo Nga!

PANUTO: Mula sa mga impormasyong nakalap sa nakalipas na gawain, ngayon naman ay subukan mong punan ang Problem- Solution Outline na nagpapakita ng iyong pang-unawa at pananaw sa problemang kinasasangkutan ng mga kabataang nandarayuhan. Pangkatapos magawa ito ay ikumpara ang iyong sagot sa iyong mga kaklase at talakayin ito gamit ang dashboard ng modyul.

**Problem Definition**
Sino:
Ano:
Bakit:

↓

**Solusyong**
**Resulta**
**Ginamit**

↓

**Pinal na Resulta**

Pamprosesog Tanong:

1. Anong solusyon ang iyong naisip?
2. Bakit ito ang iyong naisip? Ipaliwanag.
3. Paano ito isasagawa at makatutulong sa mga nandarayuhan?

| |
|---|
| Nasubukan mo ng magbigay ng solusyon sa problema ng mga kabataan at ang maaaring maging resulta nito na maaaring makabuti o makasama sa kanila. Ngayon ay ipagatuloy mong linangin ang iyong kaalaman upang malaman mo kung epektibo ang iyong mga naibigay na solusyon. |

**GAWAIN 9.** **Teksto-Suri!**

PANUTO: Sa ngayon ay magsusuri ka ng isang artikulong tumatalakay sa epekto ng migrasyon sa isang OFW. Basahin ang artikulo sa ibaba at sundin ang mga panutong ibinigay upang mas maunawaan ang iyong binabasa.

1. Guhitan ng isang beses ang mga salita na hindi mahalaga sa iyong pang-unawa.
2. Guhitan ng dalawang beses ang mga impormasyong na naulit sa teksto.
3. Palitan ng isang salita ang mga salita na naglalarawan o tumutukoy sa isang ideya o salita. I-highlight ito ng kulay na pula.
4. Tukuyin at hanapin ang paksang pangungusap at kulayan ito ng berde. Kung hindi mo mahanap, gumawa ka ng sarili mong paksang pangungusap.

**Migrasyon sa gitna ng krisis pandaigdig**

by Ilang-Ilang D. Quijano

Apektado ng krisis pang-ekonomiya ang remittances na ipinapadala ng OFWs: bumababa ang kanilang sahod at ang halaga nito.

Natatandaan ni Garry Martinez ang pagputok ng Asian Financial Crisis noong 1997 bilang isang malagim na yugto ng kanyang buhay. Dahil sa paghina ng Korean Won kontra dolyar, ang sahod niya bilang factory worker sa South Korea na dating katumbas ng 1,500 USD (US Dollar) ay naging 600 USD na lamang.

Para hindi mabawasan ang pera na ipinapadala sa kanyang pamilya, sa kanyang libreng oras ay naghahanap siya ng dagdag na mapagkakakitaan. Imbes na magpahinga mula sa 12 oras na pagtatrabaho sa pabrika, nagkakargador siya sa lipat-bahay o tumutulong sa anihan ng pechay.

Sakripisyo ang katumbas ng krisis. Ito ang reyalidad para sa Overseas Filipino Workers (OFWs) noon, at lalong higit pa ngayon.

Pinaniniwalaang papasok o nasa recession na ang ekonomiya ng daigdig. Isang debt crisis o krisis sa utang ang tumampok sa Estados Unidos at mga bansang Europa. Lumobo ang utang ng mga nasabing bansa dahil sa ginastusang bailout ng malalaking korporasyon at bangko na bumagsak sa krisis pampinansiya noong 2008.

Tuluy-tuloy ang pagbagsak ng pandaigdigang ekonomiya. Maisisisi ito sa tinatawag na "krisis ng sobrang produksiyon" at pagkamal ng supertubo sa ilalim ng monopolyo kapitalismo. Resulta ng pinakahuling krisis sa utang at pinansiya ang ibayong kawalan ng trabaho at pagtitipid (austerity measures) sa mga bansang kapitalista.

Malaki ang epekto ng krisis para sa Pilipinas, na isa sa mga nangungunang bansa sa pag-e-eksport ng lakas-paggawa. Sa tuwing pagputok ng krisis, nakataya ang hanapbuhay ng milyun-milyong OFW, ang mga pamilyang umaasa sa kanila, at ang ekonomiya ng bansa na ang tanging kinakapitan ay ang ipinapadalang remittances ng mga migranteng manggagawa.

Patuloy ang paglaki ng deployment ng mga manggagawang Pilipino sa iba't ibang bansa. Noong nakaraang taon, umabot sa 1,470,826 na manggagawa ang nangibang-bansa o katumbas ng 4,000 na Pilipino araw-araw. Dahil lumalaki ang deployment, patuloy din ang paglaki ng remittances: umabot ito sa 18.76 Bilyon USD noong 2010.

Ngunit may bagong napupuna ang mga ekonomista. Tumataas man ang halaga ng remittances, lumiliit ang growth rate o antas ng paglago nito. Sa naunang mga dekada at maging sa mga taon bago ang 2008 na krisis pampinansiya, nasa double-digit ang growth rate ng remittances. Ngayon, nasa single-digit na lamang ito.

Bumagsak na rin ang share o bahagi ng OFW remittances sa Gross Domestic Product (GDP) ng bansa. Mula sa pagiging 10.4 porsiyento ng GDP noong 2006, ngayon ay nasa siyam na porsiyento na lamang ng GDP ang remittances.

Ayon mismo sa Asian Development Bank sa pag-aaral na The Global Crisis and the Impact of Remittances on Developing Asia, "May pagtumal sa antas ng paglago ng remittances sa buong rehiyon, na tatagal nang ilan pang taon." Dahil nakaasa sa remittances ang malaking bahagi ng ekonomiya, tinatayang magdudulot ito ng mas matumal na ekonomiya at paggasta.

Gayunpaman, nananatiling malaking bahagi ng GDP ang OFW remittances. Kaya naman lalong pinaiigting ng administrasyong Aquino ang pag-e-eksport ng lakas-paggawa — kahit pa nangangahulugan ito ng ibayong pagsasamantala sa mga manggagawang Pilipino.

Pinagkunan(excerpt): http://pinoyweekly.org/new/2011/10/migrasyon-sa-gitna-ng-krisis-pandaigdig/

Matapos mong magawa ang mga hindi mahahalagang detalye at mga salita, kunin mo ang mga MAHAHALAGANG DETALYE na natira at gumawa ka ng buod ng paksang nabasa mula sa sarili mong pangungusap. Isulat ito sa ibaba.

**BUOD NG PAKSA**

Nalaman mo na ang epekto ng globalisasyon sa mga mangagawang Plipino at kung paano nakatutulong ang mga pinapadalang remittances sa pag-unlad ng ekonomiya ng bansa. Gayunpaman ay naapektuhan din ang katayuan ng pamumuhay ng bawat pamilyang nandarayuhan.

## GAWAIN 10. Linawin Mo!

PANUTO: Gamit ang mga nabasa at napanood na mga impormasyon, linawin o tayain mo ang iyong pang-unawa sa nakalipas na mga gawain at kung paano mo ito malulutas sa pamamagitan ng pagsagot sa Cause-Effect-Solution Matrix.

| SANHI NG MIGRASYON | EPEKTO NG MIGRASYON | SOLUSYON |
|---|---|---|
| | | |

Konklusyon: (Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?)

Nataya mo na ang iyong kaalaman at iyong maaaring hakbang sa mga masamang epekto ng migrasyon. Sa susunod na gawain ay titignana mo naman ang iyong pangkalahtang pang-unawa sa paksa mula sa mga nakalipas na gawain.

**GAWAIN 11.** **Exit Cards**

PANUTO: Mula sa mga nakalipas na gawin, ikaw ay handa ng sagutin ang exit cards bilang pagpapakita ng iyong pang-unawa. Pindutin lamang ang kahon ng iyong narating.

- ❖ Sa ngayon ay natutunan ko ang_____________________________. Bukas ay kailanagan ko na ___________________________.

- ❖ Ang pinakunang ibabahagi ko sa aking magulang ay ___________________.

- ❖ Ang maaaring theme song ng ginawa natin ngayon ay ___________________.

- ❖ Ang pinakamahalaga kong natutunan ngayon ay ___________________ at ang halimbawa nito ay .

**Katapusang Bahagi ng Paglinang:**

Sa bahaging ito ay nalaman mo na ang mga mahahalagang kaisipan at pangyayari na nagtulak sa tao upang manadarayuhan mula sa iba't ibang lugar. Nalaman mo na ang kahulugan ng mga mahahalagang konsepto at salita na mababanggit na siyang tutulong sa iyo upang lalong maunawaan ang aralin. Nasubukan mo na ring mag-isip ng maaring hakbang ng mga isyu sa migrasyon. Naliwanagan ka na rin sa iyong mga agam-agam at alin ang tama sa mga konseptong una mong binanggit konsepto. Napagtanto mo na ba ang tamang sagot at ang paliwanag sa kaisipang ito? Ngayon na alam mo na ang mga pangunahing kaisipan tungkol sa aralin na ito, samahan mo akong palalimin pa ang iyong mga nalalaman tungkol sa mga isyu ng migrasyon dulot ng globalisasyon. Isa-isahin natin ang mga isyung ito at ang mga tiyak na solusyon upang malutas ang mga isyung ito tungo sa matatag at nakikipagsabayang ekonomiya.

Magpatuloy Tayo!

## PAGPAPALALIM

Ang layunin mo sa bahaging ito ay magkaroon ka ng kritikal at malalim na pagsusuri sa mga mahahalagang impormasyon ukol sa mga isyu sa migrasyon na magtutulak sa iyo upang tumugon at makipagtulungan upang makamit ang inaasam na maunlad at matatag na bansa sa likod ng mga hamon ng globalisasyon.

### GAWAIN 12. Gaano Karami?

PANUTO: Lalo nating palalimin ang iyong kaalaman. Suriin ang mga datos sa website sa ibaba upang lalong maunawaan kung gaano karami ang mga nandarayuhan sa iba't ibang bansa.

a. http://www.migrationpolicy.org/programs/data-hub/charts/international-migrant-population-country-origin-and-destination interactive website sa datos ng immigrant
b. http://www.iom.int/cms/en/sites/iom/home/about-migration/world-migration.html datos ng mga nandarayuhan
c. http://www.prb.org/Multimedia/Video/2014/global-migration-webinar.aspx video ukol sa global migration

Pagkatapos masuri ang mga impormasyon ay gawin ang mga sumusunod gamit ang CRA Technique.

**CONCRETE**
I-click at pumili ng limang bansa upang makita ang dami ng taong nandarayuhan dito. Ilista ang mga bansa na iyong napili at ilagay ang datos gamit ang www.evernote.com.

**REPRESENTATIONAL**
Gamit ang mga datos na iyong nakalap at nailista mula sa limang napili mong bansa, gumawa ka ng isang talahanayan na nagpapakita sa dami ng nandarayuhan sa naturang bansa at iba pang mahahalagang impormasyon.

| BANSA | POPULASYON | BILANG NG MANDARAYUHAN | GDP/CAPITA |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

**ABSTRACT**
Pagkatapos nito ay gumawa ka ng isang sanaysay na nagpapaliwanag sa daloy ng migrasyon mula sa ibat ibang bansa at ang epekto nito gamit ang datos na iyong nasuri at napag-aralan.

Sa nakalipas na gawain ay napalalim ang iyong pang-unawa kung paano naapektuhan ng pandarayuhan ang ekonomiya ng isang bansa. Nagkaroon ka rin ng pananaw kung anong bansa ang mayaman at mahirap batay sa mga datos na iyong inilista.

## GAWAIN 13. Alamin Mo!

PANUTO: Ngayon ay aalamin mo kung gaano din karami ang mga nandarayuhan sa inyong barangay at kung ano ang epekto nito. Magsagawa ka ng isang pakikipanayam sa mga sumusunod gamit ang mga sumusunod na tanong sa ibaba at kunan ng larawan ang bahay at kasangkapang naipundar ng pamilya:

a. Kapitan o Kalihim ng Barangay
b. Asawa ng OFW
c. Anak ng OFW
d. Kinatawan ng DSWD

MGA PAMPROSESONG TANONG:

1. Ilan ang kabuuang populasyon ng inyong barangay?
2. Ilan ang bilang ng mga nandarayuhan sa inyong barangay?Ilan ang dumarating kada taon?
3. Bakit sila umaalis o dumarating sa inyong barangay?
4. Paano naapektuhan ang mga sumusunod sa pag-alis ng kanilang kapamilya?
   a. Barangay
   b. Asawa ng OFW
   c. Anak ng OFW
5. Paano tumutugon ang barangay at ang DSWD sa mga problemang dulot ng pag-alis ng magulang nila?
6. Paano nakakamit ang isang matatag at nakikipagsabayang maunlad na bansa sa gitna ng mga isyu at hamon ng migrasyon na dulot ng globalisasyon?

